



# K R I T I K E

An Online Journal of Philosophy

Volume Twelve  
Number One

June 2018

ISSN 1908-7330

# K R I T I K E

An Online Journal of Philosophy

Volume 12, Number 1

June 2018

ISSN 1908-7330



**THE DEPARTMENT OF PHILOSOPHY**  
**University of Santo Tomas**  
**Philippine Commission on Higher Education**

---

## COPYRIGHTS

---



**All materials published by KRITIKE are licensed under a Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 International License**

**KRITIKE** supports the Open Access Movement. The copyright of an article published by the journal remains with its author. The author may republish his/her work upon the condition that KRITIKE is acknowledged as the original publisher.

**KRITIKE** and the Department of Philosophy of the University of Santo Tomas do not necessarily endorse the views expressed in the articles published.

© 2007-2018 KRITIKE: An Online Journal of Philosophy | ISSN 1908-7330 | OCLC 502390973 | [kritike.editor@gmail.com](mailto:kritike.editor@gmail.com)

---

## ABOUT THE COVER

---

*KRITIKE: An Online Journal of Philosophy*, 12:1 (June 2018)

Gerard Matthew R. Arcamo, *A Piece of History*, 2017. Photograph.

# About the Journal

---

**KRITIKE** is the official open access (OA) journal of the Department of Philosophy of the University of Santo Tomas (UST), Manila, Philippines. It is a Filipino peer-reviewed, interdisciplinary, and international journal of philosophy founded by a group of UST alumni. The journal seeks to publish articles and book reviews by local and international authors across the whole range of philosophical topics, but with special emphasis on the following subject strands:

- **Filipino Philosophy**
- **Oriental Thought and East-West Comparative Philosophy**
- **Continental European Philosophy**
- **Anglo-American Philosophy**

The journal primarily caters to works by professional philosophers and graduate students of philosophy, but welcomes contributions from other fields (literature, cultural studies, gender studies, political science, sociology, history, anthropology, economics, inter alia) with strong philosophical content.

The word "kritike" is Greek from the verb "krinein," which means to discern. Hence, kritike means the art of discerning or the art of critical analysis. Any form of philosophizing is, in one way or another, a "critique" of something. Being critical, therefore, is an attitude common to all philosophical traditions. Indeed, the meaning of philosophy is critique and to be philosophical is to be critical.

**KRITIKE** supports the **Open Access Movement** and is classified under the “**Platinum OA**” category, which means that articles published by the journal are fully accessible online without a subscription fee. Moreover, the journal does not levy charges against the authors for the publication of their works. Articles can either be read on site or downloaded as pdf files and old issues are archived for future retrieval.

**KRITIKE** is committed to meet the highest ethical standards in research and academic publication. The journal is guided by the principles set in its **Publication Ethics and Publication Malpractice Statement**.

**KRITIKE** is a **Philippine Commission on Higher Education (CHED) Journal Incentive Program Recognized Journal (Journal Challenge Category)** and is indexed and listed in the following:

[The Philosopher's Index](#)  
[Web of Science™ Core Collection \(ISI\)](#)  
[Scopus® \(Elsevier\)](#)  
[Humanities International Complete™ \(EBSCO\)](#)  
[Humanities International Index™ \(EBSCO\)](#)  
[International Directory of Philosophy](#)  
[Modern Language Association \(MLA\) Directory of Periodicals](#)  
[Directory of Open Access Journals](#)  
[PhilPapers: Philosophical Research Online](#)  
[Google Scholar](#)

**KRITIKE** is a biannual journal published in June and December of each year.

# Editorial Board

---

## Editor-in-Chief

Paolo A. Bolaños, *University of Santo Tomas*

## Managing Editors

Roland Theuas DS. Pada, *University of Santo Tomas*  
Ranier Carlo V. Abengaña, *University of Santo Tomas*

## Associate Editors

Fleurdeliz R. Altez-Albela, *University of Santo Tomas*  
Moses Aaron T. Angeles, *San Beda College*  
Marella Ada M. Bolaños, *University of Santo Tomas*  
Brian Lightbody, *Brock University*  
Peter Emmanuel A. Mara, *University of Santo Tomas*  
Melanie P. Mejia, *University of Santo Tomas*  
Dean Edward A. Mejos, *University of Asia & the Pacific*  
Mario Wenning, *University of Macau*

## Editorial Collaborative

Agustin Martin Rodriguez, *Ateneo de Manila University*  
Napoleon Mabaquiao, *De La Salle University*  
Jeffry Oca, *Silliman University*  
Renante Pilapil, *Ateneo de Davao University*  
Ryan Urbano, *University of San Carlos*

## Book Review Editors

Darlene Demandante, *University of Santo Tomas*  
Tracy Ann P. Llanera, *Macquarie University*  
Wendyl Luna, *University of New South Wales*  
Jonathan Villacorta, *University of Santo Tomas*

## Style and Copy Editors

Gian Carla D. Agbisit, *University of Santo Tomas*  
Venus Ae Kaiel P. Basa, *University of Santo Tomas*  
Julia D. De Castro, *University of Santo Tomas*  
Pia Patricia P. Tenedero, *University of Santo Tomas*

## International Advisory Board

Romualdo E. Abulad, *University of Santo Tomas*  
Karin Bauer, *McGill University*  
Roger Burggraeve, *Katholieke Universiteit Leuven*  
Alfredo P. Co, *University of Santo Tomas*  
William Franke, *Vanderbilt University*  
Leovino Ma. Garcia, *Ateneo de Manila University*  
Heinrich Geiger, *Katholischer Akademischer Ausländer-Dienst*  
Morny M. Joy, *University of Calgary*  
John F. X. Knasas, *University of St. Thomas – Houston*  
Megan Jane Laverty, *Columbia University*  
Zosimo E. Lee, *University of the Philippines - Diliman*  
Julius D. Mendoza, *University of the Philippines - Baguio*  
Hans-Georg Moeller, *University of Macau*  
Paul Patton, *University of New South Wales*  
Karl-Heinz Pohl, *Universität Trier*  
Peter L P Simpson, *City University of New York*  
Nicholas H. Smith, *Macquarie University*  
John Rundell, *University of Melbourne*  
Vincent Shen, *University of Toronto*  
John Weckert, *Charles Sturt University*

# K R I T I K E

An Online Journal of Philosophy

Volume 12, Number 1

June 2018

## DISCOURSES IN FILIPINO PHILOSOPHY

- 1 AGUSTIN MARTIN G. RODRIGUEZ  
Si Ferriols, ang Katamaran ng Pag-iisip, at ang Alaala ng Meron
- 21 MARK JOSEPH T. CALANO  
Tao Bilang Tagpuan: Roque Ferriols, S.J., San Agustin, at ang Puntong Omega
- 39 WILHELM PATRICK JOSEPH S. STREBEL  
Pitong Sulyap sa Pilosopiya ng Wika ni Padre Ferriols
- 56 PRECIOSA REGINA A. DE JOYA  
Ang Pagkukuwento bilang Pagbabalik-loob:  
Pagdalumat sa Halaga ng 'Awit ng Matandang Marinero' ni Samuel T. Coleridge sa  
Talambuhay ni Fr. Roque Ferriols, S.J.
- 73 CHRISTIAN LEMUEL C. AFUNDAR, GREG T. DULAY, AND ELENITA DLR. GARCIA  
Recuerdos: Mga Pagbabaliktanaw sa Lumahong Programang Pilosopiya  
ng Far Eastern University
- 98 MARY IRENE CLARE O. DELEÑA, JOSHUA MARIZ B. FELICILDA, AND LESLIE  
ANNE L. LIWANAG  
Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino:  
Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 Taong Pamimilosopiya
- 140 MARY IRENE CLARE O. DELEÑA AND RAYMOND JOHN D. VERGARA  
Postmodernism from the Perspectives of Filipino Philosophers:  
Abulad, Co, Demeterio, and Pavo

## ARTICLES

- 162 MARCO A. JOVEN-ROMERO  
Do we need reasons for the normativity of belief?
- 182 ROBERT JAMES M. BOYLES  
A Case for Machine Ethics in Modeling Human-level Intelligent Agents

- 201 MAN-TO TANG  
The Distinction between the ‘Abstract West’ and the ‘Concrete East’ from a Linguistic Perspective
- 215 BENJAMIN D. KING  
Beyond Sufficiency: G.A. Cohen's Community Constraint on Luck Egalitarianism
- 233 JOVITO V. CARIÑO  
The Ethico-Political Theory of Thomas Aquinas and the Revival of Capital Punishment in the Philippines
- 250 ALEXIS DEODATO S. ITAO  
The Incarnation of the Free Spirits in Nietzsche: A Continuum of the Triple Dialectic
- 277 IAN RAYMOND B. PACQUING  
Our Social *Discontents*: Revisiting Fromm's Redemptive Psychoanalytic Critique

## **BOOK REVIEWS**

- 293 JOVITO V. CARIÑO  
Pada, Roland Theuas DS., *Axel Honneth's Social Philosophy of Recognition: Freedom, Normativity, and Identity*

Discourse in Filipino Philosophy

## Si Ferriols, ang Katamaran ng Pag-iisip, at ang Alaala ng Meron<sup>1</sup>

---

**Agustin Martin G. Rodriguez**

**Abstract:** This study explores Roque J. Ferriols's ideas of "*pakikitagpo sa Meron*" (opening to Being) and "*paggising ng alaala ng Meron*" (awakening of the memory of Being) and their implications for research and scholarship in philosophy. It argues that the abstraction and systematization that has become the norm of academic philosophical writing is not adequate to the genuine opening to the presencing of Being. Ferriols's own style of writing and thinking demonstrates a more indigenous form of philosophizing that makes possible what he calls the awakening of the remembrance of Being in the person's deepest consciousness.

**Keywords:** Ferriols, Filipino philosophy, scientific knowing, opening to Being,

### Ang Inambag ni Ferriols

Hindi mapagkakaila na si Roque J. Ferriols ang isa sa mga pinakamahalagang pilosopo sa kasaysayan ng akademiking pamimilosopiya sa Pilipinas. Dala ito ng sakop ng kanyang impluensiya sa ilang henerasyon ng mag-aaral at sa pagtatatag ng partikular na istilo ng pamimilosopiya sa bansang ito. Malawak at malalim ang kanyang impluensiya sa ilang henerasyon ng mga namimilosopiya mula noong dekada '70. Dahil sa kanyang pagtuturo at mga kasulatan, naturuan niya ang kanyang mga kababahayang mag-isip sa paraang angkop sa kanilang wika at angkop sa kanilang karanasan sa Meron at ng mga nagmemeron.

Kung tutuusin, interesante itong impluensiya ni Ferriols dahil batay lang ito sa tatlong libro at iilang sanaysay. Pangunahin sa kanyang

---

<sup>1</sup> The research for this essay was funded by the Philippine Higher Education Research Network (PHERNET).



## 2 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

maimpluensiyang kasulatan ang *Pambungad sa Metapisika*<sup>2</sup> na binuo unti-unti noong mga dekadang '70 at '80 hanggang mailathala nang buo noong 1991. Dito makikita ang kanyang mga pangunahing teoriya sa Meron, ang kaugnayan nito sa mga nagmemeron, ang pag-uunawa ng tao sa Meron, ang tunay na pagbigkas nito, at ang mga hadlang sa pagpapatupad ng isang buhay na tapat na tumutugon sa Meron. Naroon din ang kanyang *Mga Sinaunang Griyego*<sup>3</sup> na isang interpretasyon at pagsalin sa mga pilosopong pinili mula sa kapanahunang ito. Kalahati ng libro ay mga salin ng ilang mahahalagang sipi sa abot-tanaw ng mga malikahing pagbasa sa kanilang pahayag. Pagpapahayag ang librong ito ng kanyang pagsusuri sa Meron bilang abot-tanaw ng pag-iral ng tao kasama ng kapwa meron. Ang kanyang *Pilosopiya ng Relihiyon*<sup>4</sup> ang huling nabuong libro kung saan sinusuri niya ang karanasang relihiyoso gamit ang penomenolohikong paraan na ipinatupad niya sa *Pambungad sa Metapisika*. Sa huling libro, ginagabayan niya ang mga mambabasa na unawain ang pagkapersona ng Diyos na sumasaibayo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pundamental na damdaming intensyonal tungo sa banal at sa pagususuri sa iba't ibang teoryang pilosopiko ukol sa pakikitagpo sa banal, naipakita niya na ang Diyos ang sumasaibayong nakakatagpo sa pagbubukas ng pag-ibig. Kalahati ng librong ito ay pagsalin kay San Agustin at Gabriel Marcel, subalit may orihinal ding pagninilay ukol sa karanasang relihiyoso na malinaw na nakabatay sa paraang penomenolohiko ni Ferriols.

Sa isang banda, kataka-taka na batay sa mga librong ito, ilang mga sanaysay, at kanyang pagtuturo ang impluensiya ng isa sa pinakamahalagang pilosopo sa Pilipinas. Kung iisipin, hindi dapat ganito kalawak at kalalim ang impluensiya ni Ferriols. Ang kanyang mga libro ay matatawag na simpleng *textbook* kung hindi man *primer*. Ang *Pambungad* ay talagang librong pangturo ng metapisika at madalas ginagamit bilang batayang teksto sa maraming kurso ng pilosopiya ng tao. Ang dalawa pang libro ay ginagamit rin sa mga kurso ng pilosopiya ng mga Griyego at pilosopiya ng relihiyon. Kaya kung isasalin ang mga librong ito sa Ingles o ibang pangmundong wika, at ipabasa sa ibang mga pilosopong kumikilos sa larangang pangmundo, malamang magugulat sila na naging ganito kaimpluensiyal ang mga librong ito. Bakit? Dahil mukha itong mga simpleng "*primer*" lamang. Sa isang mababaw na pagbabasa, inilalahad lang ng mga libro ni Ferriols ang mga pangunahin at batayang konsepto na dapat

---

<sup>2</sup> Roque J. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991). Mula dito ay tutukuyin bilang *Pambungad*.

<sup>3</sup> Roque J. Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992).

<sup>4</sup> Roque J. Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995). Mula dito ay tutukuyin bilang *Relihiyon*.

malaman ng isang mag-aaral ng pilosopiya at para lang niyang ipinapaliwanag ang mga ito sa paraang simple, kundi man simplistiko.

Isang mahalagang halimbawa ang kanyang paliwanag sa Meron gamit ang talinhaga ng mainit na tubig sa kape.

Kung makagagamit ng katatawanan upang subukang itukoy ang nasa kaloob-looban ng pag-uunawa ng tao, maaaring sabihin, na sa kaloob-looban ng tao may palaging nangyayari na maihahambing sa tubig na kumukulo. Tinutukoy ko iyong talinghagang nagamit na, ukol sa kape at gatas at asukal. Kung umiinom tayo ng ganito, malamang tatawagin nating kape at gatas at asukal, at hindi na nating pag-aabalahan pang banggitin ang tubig; sapagkat ang kinagagalawan ng lahat ay hindi na kailangang sabihin; alam na ng lahat na nandodoon. Pinakukulo na ang tubig bago pa dumating ang bisita; at kapag nakahanda na, hindi na kailangang punahin pa, maliban lamang kung maubusan.

Ganoon din ang liwanag. Wala talagang tumitingin sa liwanag—sa ilaw, oo; matitingnan ang kandila o bombilya, pero hindi ang liwanag. Hindi tinitignan ang liwanag kundi ang mga naliliwanagan. Subukan mong titigan ang basta't liwanag. Hindi maari. Hindi ko nakikita ang liwanag; ang mga umiiral sa liwanag ang nagpapakita. Kung magkatagpo kami ni Juan sa Cubao, sa tanghaling tapat, hindi ko na iintindihin pa na, kung hindi maliwanag, hindi ko sana siya nakita. Ngunit totoo pa rin na, kung hindi maliwanag, hindi ko sana siya nakita. Ikinaiiral ng buong pagpapakita at pagtingin ang liwanag. Ngunit, madalas, naaalala lamang ang liwanag kapag nawawala.<sup>5</sup>

Ito ay isang tipikal na pagpapaliwanag sa istilo ni Ferriols. Unang-una, ang kanyang tono ng pagsusulat ay isang impormal na pakikipag-usap ng isang mabait na guro sa mahal niyang estudyante. Sa kanyang kasulatan, lalong-lalo na dito sa kanyang *Pambungad*, makikita na ang kanyang pangunahing pakay sa pagsusulat ay ang pagpapaliwanag ng pilosopiya sa karaniwang mag-aaral. Kaya naman masasabing popular ang mga libro ni Ferriols. Ilang dekada nang nakalipas, nakailang paglimbag na ang mga ito. Para sa isang

---

<sup>5</sup> Ferriols, *Pambungad*, 47.

#### 4 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

bansang kakaunting librong pilosopikal ang nabebenta, lalong lalo na sa Pilipino, malaking bagay itong ilang paglimbag. Subalit, bagaman ito ang dahilan kung bakit binabasa si Ferriols, hindi ito gagalangin bilang seryosong obra ng mga pangmundong pilosopo. Para sa mga taong may pakialam sa paghusga ng pangmundong komunidad ng pilosopo maaaring mahiya sila dahil may kakulangan si Ferriols sa tinatawag na “*sophistication*” ng pag-iisip. Lalo itong maiisip kapag mapansin na ang kanyang sinusulat ay tilang pagsalin lamang o paliwanag ng mga batayan o “*basic*” na konsepto o teksto. Sa madaling salita, ang isa sa mga pinakamahalagang pilosopo sa Pilipinas ay isa lamang tagapagpaliwanag na walang mahalagang pagpapapayamang nagawa para sa pandaigdigang pilosopiya.

Subalit, hindi talaga madaling maisalin sa wika ng pandaigdigang pamilosopiya ang kontribusyon ni Ferriols dahil umiikot ang kanyang pilosopiya sa paglalagay sa alanganin ng batayang gawain ng pandaigdigang pilosopiya sa pamamagitan ng mismong paraan ng pagbigkas at pagpapaliwanag. Makikita natin na may malinaw na pakay si Ferriols sa kanyang moda ng kontra-intelektuwal na diskuro. Makikita ito sa kanyang pagtatalakay sa mga uring katamaran na humahadlang sa tunay na pagbigkas sa Meron. Subalit bago ito, talakayin natin ang kanyang pag-uunawa sa pagbigkas sa Meron.

#### **Pagbigkas sa Meron**

Isa sa pinakamahalagang kontribusyon ni Ferriols sa pilosopiya ay ang kanyang pagbigkas ng karanasan ng Meron bilang pilosopikong teoriya at konkretong karanasan ng tao. Sa isang payak na pagpapaliwanag, ang Meron ang pagsalin ni Ferriols sa *Being* o *Sein* ng pilosopiya. Tupal, ganoon din ang kanyang paggamit sa Meron. Tulad ng *Being* sa Inggles at *Sein* sa Aleman, ginagamit ni Ferriols ang Meron upang pag-usapan ang batayang bukal ng mga umiiral. Ganoon din, may aspetong dinamiko ang Meron bilang itong mahiwagang sumasaibayo na nagbibigay sa pagmemeron tulad ng *Sein* ni Heidegger. Subalit, mas totoong sabihin na malikhaing pag-uulit ng *to on* ng Griyego ang Meron. Tulad ng mga Tagalog, may karanasan ang Griyego ng mga umiiral bilang nagdirito. May konkretong pagprepresensiya sa tao ang lahat ng naririto. Ito ang karanasang konkreto ng karaniwang salitang meron. Ano mang meron ang itong hindi mapagdududahang nagdirito sa katalagahan. Tinutulak ni Ferriols ang karanasan ng *to on* sa Meron bilang itong bukal at balangkas ng pagdirito ng mga nagdirito. Bagaman masasabi nga nating ito ang kinasanayang pag-usapan ng mga pilosopo sa Ingles na *Being* o *Sein* sa Aleman. Subalit, sa pagmumuni-muni ni Ferriols may partikular na karanasan ang tao sa Meron.

Tulad ng mga Griyego, binibigyan-diin niya yung aspetong konkreto ng pagprepresensiya ng mga nagmemeron at ang pagkadinamiko ng Meron na nagpapameron sa mga nagmemeron. May katatagan ang mga umiiral bilang itong nagdirito. Ito'y presensiya na sabay may katatagan at dinamismo ng pagdirito. Dinamismo ang anomang nagmemeron bunga ng pagkabukal sa walang hanggang hiwaga. Katatagan din ito dahil nagbubukal ito sa ganap na pagprepresensiya. Ang ano mang nagmemeron o umiiral ay binibigay sa pagmemeron ng Meron: talagang nagdirito ito at nagdadala ng walang hanggang kayamanan.

Para kay Ferriols, nagprepresensiya itong Meron na nagpapameron sa mga nagmemeron bilang abot-tanaw o balangkas.<sup>6</sup> Hindi ito nabibigkas parang isang obheto ng kaalaman. Naaaninagan, nakukutuban, at namamalayan tulad ng ilaw na nagpapaliwanag sa mga nagpapakita. Ang meron ang walang hanggang nagbibigay sa mga nagprepresensiyang meron. Kaya hindi talaga inuunawaan ang Meron mismo bilang isang obheto ng kaalaman. Sa halip, pinalalalim ang pagmamalay ng tao kung papaano nahuhulog ang ating pagmemeron at ang pagmemeron ng lahat ng nagmemeron sa abot-tanaw ng Merong ito.

Para kay Ferriols, mahalaga itong pagkamulat at pagmamalay sa Meron dahil pinalilina ng pagkamulat na ito na ang lahat ng nagmemeron ay sumasailaim sa pagbabalangkas ng Meron. Ang katuturan o kahulugan ng pag-iral ng mga umiiral ay nahuhulog sa Meron.<sup>7</sup> Kaya, nagaganap ang tunay na pagpapatupad ng pagmemeron ng anomang meron sa isang halos awtomatikong paraan. Walang isip-isip kumbaga. Basta umiiral bilang pagpapatupad sa Meron.

Iba ang tao. Umiiral ang tao bilang may kalayaan. Samakatwid, tinutupad niya ang kanyang pag-iral nang may pagmamalay at pagpapasya. Bagaman nagmemeron o umiiral ang tao sa abot-tanaw ng Meron, kailangan pa rin niyang magmeron sa isang paraang tapat sa pagmemeron ng tao. Ito ang ibig sabihin ng pagpapakatao. Hindi lang dahil nagprepresensiya ang tao bilang tao na isinasatupad niya ng tapat ang kanyang pagmemeron. Kailangang mulat at malay na isatupad ng tao ang kanyang pagkatao ayon sa kanyang kahulugan sa Meron. Samakatwid, dapat may malalim na pagkutob ang tao sa Meron bilang abot-tanaw ng kanyang pag-iral nang sa ganoon maging posible ang kanyang pagpapatupad ng sarili ayon sa pagpapameron ng Meron.<sup>8</sup> Sa ganitong paraan, makikita natin ang halaga ng pagbubukas ng tao sa Meron. Hindi nito tinutukoy ang isang pag-unawa sa Meron bilang isang obheto ng pag-uunawa dahil hindi isang bagay na

---

<sup>6</sup> *Ibid.*, 35.

<sup>7</sup> *Ibid.*, 32.

<sup>8</sup> *Ibid.*, 115.

## 6 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

nagdirito ang Meron. Sa halip, hinihingi sa tao ang isang uring pagkamulat na ang ating pakikitagpo sa mga nagmemeron ay may kinikilusang balangkas na mas malawak.

Tuwing nakikitagpo ang tao sa mga nagmemeron at kapag isinasatupad niya ang kanyang pag-iral sa kanyang pakikipagsapalaran sa mga nagmemeron, dapat siyang mulat na may angkop at nararapat na pagpapatupad ng sarili sa abot-tanaw ng Meron mismo. Sa madaling salita, isinasatupad ang pagmemeron na tao bilang pagpapatupad ng pagbabalangkas ng Meron. Malalaman niya lang kung ano talaga ang binabalangkas ng Meron kung malay siya na narito itong Meron na nagbabalangkas habang nakikipagsapalaran sa mga nagmemeron. Sa ganitong paraan lamang makikilala ng tao ang tawag ng Meron sa kanya upang maisatupad ang makataong pagmemeron. Kaya mahalaga kay Ferriols ang patuloy at masinop na pagsusuri ng tao sa mga nagmemeron ayon sa kanilang tunay na pagmemeron.<sup>9</sup> Kailangan nating manatiling bukas sa tunay na pagmemeron ng nagprepresensiyang meron upang tunay na makilala ang mga ito at ang pahayag ng Meron sa kanyang kahulugan sa kabuuan. Subalit, may mga hadlang sa masinop na pagsusuri ng tao sa pagprepresensiya ng mga nagmemeron. Ito ang tinatawag niyang mga katamaran.<sup>10</sup>

### Mga Katamaran

Para kay Ferriols, tatlo ang katamaran ng paggamit ng isip na hadlang sa pagbigkas ng tao sa Meron. Ang unang hadlang ang katamaran ng taong manatiling gising.<sup>11</sup> Ito ang katamaran ng tao na manatiling bukas sa patuloy na pagprepresensiya ng mga nagmemeron. Kumbaga, habang sariwa ang bagong karanasan, masipag pa ang taong makipagtagpo. Subalit, unti-unting dumadapo sa kanyang pag-uunawa ang pakiramdam na “alam ko na ito.” Habang nabubuo na ang mga sistema ng pag-uunawa, habang nagkakaroon ng maayos na kaalaman na natutulungan ang taong kumilos sa mundo, at lalo niyang namamalayan na may sapat siyang kaalaman para epektibong kumilos sa mundo kasama ng kapwa-meron, nawawalan na siya ng ganang patuloy na manaliksik at makipagsapalaran sa mga nagprepresensiya.<sup>12</sup> Nananatili na lang siya sa umuubra na kaalaman na naging bunga ng sinauna o batayang karanasan ng pakikitagpo. Katamaran itong hadlang sa pagbubukas sa Meron dahil nagiging kontento ang tao sa

---

<sup>9</sup> *Ibid.*, 117.

<sup>10</sup> *Ibid.*, 49.

<sup>11</sup> *Ibid.*, 50.

<sup>12</sup> *Ibid.*, 50.

masasabing kaalamang hindi tumutubo. Ito ang kaalamang binibigkas ang aspto ng nagmemeron na maaaring totoo subalit nagiging kasinungalingan dahil tinatangihan ang kayamanan ng pagprepresensiya ng Meron at mga nagmemeron sa pamamagitan ng pagpako ng pagprepresensiya nito sa simplistikong pag-uunawa. Hindi kasing seryosong suliranin ito kung ihahambing sa ikalawang katamaran.

Ganito ang larawan sa ikalawang katamaran. Ito ang “pagtukoy na ang isang tunay na uri ng patakaran ay siya ngang kaisa-isang tunay na uri ng patakaran na magagamit ng tao.”<sup>13</sup> Itong katamaran ang masasabi nating katamaran na makikita sa akademikong pag-iisip. Dala ng kanluraning paraan ng pormal na pag-uunawa sa katalagahan, itong ikalawang katamaran ay makatwiran. Nakaugat ito sa pag-uunawa ng mga moderno na walang kakayahan ang taong unawain ang katalagahan (na makikita nating ang ikatlong katamaran). Dala ng pilosopiya ni Kant, malinaw na walang kakayahan ang katwiran ng taong bigkasin ang Meron. Linawin natin ito.

Sa kanyang argumento ukol sa posibilidad ng pagpapatupad ng metapisikal na pagmumuni-muni, sinasabi ni Kant na imposible at walang katuturang gawain ang metapisika kung pakay nito ang bumuo ng analitikong, *a priori* na kaalaman—o kaalamang hindi nababatay sa karanasan at may direktang intuisyon sa Meron. Dala ito ng simpleng katotohanan na walang kakayahan ang katwiran ng taong bigkasin ang Meron at mga nagmemeron. Dahil sa paniniwala ni Kant na nauunawaan lamang ng tao ang katalagahan bilang *phainomena*, o ang pagbibigay kahulugan sa datos ng pandama gamit ang mga kategoriya ng pag-uunawa at porma ng pandama. Ang ano mang makahulugang kabuuan ang nauunawaan ng tao ay isang malikhaing pagbubuo ng katwiran ng datos ng pandama batay sa paggamit ng mga kategoriya ng pag-uunawa.

Ang karaniwang posibilidad ng karanasan sa kabuuan ay, kung tutuusin, sabay ang unibersal na batas ng kalikasan at ang mga prinsipyo ng posibilidad ng karanasan na siya ring batas ng kalikasan. Dahil hindi natin alam ang kalikasan kundi bilang ang kabuuan ng lahat ng nagdirito, i.e., ng mga representasyon sa kaisipan ng tao, at kaya hindi natin makukuha ang mga batas ng kanilang pagbubuo mula sa ibang batayan maliban sa mga prinsipyo ng kanilang mga koneksyon mula sa atin, i.e., mula sa mga kondisyon ng

---

<sup>13</sup> *Ibid.*, 51.

## 8 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

nesesaryong pagbubuo sa iisang kamalayan—pagbubuo na ginagawang posible ang karanasan.<sup>14</sup>

Samakatwid, para kay Kant, imposibleng bigkasin ang Meron at ang pagprepresensiya ng mga nagmemeron bilang *noumena*. Ang kaalaman ng tao ay sistematikong pagbuo ng makatwirang pag-uunawa sa datos ng pandama ayon sa mga kategoriya ng pag-uunawa at porma ng sensibilidad.

Kung ganoon, ang batayan ng makahulugang kaalaman, ang kaalamang angkop sa kakayahan ng taong umunawa, ang pagbuo ng datos ng pandama batay sa sistematikong paggamit ng mga kasangkapang *a priori* ng katwiran. Kung ganoon nga, nagiging malinaw ang dahilan kung bakit may katuturan para sa tao ang ikalawang katamaran. Kung walang batayan sa Meron ang kaalaman ng tao, ano ang batayan ng kolektibong kaalaman na maaaring sang-ayunan ng tao? Bagaman suhetibo ang kaalaman, para kay Kant hindi ito relatibo.<sup>15</sup> Unibersal ang kaalaman ng tao dahil *a priori* ang mga kategoriya ng pag-uunawa. Ito ang batayan ng unibersal na kaalaman: ang mapagkakasunduang paggamit ng mga *a priori* na kategoriya ng pag-uunawa ay makakamit kung may mga sistematikong paggamit nito na katanggap-tanggap sa lahat. Kaya naman importante sa kanluraning katwiran na nabigyang depenasyon ng epistemolohiya ni Kant na may iisang sistematikong paraan ng pag-uunawa sa katalagahan. Ito ang dahilan kung bakit mahigpit ang paggamit ng metodo at sistema ng pagbibigay interpretasyon ng mga agham. Ang agham ang unibersal na kaalamang posible matapos tanggapin ang epistemolohiya ni Kant bilang batayan ng kaalaman. At upang makabuo ng kaalamang katanggap-tanggap sa lahat, mahalagang magkaroon ng sistema na tanggap ng lahat bilang paraan ng pagtuklas sa pinakamaayos at epektibong pagbubuo sa datos batay sa istruktura ng pag-uunawa ng tao. Kung ito lang ang ating batayan ng kaalamang unibersal, dapat lang na hangarin ng tao ang kaalamang bunga ng “isang tunay na uri ng patakaran” na “siya ngang kaisa-isang tunay na uri ng patakaran na magagamit ng tao.”<sup>16</sup> Kung ganito ang kaalaman ng tao, hindi katamaran kundi hindi maiiwasan o kinakailangang atitud ng tao ukol sa kaalamang makatao.

Subalit, unawain natin kung bakit katamaran nga ito para kay Ferriols. Ang pag-iisip sa paraang kulong sa iisang paraan ng pagbigkas sa mga nagprepresensiya ay istilo ng pag-uunawa na nagbibigay ng malinis at eksaktong kaalaman, subalit hadlang sa pagbubukas sa Meron bilang walang

---

<sup>14</sup> Immanuel Kant, *Prolegomena to Any Future Metaphysics in Prolegomena to Any Future Metaphysics, with Selections from the Critique of Pure Reason*, rev. ed., trans. and ed. by Gary Hatfield (Cambridge: Cambridge University Press, 1997), 70. Sariling pagsalin mula sa Ingles.

<sup>15</sup> *Ibid.*, 70–71.

<sup>16</sup> Ferriols, *Pambungad*, 51.



hanggang kayamanan na nagpapapresensiya nang may hindi maubos-ubos na kahulugan. Hadlang rin ito sa pagkilala at pagpapatalab sa Meron bilang batayang bukal ng pagprepresensiya ng mga nagprepresensiya. Posible na sa ating pagkakulong sa paniniwala na dapat may iisang malinaw at tiyak na sistema ng pagbibigay kahulugan, hindi natin hinahayaang magpresensiya ang Meron sa tao. Ito'y dahil walang hanggang hiwagang nagbibigay sa pagprepresensiya ng mga nagmemeron ang Meron. Ibinibigay ang walang hanggang pagprepresensiyang ito sa mga nagmemeron kaya kailangan ng tao ng sabay masinop na pagsusuri at bukas na pagpapatalab sa Meron. Tunay na hadlang sa bukas na pagpapatalab ang atitud ng kaalaman na naniniwala na iisa lamang ang posibleng sistema ng pagbubuo ng lehitimong kaalaman. Subalit nakasalalay sa panindigan na may iisang tanggap na paraan ng paggamit ng mga *a priori* na kasangkapan ng pag-uunawa ng tao ang pagkalehitimo ng anomang kaalamang akademiko o maka-aghham. Kaya, laganap ang ganitong "katamaran" at hindi kinikilala bilang lehitimong kaalaman ang anomang hindi bunga ng ganitong sistematikong paggamit ng mga kategoriya batay sa naitatag na kaalaman. Sa kasaysayan ng makataong pagsisikap bumuo ng unibersal at lehitimong kaalaman, may mga rebolusyon ng mga sistema na pag-uunawa. Ito ang tinatawag na pagbabago ng paradigma ni Kuhn.<sup>17</sup> Subalit, ang pagbabago ng paradigma ay pagbabago lamang ng sistema ng pagbibigay interpretasyon para maipaliwanag nang mas mabuti ang tinanggap na bagong datos ng katwiran. Kaya, anomang pagbabago ng sistema ng pag-uunawa, ang hangarin ng kaalamang makatao ay ang pagtuklas ng iisang sistema na mapapaliwanag ang lahat ayon sa *a priori* na kasangkapan ng pag-uunawa ng tao. Sa abot-tanaw ng pagsisikap bigkasin ang Meron, katamaran ito dahil kapag nakuha na ng tao ang isang sistema na napapaliwanag nga ang lahat, hindi na niya nararanasan ang pangangailangang pagsikapan ang pagbigkas sa nagprepresensiyang Meron.

Bunga rin ng panindigang nagbubunga ng ikalawang katamaran ang ikatlong katamaran. Ito ang paglalarawan ni Ferriols sa ikatlong katamaran:

May ibang porma naman nitong katamarang ito, na inaakala na hindi nating kayang malaman, kung meron nga ang nakukuha ng anomang patakaran. Sapagkat ang paniniwala nitong panindigang ito ay: na hindi alam, at hindi malalaman ng tao kailanman: ang mismong meron; kaya't ang kaya lamang niya'y sundan

---

<sup>17</sup> Thomas Kuhn, *The Structure of Scientific Revolutions* (Chicago: University of Chicago Press, 1992).



## 10 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

ang isang patakaran at magpasalamat na lamang na meron siyang masusundan.<sup>18</sup>

Ito mismo ang pinag-uusapan natin sa nakaraang bahagi bilang batayang paniniwala ng ikalawang katamaran. Muli, napapako ang tao sa ganitong katamaran dahil malinaw sa kanya na ito lang ang paraan para makakuha ng mapagkakatiwalaang kaalaman dahil wala naman siyang paraan para bigkasin ang Meron at ang mga nagmemeron. Kapag pinagsama ang ikalawa at ikatlong katamaran, makikita ang larawan ng mga akademikong disiplina bilang katamaran sa pagbigkas sa Meron.

Interesante itong kabalintunaan. Sa isang banda, itinatag ng kontemporaryong sibilisasyong kanluranin ang akademikong kaalaman bilang pinakamakawatwirang uring pag-uunawa sa realidad batay sa epistemolohikong panindigan nina Kant at mga moderno. Dahil sa paglaganap ng paniniwalang may batayan ng lehitimong kaalaman bagaman hindi mabibigkas ang Meron, naging mahalaga sa kanluraning sibilisasyon na magtatag ng mga disiplina ng sistematikong pananaliksik na magiging batayan ng lehitimong kaalaman. Dahil hindi na mahalaga ang pagsisikap bigkasin ang Meron, naging mahalaga ang pagsisikap makalikha ng mga sistema ng kaalamang lehitimo batay sa mga kategoriya ng pag-uunawa. Habang lumaganap itong pagsisikap bumuo ng lehitimong kaalaman, dumami rin ang mga paraan na may kanya-kanyang batayan ng lehitimong kaalaman. At kung tutuusin, nagkakanya-kanyang teritoryo din ang mga sistema ng kaalamang ito. Naging bunga ng pagsisikap na ito ang pagwawalang halaga ng akademiko o siyentipikong pag-isip sa ano mang istilo ng pag-iisip na sinisikap bigkasin ang meron. Kung tutuusin, hinango ni Ferriols ang mga punang ito sa modernidad mula sa mga pilosopong tinatawag na penomenologong eksistensyal, tulad nina Marcel at Heidegger, na kanyang tinuturo sa Ateneo de Manila. Naaalala ko sa aming mga klase ang kanyang pagbibigay-diin sa paraang penomenolohiko ni Marcel na ginagamit ang ikalawang nibel ng pagmumuni-muni upang maipatupad ang *pensée pensée* laban sa *pensée pensant*, o pag-iisip na nag-iisip laban sa pag-iisip na naisip na.<sup>19</sup> Kaya malinaw na impluensiya ng penomenolohiya ang kanyang pagpuna sa mga katamaran ng pag-iisip. Hindi orihinal ang pagbasa ni Ferriols sa mga suliranin ng mga tinatawag niyang “neo-Kantiano.” Subalit ang bago sa kanya ay ang kanyang pagpapatupad ng penomenolohikong pagmumuni-muni sa katutubong katwiran.

---

<sup>18</sup> Ferriols, *Pambungad*, 52.

<sup>19</sup> Gabriel Marcel, “Ang Bulagang ‘Heto Ako’,” trans. by Nonna J. Peña in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, ed. by Roque J. Ferriols (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999), 105 ff.

Sinusubukan ni Ferriols itatag ang alternatibong uring sistema ng pag-uunawa sa pamamagitan ng paggamit ng wikang katutubo upang magising ang paraan ng pag-iisip na katutubo. Ito ang paniniwalang pinagmumulan ng kanyang istilo ng pag-iisip. Para sa kanya, ang tunay na makataong kaalaman ay isang pagsisid sa Meron. Isa itong pakikitagpo sa pagprepresensiya kung saan nagpapatlab ang tao sa pinakabuod ng kanyang pagdirito. Sa pag-iisip na ito, ginagamit ang konsepto bilang panggising ng alaala ng Meron. Dahil ang Meron ay nasa loob ng tao, at ang tao ay nananahan sa Meron, isang paggising sa alaala ng pagtatahan sa Meron ang ganitong pag-iisip.

Hinubog at hinuhubog ang konsepto sa pagbigkas sa meron. Hindi nga pagbigkas sa meron ang konsepto; ngunit isang uring alaala ng meron, isang tahanang palaging tumutubong alaala ng meron. Kaya't kung ang konsepto'y gumagalaw na, sa loob ng galaw, ng kalooban na bumibigkas sa meron, ang pagpapahiwatig sa pamamagitan ng konsepto ay may malaking kaibhan sa paturo ng daliri. Itinuturo ng iyong daliri ang buwan at araw, mula sa labas.

Kapag binibigkas mo ang meron ng isang umiiral na hindi ikaw, nananatili ngang hindi ikaw iyong umiiral, ngunit umiiral na rin sa iyong kaloob-looban. Kapag binigkas ng tao ang isang meron, ang meron ng inuunawa at ang meron ng umuunawa ay pumapasok sa isa't isa, kaya't kapag lumipas na ang sandali ng pagbigkas, ang loob ng binigkas ay nag-iiwan ng bakas ng kalooban ng bumigkas; at ito ang alaala ng meron.<sup>20</sup>

Para kay Ferriols, nasa buod ng tao ang pagprepresensiya ng mga nagmemeron dahil Meron din siya. Iisa ang tinutupad na Meron ng anomang nagmemeron. Kaya kapag binibigkas ng tao ang pagmemeron ng anomang nagmemeron, may nagigising na kanyang "alaala" ng meron. Ito ang kailangan nating isipin nang mabuti. Ano itong alaala ng Meron?

Malinaw na hindi ito karaniwang akademikong pagpapaliwanag sa kaugnayan ng tao sa Meron o sa paraan ng pag-uunawa ng tao sa katalagahan. Mula nang maipaliwanag na nagmumula sa mga kategoriya ng pag-uunawa ng tao ang pag-uunawa sa mga nagmemeron, tilang kahibangan itong pagpapaliwanag sa kaalaman bilang paggising ng alaala ng Meron sa

---

<sup>20</sup> Ferriols, *Relihiyon*, 57.

## 12 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

tao. Tilang labis na mistikal na paliwanag sa pag-uunawa ito at hindi bagay sa modernong, sistematikong pag-uunawa sa kaalaman. Subalit, hindi nito ibig sabihin na hindi nga posibleng unawain ang pagbigkas ng tao sa katalagahan sa ganitong paraan. At kung totoo nga ang nakikita ni Ferriols, kung ang tunay na kaalaman ng tao ay isang paggising sa kalooban ng presensiya ng Meron, hinihingi ng tunay na kaalaman ang ibang uring kaalaman kaysa sa purong abstraksyon na inuuwi ang pagprepresensiya sa malinaw at eksaktong sistema. Kung hangarin ng pangongonsepto at tunay na pag-iisip ang paggising ng alaala ng Meron at magpatalab sa buod ng sarili sa presensiya ng nagmemeron, hinihingi ang ibang istilo ng pag-iisip. Ito ang uri ng pag-iisip na hindi nakapako sa pangangailangang iuwi ang nagmemeron sa eksaktong pagsisistema. Bagaman, sa isang banda, malinaw kung bakit kailangan itong pagpako ng kaalaman ng tao sa iisang eksaktong sistemang inuuwi ang katalagahan sa abstraksyon, hindi ito ang magpapatupad ng paggising ng alaala ng Meron sa kalooban. Mangyayari lang ito kapag may paraan ang taong magpatalab sa Meron sa halip na balutin ang nagprepresensiya sa konsepto't sistema. Hindi nito ibig sabihing walang halaga ang sistema at pangongonsepto. Mahalaga itong bumuo ng kaalamang epektibo sa pagbuo ng kaalamang makpagbibigay sa atin ng epektibong kaalaman para sa pagkakaroon ng ekstaktong kaalaman na gagabay sa ating pagkilos sa Meron. Subalit iba ang pagkilos at paggamit sa Meron sa isang pagtatahan sa at pagpapatupad ng sarili nang may katapatan sa Meron.

Samakatwid, sa halip na mapako sa sistema, kailangan isatupad ang ibang paraan ng pag-iisip at pagtatahan sa Meron. Hindi sapat ang pormal na sistema ng pilosopiya para sa pag-alaala na ito. Kailangan ng isang paraan ng pag-iisip na hindi umiikot sa sistema bilang paraan ng paglikha ng tiyak at lehitimong kaalaman na bunga ng pag-abstraksyon. Samakatwid, kailangan ng paraan ng konkretong pag-iisip: isang paraan ng pag-iisip kung saan may pakikitagpo sa nagprepresensiyang Meron sa nagprepresensiyang meron. Kailangan ng isang paraan ng pakikitagpo sa mismong pagprepresensiya ng nagmemeron nang sa ganoon magising ang alaala ng presensiya ng Meron at mabuhay ang kaugnayan sa pagitan ng mga nagmemeron at ang akong nagbubukas.

Kaya naman makikita natin na may kaugnayan ang istilo ng pagsusulat at pag-iisip ni Ferriols. Bunga ang kanyang tila simplistikong paraan ng pagsusulat at pagmumuni-muni ng kanyang paniniwala na nakaugat ang tunay na pag-iisip sa pagpatalab ng pagprepresensiya ng mga nagmemeron. Kung mangyayari ang pagtatalaban at magiging posible ang paggising ng alaala, kailangan ng istilo ng pag-iisip na iniwasan ang pag-uwi sa sistematikong pag-aabstraksyon. Sa kanyang mga libro, kapag nagsasalita si Ferriols, malinaw ang kayang ginagawa—binubuhay niya ang

karanasan ng mismong pakikitagpo para magising sa mambabasa at sa nagsusulat ang alaala ng Meron sa buod ng kanyang pagkatao. Kung baga, ginigising niya sa mambabasa ang alaala ng Meron sa maingat na pagsasakonkreto ng karanasan. Ito'y magandang halimbawa kung saan pinag-uusapan niya ang presensiya:

Sabihin natin na nasa *supermarket* ka. Nakakita ka ng dalawang taong hindi mo kilala, ngunit nagsalita sila sa iyo. Sabihin natin na humiling sila ng tulong upang mahanapan nila ang gusto nilang bilhin. Noong natulungan mo na, sila'y tuluyan nagpakilala. Si Juan at Juana pala sila. Dito nagsimula ang inyong pagkikipagkaibigan. Kahit na mahaba ang dadaloy ng panahon, maaalala pa ninyo palagi na ito ang inyong unang pakikipagtagpo.

Ano ba ang pakikipagtagpo? Masasabi yata na sa simula'y dapat nasa parehong lugar ang mga nakikipagtagpo. Totoo ito, pero hindi ito ang lahat. Maraming ibang okasyon na may humingi ng tulong sa iyo, tinulungan mo, nagpasalamat sila, pero hindi kayo tuluyang nakipagtagpo. Ngunit, kay Juan at Juana, may nangyari. Mula sa kanila, tungo sa iyo. Mula sa iyo, tungo sa kanila. Nakipagkapwa kayo. Nasa parehong lugar ang katawan at nagsasagutan ang diwa. Gamitin natin ang isang lumang salita: Sumaiyo sila, sumakanila ikaw. Pagsasa... lumang uring pananalita, pero sariwa pa rin ang pangyayari. May katagang Latin na katumbas niyan: *praesens*. *Ens*: nagmemeron. *Prae*: sa harapan. Ang unang kahulugan ay para bagang pagsasaparehong lugar lamang ng mga katawan ang itnutukoy. Nugnit, sa paggamit ay may mas malalim na kahulugan na tumubo: Pakikipagtagpo ng kalooban sa kalooban. *Praesns*: sumasa... *Praesentia*: pagsasa... Sa mga talakayan natin, kung minsan gagamitin ko ang sinaunang Pilipino, kung minsan naman iyong sinaunang Lating, sa pormang 'presensya.'<sup>21</sup>

Mahalaga itong halimbawa sa ginagawa ni Ferriols. Sa kanyang pamimilosopiya, ginagawa niyang gisingin ang karanasan ng isang konkretong pakikitagpo sa Meron at sa ganoong paraan magising ang

---

<sup>21</sup> *Ibid.*, 5.

## 14 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

konkretong talab ng Meron sa kaibuturan ng tao. Kaya masasabi natin ang paraan ni Ferriols ay paraan ng paggising sa presensiya nang muling mabuhay ang alaala ng Meron. Subalit, sa halip na pagpapako ng nagprepresensiyang meron sa takdang kahulugan, isang proseso ng pagpasok sa kadiliman ito. Sa halip na ipako sa liwanag ng katwiran ang Meron, ito'y proseso ng pagpapalalim sa kadiliman hindi upang manatiling walang alam, subalit upang manatili sa isang kalagayan ng pagkabukas sa meron.<sup>22</sup> At ang nais nitong hantungan ay hindi laging bagong kaalaman sa Meron "kundi bagong *kalaliman*, bagong *kasariwaan*, bagong *tindi*"<sup>23</sup> na ibig sabihin ay patuloy na pagpapalalim at paglagom sa Meron bilang walang hanggang nagprepresensiya at nagigising sa kaibuturan ng diwa ng tao.

Tiyak na isa itong hakbang lamang. Hindi ito ang huling salita. Darating din ang sandali ng abstraksyon at pagsisistema ng kaalaman nang sa ganoong marating ng tao ang kaalamang kapakipakinabang sa karaniwang buhay. Subalit ito ang pinakamahalagang hakbang na batayan at patuloy na nagpapayaman sa ating pag-uunawa. Ito ang hakbang ng paggising sa presensiya ng Meron at patuloy na nagpapayaman sa pakikipagtalab sa Meron.<sup>24</sup> Kung may katuturan ang abstraksyon at pagsisistema ng kaalaman, ang halaga nito'y maging batayan at patuloy na pagbigkas ng Meron. Tawag dito ni Ferriols ang sandaling marating ang inabstraksyong balangkas na nagmumula sa mga 'di maulit na pagkakataon ng mga merong nagprepresensiya. Ang bawat pagkakataon ng pakikitagpo sa nagprepresensiyang meron, sa mga panahon ng pakikipagtalaban sa bukod-tanging itong nagprepresensiya "nangyayari kung minsan na, sa ating pagbigkas ng meron, ang ating pag-uunawa ay para bagang nakasingit sa isang nibel na may tahimik (kaya't halos hindi napapansin) ngunit maliwanag (kaya't nagbibigay ng matibay na kaalaman) na nibel ng meron. At doo'y, para bagang naapuhap natin ang katutubong balangkas ng ilang pangyayari ..." <sup>25</sup> Ang tinutukoy dito ni Ferriols ay ang mga pagkakataon ng pagkamulat ng tao sa Meron bilang may dinadalang kaayusan at kahulugan. Posible na, dahil sa lalim ng pagkamulat ng tao sa pagprepresensiya ng mga nagmemeron, may mga pagkakataon na namumulat tayo sa mismong batayang kaayusan ng pagprepresensiya ng nagprepresensiya. Kaya sinasabi niya na may pagkamulat ang tao sa katutubong balangkas. Ang katutubong balangkas itong nauunawaan sa pilosopiya bilang abot-tanaw ng makahulugang pagmemeron ng mga bagay, ang prinsipyong nagbabalangkas ng pagdirito ng mga nagdirito. Sa mga panahon ng malalim na pakikitagpo sa nagmemeron, posibleng magkaroon ng mas malalim na

---

<sup>22</sup> Ferriols, *Pambungad*, 81.

<sup>23</sup> *Ibid.*, 94.

<sup>24</sup> *Ibid.*

<sup>25</sup> *Ibid.*, 85.

pag-uunawa sa kabuuan ng kameronan at sa kaugnayan ng mga nagmemeron sa Meron kaya nakakabuo siya ng mga konsepto at sistema ng konsepto na pinahahayag itong batayang balangkas na ito. Ito ang hangarin ng tao, na mabigkas ang batayang balangkas na ginagawang buhay ang patuloy na pagprepresensiya ng Meron. Hindi niya pakay ang makabuo ng malinaw na abstraksyon sa mga nagmemeron na hahadlang sa pagkamulat sa alaala.

### **Ang Paraan ng Paggising sa Alaala ng Meron Halaw sa Etnomusikolohiya**

Dahil sa ganitong pakay ng pagbubukas sa Meron, maitatanong natin kung may implikasyon ito sa akademikong pagsusuri. Posible bang makabuo ng sistema ng paggising sa alaala ng Meron sa paraang disiplinado at bukas? Sinasabi ni Ferriols na ito ang pagtataka na “kalagayan ng taong nakadanas ng isang lakas-loob at disiplinadong pagtatanong.”<sup>26</sup> Tila, sa ating kinasanayang paraan ng pagpapatupad ng akademikong pilosopiya, nagaganap ang ganitong disiplinadong pagtatanong sa abot-tanaw ng abstraksyong inuuwi ang Meron sa eksaktong sistema ng pag-uunawa ng tao sa halip na proseso ng pagpasok sa dilim nang maaninagan ang likas na balangkas ng Meron. Mas madali kasi itong buuin at pagdibatihan ng mga mananaliksik. Kung ang pinagdidibatihan ng mga iskolar ang pagkaeksakto ng paggamit ng konsepto at pagkamaayos ng sistema ng mga konsepto, may malinaw na batayan ang pinagkakaisahan. Mas madaling pagdibatihan ang interpretasyon sa mga batayang kaisipan ng mga pilosopo at bumuo ng mga bagong sistema ng abstraksyon batay sa o kontra sa naitatag na pagsisistema ng pagsusuri, sa halip na subukang gisingin ang alaala ng Meron. Mahirap marating ang nibel ng pag-uunawa na talagang tumatalab sa Meron at ginigising sa tao ang alaala ng Meron. Tila masyado itong masalimuot na paglalakbay sa dilim na hindi malinaw na matitiyak ng katwiran kung talaga nga bang nakatapak ang tao sa Meron o hindi. Kaya naman diskurso at debate sa larangan ng sistema ng mga konsepto ang kinaiikutan ng akademikong pamimilosopiya. Dagdag pa rito ang kahirapang bumuo ng mga metodo ng pagbubukas sa Meron na sabay may katiyakan at may malinaw na disiplina at malayang paglalakbay rin sa walang hanggang larangan ng Meron.

Pinapakita sa atin ng mga akademikong nag-aaral ng katutubong musika na posible ang disiplinado at sitematikong pag-aaral sa mga nagmemeron na hindi kailangang iuwi sa purong abstraksyong hiwalay sa nagprepresensiyang Meron. Makikita natin ang isang posibilidad nito sa mga

---

<sup>26</sup> *Ibid.*, 81.

## 16 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

patakaran ng pag-aaral sa katutubong kultura at musika na may pakay na makarating sa pag-uunawa na hindi inuuwi sa simpleng pagsisistema ng abstraksyon ang buhay na pagprepresensiya ng musika't ritwal. Malinaw ito kay Grace Nono sa kanyang *Song of the Babaylan*.<sup>27</sup> Sa librong ito, pinapasok ang mundo ng kaiba ng mga babaylan, o tradisyonal na manggagamot at oralista ng katutubong kultura na may kakayahang makipag-ugnay sa mga espirito ng kalikasan at sa mga ninuno. Sila ang mga taong biniyayaan ng kakayahang makipagsapalaran sa mga diwata ng mundo upang matulungan ang taong malutasan ang kanilang mga kapansanan. Iba ang mundong ito sa modernong mundo ng kanluran kaya hindi madaling mahuli ng mga kategoriya ng abstraksyon at pagsisistema ng akademikong pag-iisip. Ang hinihinging pananaliksik sa kaibang mundo ng babaylan ay ang uring pag-iisip na inaangkop ang pagbubukas sa pagka-hindi-masistema ng nagprepresensiya. Kung kumikilos ang disiplina ng pananaliksik sa kanluraning pag-iisip, tiyak na hindi angkop sa sistema ng pananaliksik ang nagprepresensiyang realidad. Papaano ba uunawain ang kosmos kung saan totoo ang mga diwata't tao, kung saan nakikipagsapalaran ang mga ninuno sa mga piling tagapamagitan, kung pinagdududahan ang pagkamakatwiran ng realidad spirituwal ng mga teoretikal na sistemang kanluranin? Hinihingi ng kosmos ng babaylan ang isang uring pananaliksik na kaya ring lagumin ang pagpapatalab ng mga diwang hindi nahuhuli ng uring pag-iisip na inuuwi ang nagprepresensiya sa mga kategoriya ng pag-uunawa ng tao. Sa halip, kailangan ng mga isitulo ng pag-iisip na bukas sa bawat posibilidad ng pagpapahayag ng katalagahan nang maging posible ang pagtalab ng kakaiba at hindi inaasahang pagprepresensiya ng nakakatagpo. Kaya masasabi nating lumilitaw ang ibang uring pananaliksik na sinusubukang unawain ang kultura ng babaylan nang may katapatan. Mahalaga para kay Nono na makipagsapalaran sa mundo ng babaylan gamit ang ibang paraan ng pananaliksik dahil kapag inuwi ito sa uring abstraksyon ng purong pagsisistema, hindi tapat na mabibigkas ang nararanasan at nauunawaan ng babaylan. Ibang mundo ito sa kinagagalawan ng abstraktong pagsisistema at posible na hindi makita ang nagprepresensiya ng mananaliksik kung piling ito ang konkretong pagdirito sa sistema.

Dahil dito, makatwiran lamang na ang paraan ng pananaliksik ay maisatupad sa paraang angkop na pagtanggap sa pagprepresensiya ng katalagahang nagprepresensiya. Nararapat na isa itong pagbababad at pagbubukas na hindi ginagawang batayan ang pagka-angkop ng *phainomena* sa pagsisistema at pag-aabstraksyon at ang pagtanggap sa kaalamang batay sa mga pamantayan ng modernong katwiran. Sa halip, nakatutok ito sa lalim ng potensiyang pagkikipagtalab ng tao sa nagprepresensiyang meron bilang

---

<sup>27</sup> Grace Nono, *Song of the Babaylan* (Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013).



batayan ng halaga ng patakaran ng pananaliksik. Sa kanilang paraan ng pananaliksik, sinusubukan ng mananaliksik na pumasok sa konkretong pagprepresensiya ng nagprepresensiya nang may pag-aangkop ng sarili sa paraan ng pagprepresensiya nito. Kumbaga, inuunawaan ng mananaliksik ang katalagahan nang may kakayahang makiramdam sa pagprepresensiya ng pagprepresensiya at pagbabagay ng sarili sa paraan ng pagprepresensiya nito.<sup>28</sup>

Ayon kay Nono, may ilang epektibong patakaran at atitud na maaaring gamiting upang maiangkop ang ating katwiran sa pagtanggap sa pagprepresensiya ng mundo ng babaylan. Isa dito ang *pakig-ambit* o ang pakikipagtalaban ng sarili sa kapwa, loob sa loob. Ito'y inuunawaan niya bilang pagbabahagian ng buhay.<sup>29</sup> Kung baga, ang mananaliksik ay nagbababad sa buhay ng sinasaliksik. Ibinibigay niya ang sarili sa isang proseso ng pakikibahagi sa buhay ng kaiba sa paraan na inaalay niya rin ang kanyang buong sarili sa pagtatalaban. Hindi siya isang mananaliksik lamang subalit ka-sama. Isang pagtatalaban ito ng mga tao sa isa't isa sa nibel ng pagbabahagian ng sarili sa isa't isa. Ang pag-uunawa dito ay bunga ng malalim na interes ng nagtatalaban sa isa't isa sa punto na nais ng bawa't isang ibahagi ang panahon at atensyon sa isa't isa. Isa pang paraan ng pananaliksik ang *pagkaanaa* o pagkutob sa presensiya, *panuluktuk* o pagkamulat sa katotohanan sa pamamagitan ng intuisyon, *pamalandong* o kontemplasyon tungo sa direktang pagkamulat sa katotohanan, *pagtugyan* o pagbukas at pagtanggap sa pahayag ng katalagahan at mga espirito, *pagdawat* o pagtanggap ng kahulugan na binibigay ng karanasan,<sup>30</sup> at *pag-agas* o pagbubukas ng sarili sa buong yaman ng kosmos bilang nagpapahayag. Ang *panag-abyan* ang paraan ng konkretong pakikitagpo sa abyan o spiritong gabay ng babaylan. Ang mga paraan ng pagkilatis sa pahayag ng mga espirito o diwata sa kalikasan sa tao ay *damgu* o pangingilaltis sa mga pahayag sa panaginip, *timala* o pangingilatis ng mga palatandaan na nakakatagpo ng tao, *buna-buna* o pangingilatis sa mga kaisipang dumadapo sa kamalayan na may ipinapahayag, at *pagbati* o pagkilatis sa mga pahayag na dinadaan sa mga damdamin.<sup>31</sup> Sa kabuuan, ginagawang mulat at gising ang mananaliksik sa mga alternatibong istilo ng kaalaman na angkop sa mga pahayag ng katalagahan na ipinapahayag o ipinapadaan sa iba't ibang kakayahan ng tao. Sineseryoso nito, at hindi isinasantabi ang anomang larangan at daluyan ng pakikitiagpo, maging mga ligaw na kaisipan, matinding damdamin, kutob, o signos.<sup>32</sup> Binibigyan ang mga mananaliksik

---

<sup>28</sup> *Ibid.*, 44.

<sup>29</sup> *Ibid.*, 45.

<sup>30</sup> *Ibid.* 46.

<sup>31</sup> *Ibid.*

<sup>32</sup> *Ibid.*



## 18 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

nitong mga paraan ng pananaliksik ng mga paraan ng pagbubukas sa pagprepresensiya ng mga ka-ibang nagprepresensiya na hindi madalas mahuli ng mga kategoriya ng makataong abstraksyon. Hinahayaan ng mananaliksik na magpatalab, o marahil magpatagos sa presensiya. Ito ang paraan ng pakikitagpo sa nagprepresensiyang pumapalag sa karaniwang pag-uunawa ng lohikal at makatwiran. Subalit pinahihintulutan nito na magbukas ang tao sa hindi nila madalas nauunawaan dahil hindi maiuwi sa karaniwang pangangatwiran. Ito ang dahilan kung bakit interesante itong pinapakita ni Nono. Upang tunay na magbukas sa pagprepresensiya ng kaiba, kailangan ng istilo ng pananaliksik na radikal na pagbubukas sa lahat ng posibleng pinagmumulang ng presensiya ng Meron.

Tinalakay ko itong alternatibong mga halaga ng pananaliksik dahil dito natin nakikita kung papaano maaring maging lehitimo ang mga patakaran ng pagbubukas na hindi kulong sa striktong pagsisistema ng abstraksyon at ginagawang posible ang konkretong pag-iisip na may sariling patakaran at paraan. Hindi nagawang “isistema” ni Ferriols itong buhay na pakikipagsapalaran sa Meron. Naipakita niya na posible isatupad itong pagbibigkas sa Meron sa pamamagitan ng maingat na pag-iisip na babad sa konkretong pagprepresensiya ng mga nagmemeron. Sa kanyang istilo ng pammimilosopiya, naipapakita niya na nagsisimula ang paglakbay sa kadiliman ng Meron sa simple at maingat na paglalarawan ng pagprepresensiya ng nagprepresensiya. Ito ang kanyang penomenolohikong metodo—ang maingat na paglalarawan na pinahihintulutan magpresensiya ang nagprepresensiya sa pagkakankreto tungo sa paggising ng alaala ng Meron.

Marahil, gawain ng mga susunod na henerasyon ng mga pilosopo na matuklasan ang paraan para mabigyang artikulasyon ang paraan ng mahiwagang paggising ng alaala ng Meron. Ano ba ang paraan para mabalanse ang pananantiling babad sa presensiya at mabigyan ang pagkamulat na ito ng artikulasyon? Papaano nababalanse ang pagbubuo ng sistemang makakaktulong sa pag-unawa sa Meron at patakaran ng higit na pagsisid sa kadiliman ng Meron? Hindi madaling maisatupad ang mahalagang gawaing ito. Ito ang pagsisikap ni Heidegger bigyang artikulasyon ang karanasan ng *Ereignis* at paraan ng pagbukas ayon sa paraan ng *Gelassenheit* at buod ng pagsisikap ni Marcel na isatupad ang *pensée pensée*.<sup>33</sup> Subalit tilang nawala na sa uso ang tanong na ito. Hindi na sinusubukang ipatupad itong pagmumuni-muni na binibiyak ang takdang mga sistema ng kaalaman para ipatupad ang pagsisid sa kadiliman ng

---

<sup>33</sup> Martin Heidegger, “Letter on Humanism,” trans. by Frank A. Capuzzi and J. Glenn Gray, in *Basic Writings*, ed. by David Farrell Krell (New York: Harper Collins, 2008), 218–19. Gabriel Marcel, “Paghahanap sa Tunay na Tanong,” trans. by Porfirio C. Mogar, in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, 80–103.

Meron. Hangarin ng pilosopiya ngayon na bumalik sa komportableng pagbubuo ng mga sistema ng konseptong malinaw at tiyak. Kaya mahalagang suriin ang ginagawa ng mga etnomusikologo dahil naging masigasig sila sa pagbubuo ng bagong mga kategoriya ng pagpapatupad ng pananaliksik na nagiging mga gabay na patakaran sa pagbubukas sa radikal na ka-iba. Kailangan ng pilosopiya, lalo na ang pilosopiya sa Pilipinas, na matuklasan ang ganitong ka-radikal at malikhain na paraang pilosopiko tungo sa radikal na pagbubukas sa radikal na hiwaga ng Meron.

Hindi ito magagawa kung makukulong ang tao sa mga katamaran ng pag-uunawa. Kailangan ng mas malalim na pagtitiwala na may kakayahan ang taong mabukas sa Meron para hindi agad ikulong ang Meron sa kahong maayos. Ayon kay Ferriols, ang talinhaga ng tunay na pag-iisip ang bungang-isip. Ang tunay na kaisipan ay parang bunga na tinatanim sa Meron. Lalong tinatanim sa lupa ng presensiya ng Meron ang kaisipan, lalong nagigising sa tao ang alaala ng Meron. Kailangan ng pilosopiyang unawain kung anong uring kaisipan ang nagbabaon ng katwiran ng tao sa Meron. Hangga't malagpasan ang mga katamaran ng Modernong katwiran, hindi ito mangyayari.

*Department of Philosophy, Ateneo de Manila University, Philippines*

## References

- Ferriols, Roque, J., *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992).
- \_\_\_\_\_, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991).
- \_\_\_\_\_, *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995).
- Heidegger, Martin, "Letter on Humanism," trans. by Frank A. Capuzzi and J. Glenn Gray, in *Basic Writings*, ed. by David Farrell Krell (New York: Harper Collins, 2008).
- Kant, Immanuel, *Prolegomena to Any Future Metaphysics, with Selections from the Critique of Pure Reason*, rev. ed., trans. and ed. by Gary Hatfield (Cambridge: Cambridge University Press, 1997).
- Kuhn, Thomas, *The Structure of Scientific Revolutions* (Chicago: Chicago University Press, 1992).
- Marcel, Gabriel, "Ang Bulagang 'Heto Ako!'," trans. by Nonna J. Peña, in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, ed. by Roque J. Ferriols (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999).

## 20 ANG KATAMARAN NG PAG-IISIP AT ANG ALAALA NG MERON

\_\_\_\_\_, "Paghahanap sa Tunay na Tanong," trans. by Porfirio C. Mogar, in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko*, ed. by Roque J. Ferriols (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999).

Nono, Grace, *Song of the Babaylan* (Quezon City: Institute of Spirituality in Asia, 2013).

Discourse in Filipino Philosophy

## **Tao bilang Tagpuan: Roque Ferriols, San Agustin, at ang Puntong Omega**

---

**Mark Joseph T. Calano**

**Abstract:** In his book *Pilosopiya ng Relihiyon*, Roque Ferriols argued that the encounter between God and the human person can be concretely experienced in the attempt of being human. What does he mean by this statement? This paper tries to understand this statement in three parts. The first part analyzes Ferriols's assertion of the role of *damdamin*, the personal nature of God, and our encounter with others and God. In trying to understand this relational (rather than conceptual) encounter with God, we move to Augustine of Hippo's discussion of remembering, knowing, and willing (or loving) as the mental faculties that are reflective and analogical of the Trinity in the human person; the second part situates the discourse within a Christian narrative that argues for Christ as the exemplar and fullness of humanity. The third part discusses Ferriols's treatment of Teilhard de Chardin's Omega Point, where evolution leads us to further creation instead of destruction; this part connects with the second part in that Ferriols (drawing from de Chardin) speaks of the Omega Point as 'possibly' referring to Christ. It further discusses how we are invited into this personal love that unites and creates us in the process of being more human.

**Keywords:** Augustine, Ferriols, human person, Omega Point

### Pambungad

Diyos ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. At sila’y binasbasan ng Diyos, at sa kanila’y sinabi ng Diyos, “Kayo’y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa’t hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa” (Genesis 1:26-28).<sup>1</sup>

**K**adalasang ginagamit ang sipi sa itaas upang tukuyin ang dibinong pagmemeron at pagkawangis ng tao. Ngunit para kay Roque Ferriols, may dalawang kataga na ginagamit upang tukuyin ang dibinong nagmemeron: mahal at banal.<sup>2</sup> Ayon sa kaniya, mahal ang katagang ginagamit natin upang tukuyin ang karanasan ng pagbibigay halaga. Ngunit hindi lamang ito usapan ng halaga, may ginagampanan din ang kilos ng pag-ibig. Sa ating pagmamahal sa kapuwa ay natatauhan tayo sa isang kilos na maka-Diyos. Paliwanag ni Ferriols, “Pag-ibig ang pinagsisilangan ng pagmamahal, na humihigit pa sa pag-ibig at umiiral sa pinakabuod ng ating pagkatao ... Ang buod ng karanasang mahal ay isang pagsasaatin ng Maykapal at isang pagsasa-Maykapal natin.”<sup>3</sup> Banal naman ang salita na ginagamit upang tukuyin ang isang paggalang sa pakikipagugnay sa Diyos na higit pa sa anumang panlabas na kilos; isang ugnayan sa Maykapal na “nasa kalooban ng tao” at “maaninagan, mahuhulaan lamang ng kaniyang kapuwa.”<sup>4</sup> Ang banal ay isang pagsamba na kumikilos sa kalooban ng tao ngunit ay sabay na nagpapakita sa kilos na “sumasatao ang Maykapal at sumasa-Maykapal ang tao.”<sup>5</sup> Para kay Ferriols, kahit na magkaiba ang diin at ang tinutukoy ng banal at ng mahal, parehong karanasan naman ang tinutukoy ng dalawang kataga na ito.

Kung titingnan ang kahulugan ng banal at mahal, ang dalawang kataga ay kumikilos sa kalooban ng tao patungo sa pagmamahal at pagkakawanggawa sa kapuwa at sa pagpuri at pagsamba sa Diyos. Habang mayaman ang larangan ng mahal (at banal at may paghiwatig ito sa Diyos),

<sup>1</sup> Lahat ng sipi sa Bibliya sa papel na ito ay binago ng kaunti ng may-akda at mula sa *Ang Banal na Kasulatan na Kinalalamnan ng Matanda at Bagong Tipan na Isinalin sa Wikang Tagalog* (Manila: Philippine Bible Society, 1982).

<sup>2</sup> Roque Ferriols, “Karanasang Mahal-Banal,” in *Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1999), 173-181.

<sup>3</sup> *Ibid.*, 173-174.

<sup>4</sup> *Ibid.*, 174.

<sup>5</sup> *Ibid.*

nakakagat naman ang ugnayan ng mahal at banal sa ating pagpapakatao. Sa *Pilosopiya ng Relihiyon*, nilinaw ni Ferriols na ang kadalasang tagpuan ng tao at ng mahal-banal ay makikita sa pagsusumikap ng tao na makipagkapuwa tao.<sup>6</sup> Ngunit hindi niya ito binigyan ng paliwanag.

Layunin ng papel na ito na ipaliwanag kung papaano nagaganap ang tagpuan ng tao at ng banal sa ating pagsusumikap makipagkapuwa; pag-uusapin ko sina Roque Ferriols, Agustin ng Hippo, at Teilhard de Chardin upang mabigyang linaw kung papaanong ang tao ay tagpuan ng banal, kung papaanong ang malay-tao ay kawangis ng Banal na Santatlo, at kung papaanong ang buong sannilikha ay uuwi sa puntong Omega. Binubuo ng tatlong bahagi ang papel na ito. Ang unang bahagi ay isang paglalahad o pag-uulit ng kaisipan ni Ferriols na umiikot sa pag-uunawa sa tao bilang tagpuan ng mahal-banal. Upang maintindihan ito, aking ipaliliwanag ang papel na ginagampanan ng damdamin, ang pagkapersonal ng Banal, at ang tao bilang tao. Ang pangalawang bahagi ay isang pagsubok na gamitin ang kaisipan ni Agustin upang ipaliwanag at sabay itulak ang kahulugan ng talata na tao ang tagpuan sa banal. Dito ko ipinaliwanag ang mga kilos ng malay-tao bilang paggunita, pag-unawa, at paghangad, at ang kanilang ugnayan sa Banal na Santatlo. Ang ikatlong bahagi naman ay isang pagbabalik sa *Pambungad sa Metapisika* at sa usapin dito ukol sa Puno ng Buhay, Puntong Omega, at Pag-ibig.<sup>7</sup>

### A. Damdamin, Personal, Tao

Sinimulan ni Ferriols ang kaniyang talakayan ukol sa pakikipagtagpo sa banal sa tungkulin at gampanin ng damdamin; taliwas ito sa nakasanayang kilos ng pilosopiya na nagsisimula sa isip. Habang mahalaga ang papel na ginagampanan ng isip, may kakaibang uri ng paggising na idinudulot ang ating mga damdamin.<sup>8</sup> Ayon kay Ferriols, ang mga pagbabago na ito rin ang nagsasangkot sa ating kalooban sa isang malalim na uri ng pakikipagkapuwa tao. Binigyan niya ng diin na ang simula ng bawat pakikipagtagpo sa mahal-banal ay hindi nagaganap sa larangan ng isip, bagkus ay nagsisimula at nagaganap sa larangan ng ating mga damdamin. Sa pagkagat ng kaniyang pagtalakay sa aspeto ng damdamin, iniwasan ni Ferriols ang mga tinatanong ng isipan; ito ay sapagkat hindi

<sup>6</sup> Roque Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: BlueBooks, Ateneo de Manila University Press, 2014), 7.

<sup>7</sup> Roque Ferriols, "Theological Aspects of Cultural Adaptation," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio S. Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1997), 223-237.

<sup>8</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 1.

## 24 TAO BILANG TAGPUAN

tinatanong ng damdamin kung meron o kung totoo ba;<sup>9</sup> may kakaibang uri ng pag-alam na dulot ng damdamin.

Tila бага may kilos ang damdamin na hindi katulad ng ginagawa ng isip; humihiwatig ang kilos ng damdamin. Paliwanag ni Ferriols, “Ang damdamin na hindi lamang nagpapamalay sa kalagayan ng katawan kundi may pinagmumulan at may tinutunguhan, kung kaya’t ang tinutunguhan ay nagbibigay-balangkas sa malay-tao ... ang ganyang damdamin ay maaaring pagmasdan, masusing tuonan ng pagsusuri.”<sup>10</sup> Sa pagsisimula sa damdamin, maaaring sabihin na penomenolohiya ang metodo ni Ferriols. Ngunit ayon sa kaniya, ang metodo ng pagmamasid sa balangkas ng malay-tao ay hindi penomenolohikal, ngunit ito ay maka-penomenolohiko. Mahirap bigkasin ang metodo na ito, ngunit maaari naman itong mahiwatigan sa mga susunod na bahagi ng papel.

Kung ang simula ng ating diskurso ay ang isip, maaaring pag-usapan ang Diyos sa isang unibersal na pamamaraan at sa ganyang kalagayan ay masasabi na impersonal ang Diyos. Ngunit sa pagkagat ng ating karanasang banal sa damdamin, tila бага may isang uri ng pagkapersonal ang Diyos. Impersonal o Personal? Habang may mga nagsasabi na ang Diyos ay impersonal (at sa ganyang kalagayan ay higit sa atin at dakila), meron din naman nagsasabi na ang Diyos ay personal (at sa ganyang kalagayan ay binibigyan halaga ang tao). Sa ating damdamin, nakarating tayo sa isang personal na kamalayan ng Diyos na parating buo at kumpleto sa karanasan ng pakikipagkapuwa gamit ang ating kalooban. May mas mahabang paliwanag si Ferriols:

Kapag ang nabiyayaan ng pakikipagtagpong personal sa banal ay umaakyat sa mataas na bundok at natatanaw niya ang malawak na kapatagan sa ibaba na umuunat hanggang sa dagat, at ang dagat naman na umuunat hanggang sa langit, habang ang langit naman ay umaakyat at, mula sa itaas, ay sinusubukan siya ... dumarating lahat ito sa kanya bilang salita sa kanya ng banal o kaya katahimikan ng banal. Palagi siyang nakikinig sa salita o katahimikan ng banal. Kapag siya’y nanliliit, ito’y sapagkat nadarama niya ang paglapit sa kanya ng walang-hanggan na pagkalinga at pagbibigay-halaga. Ang bawat pagharap at pagdanas sa banal ay natatablan ng pakikipagkapuwa sa kanya. Araw-araw na pangyayari ang pakikipagsagutan ng kalooban ng tao

---

<sup>9</sup> Roque Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: BlueBooks, Ateneo de Manila University Press, 2014), 213-214.

<sup>10</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 10.

at ng ubod lalim na kalooban ng banal. Pangyayari na kung minsan kaluwalhatian kung minsan konsumisyon, pero palagi pa ring pangyayari.<sup>11</sup>

Sapagkat may personal na aspeto ang banal, hindi ito maaaring sakupin ng konseptong unibersal. Ang karanasan ng personal na pakikipagtagpo sa banal ay palagiang kakaiba at magkaiba; ito ang bumubuo sa kuwento ng patuloy na pakikipagtagpo sa banal na personal na sabay tumatawag at tumutugon sa tao.<sup>12</sup>

Sapagkat personal ang mahal-banal, tinawag ito ni Ferriols na Diyos, “ang ubod na meron na personal sa kaniyang kaganapan.”<sup>13</sup> Dito tayo matatauhan na ang pakikipagtagpo sa Diyos ay kailanman higit sa anumang uri ng pagkokonsepto at paglalarawan.<sup>14</sup> Dito nagiging mahalaga ang kaniyang pagtalakay sa damdamin. Sapagkat ang pagkokonsepto at paglalarawan ay kilos ng isip, mauunawaan natin na mahihiwatigan lamang ang banal at ang paghihiwatig ay bahagi ng kilos ng damdamin. Ngunit dahil pahiwatig lamang ang ating pinakamalapit na mararating sa harap ng Diyos, babalik tayo sa pinaka-ordinaryo at simpleng karanasan ng pakikipagtagpo sa ating kapuwa tao. Sa pagtingin at paglapit sa karanasan ng pakikipagkapuwa, nahihiwatigan natin ang pakikipagtagpo sa banal.

Sa ating pag-unawa sa ating pakikipagtagpo sa ating kapuwa, nagkakaroon tayo ng ideya sa kung ano ang nagaganap sa ating tagpuan: “sumasaiyo sila at sumasakanila ikaw.”<sup>15</sup> Sa salitang Latin, ito rin ang kahulugan ng *praesens* na maaari daw hatiin sa salitang *ens* na nagmemeron at sa *prae* na ang kahulugan ay sa harapan. Ang pakikipagtagpo ay maaaring intindihin bilang “[p]akikipagtagpo ng kalooban sa kalooban.”<sup>16</sup> Mahalagang intindihin na ang tagpuan ay nasa kalooban ng tao, bahagi ng kaniyang malay-tao, ngunit ay nasa looban. May pagsasa-isa’t isa sa kalooban ng bawat kalooban na nakikipagtagpo.

Ang pagpresensiya ay nagaganap sa iba’t ibang kilos ng malay-tao: paggunita, pag-unawa, at paghangad; ngunit ay higit pa sa lahat ng kilos na ito ang bukal ng pagprepresensiya. May tunggalian na nagaganap sa pagbuo at sa laro ng presensiya: lapit-layô. Sa paliwanag ni Ferriols,

---

<sup>11</sup> *Ibid.*, 12.

<sup>12</sup> *Ibid.*, 13.

<sup>13</sup> *Ibid.*

<sup>14</sup> *Ibid.* Tingnan din ang Jacklyn Cleofas, “Konsepto at Pag-asa ayon kay Ferriols,” in *Perspectives in the Arts and Humanities Asia (Special Issue: Philosophy and Roque J. Ferriols, SJ)*, 5:1 (2015), 21-40.

<sup>15</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 14.

<sup>16</sup> *Ibid.*



Kung mas tumitindi ang pakikipagkapuwa, kung mas naglalapitan, nagtatalaban ang loob, mas natatauhan na ang kapuwa ay may kalaliman na sagrado, may hiwaga na hindi maaring ariin ninoman. Kaya't may nagaganap na magalang na pag-urong, mapitagang paglayô. Ngunit, kung mas gumagalang, kung mas namimitagan ang tao sa kapuwa ay lalo siyang natatauhan na ubod ng magaling at mahalaga ang hiwaga ng kapuwa, kaya't lalo siyang naaakit at lalo siyang napapalapit.<sup>17</sup>

Sa ganitong pag-uunawa, bumubuo tayo ng pamayanan ng mga malay-tao na nakikipagtagpo sa harap ng dinamikong sansinukob. Ngunit nabanggit lamang natin ang kilos ng tao sa kaniyang pakikipagtagpo sa tao. Maari bang sabihin na ganito rin ang kilos ng pakikipagtagpo sa banal?

Tila ang batayan ni Ferriols ay ang kaniyang personal na pag-uunawa na kadalasan o madalas pa sa kadalasan “ang banal ay lumalapit sa tao sa loob mismo ng pagsisikap ng taong makipagtagpo sa tao.”<sup>18</sup> Sinuportahan niya ito ng obserbasyon mula sa iba pang mga rehilyon na nagkakaisa sa pagsisikap na galangin ang kapuwa—“na sa pakikipagkapuwa-tao ay tumutubo ang paniniwala sa banal.”<sup>19</sup> Ang katapatan na ito sa kapuwa ang siyang nag-uudyok sa atin na buoin ang sarili sa harap ng tentasyon na sirain ito. Ang kapuwa, na maaari ring Diyos, ang siyang “umuudyok, tumatawag, nagbibigay-loob”<sup>20</sup> sa atin. Papaano at saan natatagpuan ang Diyos sa kapuwa at sa tao?

## B. Malay-tao kay Agustin

May nag-iisa at natatanging pagkakataon sa Bibliya na mababasa na ang tao ay tagpuan sa banal; ito ay sinipi na natin sa simula ng papel na ito. Sa siping nabanggit, mababasa sa pagpapahayag ng Diyos kung sino ang tao. Alam natin na ang tao ay may hinihiwatig ukol sa kaniyang kawangis. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang Exodo 20:4 kapag sinusubok unawain ang Genesis 1:26-28. Sabi nga ni Tomas de Aquino, “hindi natin kayang alamin kung ano ang Diyos, kaya lamang natin alamin kung ano hindi Siya.”<sup>21</sup>

<sup>17</sup> *Ibid.*, 15.

<sup>18</sup> *Ibid.*, 16.

<sup>19</sup> *Ibid.*

<sup>20</sup> *Ibid.*

<sup>21</sup> Tomas de Aquino, *Summa Theologica [All Complete & Unabridged 3 Parts, Supplement & Appendix, and Annotations]*, translated by Fathers of the English Dominican Province (New York: NY, Benzinger Brother, Inc., 1948), I.I. q.1-8. Akin ang salin.

Sa konteksto ng kaniyang pagiging Katoliko at Heswita natin makikita kung bakit ang pamimilosopiya ni Ferriols ay isang pagsubok na bigkasin at kilalanin si Kristo.<sup>22</sup> Para sa kaniya, malinaw ang paanyaya na hubugin ang ating pagkatao na kawangis ni Kristo; iyan din ang pamamagitan ng kaniyang pakikipagtagpo kay Kristo. Dito muling papasok ang damdamin sapagkat maaari lamang nating gayahin at tularan ang mga bagay-bagay kung tunay natin itong iniibig; ang maging kaisa ang tao na hindi natin iniibig ay malapit na sa imposible. Kung ang pakikipagtagpo sa Diyos ay matatamo lamang sa pagsunod kay Kristo (ang wagas na kawangis ng Diyos), dito makikita at mauunawaan kung bakit kinakailangan hubugin ang ating pagkatao ayon sa Diyos Anak. Ang posibilidad nito ay nakakagat sa artikulo ng ating pananampalataya na sapagkat si Kristo ay Anak ng Diyos na naging tao—ang Salita ng Diyos na Nagkatawang Tao—siya ay tao rin. Si Kristo ang natatanging *imago Dei*, sapagkat si Kristo ang Anak ng Diyos na siya ring sukdulang kawangis ng Ama. Bilang Anak ng Diyos, bilang natatanging Anak ng Diyos, si Kristo ay masasabi rin natin na natatangi at nag-iisang kawangis ng Ama. Sa ganitong pananaw, ang tao ay hindi ang natatanging imahe ng Diyos, at ito ay isinasaad ng Genesis 1:26, “Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis.” Kung iintindihin natin sa kontekstong ito, nangangahulugan na tayo ay hinulma sa imahe ng Diyos Anak na kawangis naman ng Diyos Ama. Samakatuwid, ang tao ay hindi maaaring maging *imago Dei* na hiwalay sa ating ugnayan kay Kristo Hesus.

Habang naniniwala si Agustin na nakakagat ang ating pagiging *imago Dei* kay Kristo, ito ay hindi sapat. Sa kaniyang *De Trinitate*, ating mauunawaan ang konteksto ng pagtalakay ni Agustin sa kaniyang pilosopikal na pag-unawa sa misteryo ng Banal na Santatlo. Katulad ng paglalahad ni Ferriols, ginamit ni Agustin ang tao upang mas lalong masumpungan ang Diyos.<sup>23</sup> Sa unang pitong libro ng *De Trinitate*, nagbigay si Agustin ng mga Biblikal na batayan sa doktrinang ito.<sup>24</sup> Ngunit matapos ang pitong libro ay tila kulang pa rin ang kaniyang natalakay ukol sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo; hindi pa malinaw kung bakit ang Diyos ay may tatlong persona. Kaya sa ikawalong libro, natanto niya na hindi niya

<sup>22</sup> Roque J. Ferriols, *Sulyap sa Aking Pinanggalingan*, ed. by Leovina Ma. Garcia (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016).

<sup>23</sup> Habang may tonong teolohikal ang akda, iginigiit ng may-akda na ito ay pilosopikal batay sa argumento ni Marion. Tingnan ang Jean-Luc Marion, “On the Foundation of the Distinction between Theology and Philosophy,” ed. by Philippe Capelle-Dumont, trans. by John Carlo P. Uy and Eduardo Jose C. Calasanz, in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 13:1-3 (2009), 15-46. Ayon sa kaniya, hindi pa itinuturing na magkahiwalay na disiplina ni Agustin ang teolohiya at pilosopiya sapagkat ang paghihiwalay na ito ay dulot lamang ng kaisipan at pagkokonsepto ni Tomas de Aquino.

<sup>24</sup> Agustin, *On the Trinity*, ed. by Gareth B. Matthews, trans. by Stephen McKeena (Cambridge: Cambridge University Press, 2002), Books I-VII.

## 28 TAO BILANG TAGPUAN

maaaring tignan ang Diyos ng harapan, at doon siya nagpasya na hanapin ang Diyos sa kaniyang kawangis. Sapagkat binanggit sa Bibliya na ang tao ay kawangis ng Diyos at tinitiyak ng pananampalataya na ang iisang Diyos ay Santatlo, napagtanto niya na marahil posibleng mahiwatigan ang Banal na Santatlo sa tao. Samakatuwid, ipinahihiwatig niya na sa tao, na nilikhang kawangis ng Diyos, natin masusumpungan ang misteryo ng di-nilikhang Santatlo.

Habang tinatanggap ni Agustin na ang tao ay kawangis ng Anak ng Diyos, hindi naman niya tinatanggap na tayo ay kawangis lamang ng ikalawang persona. Malinaw ang wika ng Bibliya na tayo ay nilikhang kawangis ng Diyos. Kaya raw nakasulat sa Genesis 1:26 na “lalangin *natin* ang tao sa *ating* larawan, ayon sa *ating* wangis” at hindi “lalangin natin ang tayo sa *iyong* larawan, ayon sa *iyong* wangis.” Sapagkat ang Banal na Santatlo ay magkakapantay-pantay, at iisang Diyos, sumusunod na ang kawangis ng isa ay kawangis ng lahat; hindi lamang tayo kawangis ni Hesus kung hindi ay kawangis din ng Banal na Santatlo.

Sa pagtingin sa tao, nasumpungan ni Agustin kung ano ang Diyos. At sapagkat alam niya sa kaniyang kalooban na ang Diyos ay Ama, Anak, at Espiritu Santo, nahihiwatigan niya ang isang balangkas na sumasalamin sa dibinong misteryo. Para kay Agustin, ang pananalamin ng tao sa misteryo ay sapat na upang maunawaan ang Diyos. Dito makikita ang hangarin ni Agustin na bigyang wangis ang Diyos mula sa kaniyang konkretong pagdanas ng tao at kapuwa. Ibig sabihin, habang Diyos ang sinusubukang bigkasin, ang kaniyang metodo at pamamaraan ay hango pa rin sa kung ano ang kayang abutin ng isip at damdamin.

Ngunit sa isang kakaibang pamamaraan, hindi hinanap ni Agustin ang Diyos sa kaluluwa ng tao; bagkus ay sinayasat niya ang ating malay-tao. Nakita niya ang isang balangkas na bumubuo sa malay-tao bilang paggunita, pag-unawa, at paghangad; itong kilos ng malay-tao rin ang pinakakaganapan ng ating pagiging tao (at ito ay binubuo ng paggunita, pag-unawa, at paghangad sa Diyos). Iba ang kilos ng paggawa sa kakayahan at kilos ng malay-tao. Kung iintindihin ang paggunita, pag-unawa, at paghangad bilang simpleng kakayahan ng malay-tao, maaaring isipin na naroon lamang ito; ngunit kapag uunawain ang tatlo bilang mga kilos ng malay-tao, matatanto natin na ito ay kinakailangang maisakatuparan at magawa.

Ngunit bakit pinili ni Agustin ang tatlong kilos ng malay-tao (paggunita, pag-unawa, at paghangad) upang kumatawan sa Ama, Anak, at Espiritu Santo? Sa totoo lang, hindi agarang naisip ni Agustin na bumaling sa mga kilos ng malay-tao upang kumatawan sa Banal na Santatlo. Ang nais lamang niya ay bigyang liwanag (marahil sa pamamagitan ng *analogia*) ang eternal na ugnayan ng Anak (ang Salita) at ng Ama sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Samakatuwid, nais lamang ni Agustin na makapagbigay ng

posibleng *analogia* sa ugnayan ng Banal na Santatlo. Sinimulan niya ito sa pagtalakay ng dalawang saligan ng kilos ng isip: ang pandama at hilig sa mga bagay-bagay. Ngunit alam din niya na ang misteryo ng Santatlo ay ang misteryo ng Diyos sa kaniyang persona; at hindi ang misteryo ng Diyos kaugnay ang kaniyang san-nilikha. Kung ganoon, kinakailangan ni Agustin hanapin sa kaniyang kalooban ang isang *analogia* upang maipahiwatig ito; at dito, hindi sapat ang kakayahan ng isip na damahin at hiligin ang mga bagay. Kaya, hinanap niya ang kakayahan ng ating malay-tao na pagmunihan ang sariling pag-iisip at pagmamahal. Sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa kaniyang persona, binubuo ng sarili (gamit ang pag-uunawa) ang kaniyang persona; maaari ring sabihin na gamit ang ating malay-tao, bumubuo tayo ng kuru-kuro tungkol sa ating persona. Ngunit papaano? Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga kuru-kuro gamit ang iba't ibang wika, nabubuo at napagpapatuloy ang kaalaman at karunungan; ang pagdating at ang pagbigkas nito ay maihahambing sa proseso ng pagbuo at pagsilang.<sup>25</sup> Iyan ang ginamit ni Agustin upang tukuyin ang kaniyang kakayahan na bumuo ng konsepto sa kaniyang pag-unawa; ang katagang mabubuo at maisisilang sa proseso ay tinawag niyang 'salita.' Kung 'salita' ang gamit niya upang pag-usapan ang kaniyang kakayahan na umunawa at pagmunihan ang isip, natanto niya na 'Salita' (o sa Griyego ay *logos*) rin ang gamit sa Ebanghelyo ni San Juan 1:1 upang tukuyin ang Diyos Anak; ganito rin ang kahulugan ng 'salita' (o sa Latin ay *verbum*) upang tukuyin ang kaalaman, kuru-kuro, at kahulugan.

Ang malay-tao na umuunawa sa kaniyang salita ay hinahangad din ang kaniyang ipinabatid. Ang malay-tao na kayang unawain ang kaniyang persona, at sabay pinagmumunihan ang kaniyang malay-tao, ay hinahangad din sa kaniyang inuunawa. Ito ang kilos ng pag-ibig na mula sa damdamin. Ganito rin ang sinasabi sa Bagong Tipan ukol sa Anak ng Diyos na siya ay pag-ibig (1 Juan 4:8, 16); ngunit kahit hindi pilitin ang teksto, maaari rin itong gamitin upang tukuyin ang Espiritu Santo. Kaya masasabi na sa kilos ng malay-tao (sa kaniyang kakayahan ng unawain ang kaniyang persona at sabay ibigin at hangarin ito), masusumpungan ang isang pagpapahiwatig sa Espiritu Santo.

Ngunit tila may mali sa *analogia* ni Agustin. Ang nabanggit na kilos ng malay-tao (ang kaniyang pagmumuni-muni sa kaniyang pag-unawa at ang sabay na paghangad rito) ay tila tumutukoy lamang sa banal at hindi sa Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ngunit kung babasahin nang maigi si Agustin, mauunawaan na ang salita ng Diyos ay maaaring tumutukoy sa kahit na sinong persona (Ama, Anak, o Espiritu Santo) o sa Banal na Santatlo. Ayon

---

<sup>25</sup> Tila ganito rin ang sinasabi ni Ferriols. "Ang conceptus ay isang inilili at binuo sa sinapupunan ng ina." Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 3.

sa kaniya, ang salitang ‘Diyos’ ay isa lamang pagpapahiwatig sa ‘diwa’ ng Diyos; habang ang mga pangalang pantangi naman ay naghahayag ng kanilang ugnayan sa isa’t isa. Ang ugnayan ng Banal na Santatlo sa isa’t isa ang siyang nagpapatanyag at nagbubukod sa kanila. Kung ganoon, sa kilos ng malay-*tao*, mahihiwatigan ang ugnayan ng Banal na Santatlo; habang ang malay-*tao* mismo naman ay maaaring tumukoy sa diwa ng Diyos. Ibig sabihin, ang katagang malay-*tao* ay hindi tumutukoy sa kahit na anumang ugnayan hanggang hindi ito tahasang ipinahihiwatig.

Upang makahanap ng mas akmang *analogia*, kinakailangan ni Agustin na baguhin ang katagang pag-unawa at gumamit ng isang kataga na tumutukoy sa kakayahan ng malay-*tao* na pag-isipan ang kaniyang sariling isip; tinawag niya itong kilos ng malay-*tao* na gunita. Upang maintindihan ang pagkaangkop na ito, kinakailangang alalahanin na ang pag-unawa (gaya ng pag-alam at pagkilala) ay tumutukoy rin sa paggunita; ang mga katagang Latin para sa isip at unawa (*mens*) at gunita (*memoria*) ay tila may pagkakaisa. Samakatuwid, nakumpleto ni Agustin ang *analogia* ng Banal na Santatlo sa pamamagitan ng tatluhang kilos ng malay-*tao*: paggunita, pag-unawa, at paghangad sa kaniyang sariling malay-*tao*.

Ano ang halaga ng paggunita sa usapin ng persona? Kadalasang ginagamit ang gunita upang tukuyin ang mga bagay na lumipas, na nakaraan, o na tapos na; ngunit ang malay-*tao* ay laging narito sa kasalukuyan ng ating persona. Ngunit para kay Agustin, ang paggunita sa persona ay may pagka-di-karaniwan (kaugnay ng panahon) at sumasaatin ngayon. Sinipi niya si Virgil upang makita ang karanasan ni Ulysses sa kuweba ni Polyphemys. Makikita sa kuwentong ito kung papaano hindi kinalimutan ni Ulysses ang kaniyang persona. Sa ganiyang pamamaraan din natin maaaring gunitain ang ating mga persona. Ito ang tinatawag natin sa wikang Ingles na “*presence of mind*” o ang paggunita sa persona na tumutukoy rin sa pangunahing presensiya ng isip sa kaniyang sarili. Ang malay-*tao* ay tumutukoy sa pagkabatid sa persona na masusumpungan lamang sa pamamagitan ng paggunita sa kaniyang persona.<sup>26</sup> Ngunit hindi ba ito rin ang kahulugan ng pag-unawa sa persona? Hindi ba parehas lamang ang tinutukoy ng dalawang kilos (paggunita at pag-unawa) na ito ng malay-*tao*? Upang tugunan ang pagsalangsang na ito, itinuon ni Agustin ang ating pansin sa iba pang kilos ng kaluluwa na tila may santatlong balangkas din. Ito ang mga pandama at ang mga hangarin na tumutuon sa mga nasa labas ng tao. Kasama rin dito ang mga iba’t ibang nibel ng pagtingin, at ang paggunita sa mga ordinaryong bagay na atin ng nakita, naaalala, at nadanas.

---

<sup>26</sup> May malawak na paglalapat sa gunita sa: Agustin, *Confessions*, trans. by Henry Chadwick (Oxford: Oxford University Press, 2009), Book X, Chapter 17.

Para kay Agustin, ang malay-tao ay *analogia* ng Banal na Santatlo hangga't ito ay kamalayan ng sarili nitong presensiya at paggunita; sa pamamagitan ng pagbaling sa sariling presensiya at paggunita, dumarating tayo sa nibel ng sariling pag-unawa. Hindi ba at ganito rin ang ugnayan ng Anak na sumilang (at hindi ginawa) sa Ama bago pa nagkapanahon, Diyos buhat sa Diyos na siya rin, Walang hanggang Salita? Sa pagbaling sa ating malay-tao, nauunawaan natin ang natatanging pagkakaisa at pagkakatantay ng ating sariling paggunita at pag-unawa; gayon din ang kanilang hangganan at uwian sa ating kalooban. Kung mauunawaan natin ang balangkas na ito, masusumpungan din natin ang katotohanan ng banal. Sa balangkas din na ito masusumpungan kung papaanong ang sariling paggunita ng malay-tao ay bumubuo sa kaniyang sariling pag-unawa at sumasabay rin sa kilos ng kaniyang sariling pag-ibig o paghangad. Ang pag-ibig at paghangad na ito ang siyang nagdudulot ng pagtanggap at pagpapahalaga sa persona na sabay kapantay at uwian din ng kaniyang persona. Dito nakukumpleto ang tatlong kilos ng malay-tao: pag-unawa, paggunita, at paghangad. Ang huling kilos ng malay-tao ay hindi mapag-uusapan gamit ang konsepto o ang *analogia* ukol sa pagpapaanak o paglikha; sa ganyang pamamaraan din natin hindi maiintindihan ang Espiritu Santo na nanggaling sa—at hindi ipinanganak o nilikha ng—Ama at ng Anak.

May halaga ang sinasabi ni Agustin kung uunawain natin ito sa kaniyang sariling balangkas. Malinaw naman na hindi ito ang huling salita ukol sa ugnayan ng Banal na Santatlo at ng mga kilos ng malay-tao. Sinabi na natin sa itaas na naghanap si Agustin ng sapat na *analogia* sa kaniyang malay-tao upang hiwatigan ang ating personal na paggunita, pag-unawa, at paghangad sa Diyos; naipakita na rin natin ito sa pamamagitan ng angkop na paggunita, pag-unawa, at paghangad ng ating sarili. Masusumpungan ang Diyos sa kilos ng ating malay-tao sa ating personal na kalooban; at matatagpuan natin ang ating personal na kalooban sa pamamagitan ng pakikipagtagpo sa Diyos. Ito rin ang kahulugan ng mga kataga ni Agustin sa *Confessiones* na *intimior intimo meo* na ang salin ay maaaring “mas malapit sa akin kaysa sa aking pinakamalalim na persona.”<sup>27</sup> Ang kabuoan ng tao at ng kaniyang kapuwa ay matatagpuan lamang sa patuloy na paghigit sa ating mga sarili patungo sa pinakasaligan ng ating buong pagkatao—ang Diyos.

Ano ang ibig sabihin nito? Na kinakailangang gunitain ang tao bilang *imago Dei* ay hindi lamang isang obhetong kalagayan. Sa ayaw natin o hindi, nakakamit ang magpakatao. At ito ay nakakamtan lamang ng mga kinapal ng Diyos—biyaya at batay pa rin sa Diyos. Dahil diyari, wala tayong masasabi na obhetong kawangis ng Diyos na maaaring hangarin; bagkus, maaari lamang natin unawain ang pagiging kawangis sa loob ng mga kilos ng

---

<sup>27</sup> *Ibid.*, III, 6.11.

## 32 TAO BILANG TAGPUAN

pagdikit at pagkapit, paghawak at paninindigan, pag-anib at pagsangayon sa Diyos na siya lamang uwian at huwaran.

Muli, para kay Agustin, at kaiba ng sinasabi ni Tomas de Aquino at ni Aristoteles, ang angkop na daan patungo sa Diyos ay personal at ang kabatiran nito ay isang panloob na kilos at hindi kailanman isang panlabas na pagtanaw sa isang obheto sa mga nilikha. Natatagpuan ang Diyos sa kaibuturan at kaibhan ng bawat tao. Kapag ginagamit ng tao ang kaniyang kakayahan na gunitain, unawain, at hangarin ang Diyos, hindi nito hinahanap ang banal sa labas at hindi ito naghahanap ng isang unibersal na obheto. Ang ating paggunita, pag-unawa, at paghangad sa Diyos ay hindi mula sa ating paghuli at pagdakip, pag-unawa at pag-intindi, pangamba at pagkabahala na mula sa ating labas; Siya ay *intimior intimo meo*. Sabi nga sa aklat na *Ang Mga Gawa*, “Sapagkat sa kaniya tayo ay nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao ... Sapagka’t tayo nama’y sa kaniyang lahi” (17:28). Ang Diyos ay nananatiling dahilan at uwian ng lahat na patuloy na naghihintay matagpuan upang makita ang ating totoong kalagayan bilang kapuwa-tao.

Ngunit hindi ito automatiko sapagkat binabaluktot at pinipilipit ng ating karupukang-mana ang ating malay-tao. Gustohin man natin o hindi, ang kaganapan ng ating pagkatao ay posible lamang sa Diyos. Samakatuwid, ang kaganapan ng malay-tao ay patungo sa Diyos at may kinalaman sa Kaniya. Ang kasalanan ang nagsisilbing unang yugto sa paglimot sa Diyos; ang kahihinatnan nito ay ang mga susunod na yugto ng kapinsalaan sa ating paggunita, pag-unawa, at paghangad. Binabago ng kasalanan ang kilos ng pag-unawa at paghangad sa Diyos sa simpleng pag-unawa at paghangad sa sannilikha. Dahil sa pagkakasala at pagbaling sa Diyos, hindi tayo nagiging ganap at angkop sa ating pagkatao at sa ating pakikipagtagpo sa banal; ginagawa tayo nito na walang-kaya, mahina, at basag. Ganito na ba tayo ka desperado? Sa aking palagay, ang sagot ay oo.

Ngunit, “nang dumating ang kapanauhan, ay sinugo ng Diyos ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan, upang matubos niya ang nangasa ilalim ng kautusan upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak” (Galacia 4:4-5). Ang tao ay kinupkop ng Diyos bilang kaniyang mga anak; binago tayo ng biyaya at kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo Hesus—ang Salita ng Diyos na nagkatawang tao. Iginiit ni Agustin na ang obheto ng ating mapagpalayang pananampalataya ay hindi lamang ang Diyos, kung hindi ay ang katawan ng Salitang nagpakatao; ibig sabihin, tinutukoy ni Agustin ang pagsasakatawan ni Hesus bilang dahilan ng ating paglaya sa kasalanan. Sa pamamagitan ng kaniyang katawan, na dumanas ng kamatayan at muling-pagkabuhay, pinalaya tayo ni Kristo sa kasalanan. Habang mahirap unawain ang pagpapakumbaba at pagpapakatao ni Kristo, nananatiling mahalaga ito para



kay Agustin sapagkat ang pinakasinaunang kasalanan ay nakakagat sa ating pagkamakasarili, o sa kataga ni Ferriols sa ating “ako-ismo” o “aba-ako!”<sup>28</sup> Bilang tugon sa ating pagkakasala, pagkabaluktot, at pagkakabasag, si Kristo ang naging mukha ng kababaang-loob at kaamuhan at sabay ding nagpaanyaya na tanggapin ang ating mga sarili na tao tulad niya.

Ang pagpapanumbalik ng imahe ay nagsisimula sa ating paggaya kay Kristo (na ating huwaran at kaganapan) sa kaniyang paglinang ng kabutihan; para kay Agustin, ang mga kabutihan na tinutukoy ay halimbawa ng pag-uunawa kung saan ang malay-tao ay matuwid at may sapat na paghiwatig sa Diyos lalo na sa kaniyang pagdanas ng mundo. Ang paglinang ng kabutihan ang siyang gumagabay sa isip upang makarating sa karunungan (*sapientia*) kung saan natin ginugunita, inuunawa, at hinahangad ang Diyos; sa ganitong kalagayan din nararating ang ating personal na kaganapan. Habang ang kaganapang ating tinutukoy ay laging kulang at di-sapat sa buhay na ito, nararating naman natin ang kaganapan na ito sa ating pakikiisa sa Diyos na isa sa atin.

Tila makikita kay Agustin kung papaanong ang kilos ng malay-tao ay maaaring maging pinto sa ating pakikipagtagpo sa banal. Ganito rin ang sinasabi ni Ferriols kung bakit tao ang tagpuan. Ngunit dahil sa pagkakasala ay nabaling ang ating malay-tao sa maling bagay, at iniwasto ito ni Kristo; habang ang tao ay naghahangad na maging Diyos, si Kristo naman ang Diyos na naghahangad na maging tao. Kay Kristo natin mararating ang kaganapan ng ating pagiging nilikha. Mababasa sa sulat ni Pablo sa mga taga Colosas,

Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya. (1:16)

Mahalaga ang sinasabi ni Pablo upang itulay ang sinasabi ni Agustin ukol kay Kristo at sa susunod na sasabihin ni Ferriols ukol sa puntong Omega.

### C. Isahang may Pagkakaiba

Sa kaniyang pagtalakay sa kaisipan ni Teilhard de Chardin, nilinaw ni Ferriols na maraming maaaring pagbasa sa puntong Omega. At ang ikatlo sa mga pagbasa na ito, ay ang posibilidad na ang puntong Omega ay hindi

---

<sup>28</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 223-224 at sa Ferriols, *Pilosopiya ng Rehiliyon*, 63-64.



isang impersonal na puwersa kung hindi ay si Kristo. Sinabi rin niya na mahihiwatigan daw ito ng taong marunong tumingin<sup>29</sup> sa pakikisalamuha at pakikipagtalaban kay Kristo ng mga sumasampalataya sa kaniya. Ngunit papaano nakarating si Ferriols sa pagbasa na ito? Papaano at bakit umuuwi sa tao at sa pakikipagkapuwa tao ang tunay na pakikipagtagpo sa banal?

Sinimulan niya sa pagtalakay ng posibleng sinisimbolo ng puno ng buhay sa konteksto ni at para kay de Chardin.<sup>30</sup> Sa simbolong ito, sa puno ng buhay, mauunawaan ang kilos ng paghahagilap at paglusot sa konteksto ng ebolusyon ng buong sannilikha. Ngunit, sa paglusot ng tao sa buong proseso na ito, nagkakaroon siya ng isang uri ng pagsasalooob ng ebolusyon.<sup>31</sup> Tila gaya ng kay Agustin, ang kilos na minumungkahi ni de Chardin (ayon kay Ferriols) ay ang pag-unawa sa ebolusyon bilang isang personal na kilos panloob; isang ebolusyon sa larangan ng diwa at sa loob ng malay-tao. Habang hindi sentro ng buong sanlibutan ang tao, may natatangi naman tayong lugar dito sapagkat ang ebolusyon ay nagpapatuloy sa ating pagmamalay sa ating pagkatao.<sup>32</sup> Sa isang banda, maaari itong maunawaan bilang isang pagtatangi sa kakayahan natin na bigkasin ang ako na iba pa sa iba pang mga ako—mulí, ito yung “ako-ismo.” Sa isang banda naman, may pagkasalungat ang kilos ng “ako-ismo” sa palagiang pagkukumpol na napagmamasdan din sa puno ng buhay—ang planetisasyon.<sup>33</sup> Ang “ako-ismo” kasama ng isang makapuno sa pagkukumpol ay lihis na pamamaraan sa loob ng kalawakan-panahon sapagkat binibigyan nito ng diin ang indibiduum at hindi ang persona (na maka-tao at laging sensitibo sa kilos ng malay-tao).<sup>34</sup> Ano itong persona na ito? Paliwanag ni Ferriols: “ang persona ay hindi isang sentrong nagsasara sa sarili, kundi sentro na, habang lumalalim ang pagsesentro sa sarili, lalong nakikiisa sa mga ibang sentro.”<sup>35</sup> Ang sentro na yan na tinutukoy ni Ferriols ay ang puntong Omega.

Tila mahalaga ang papel na ginagampanan ng persona sa patuloy na pakikipag-ugnay sa iba pang mga persona sa kanilang katipunan na tinawag na puntong Omega.

Sa Omega tumutungo ang malay-tao. Doon nakikipagtalaban ang isang sentrong malay-tao sa mga

---

<sup>29</sup> May mahabang sipi si Ferriols sa *Pambungad sa Metapisika* mula sa *Le phenomene humain* ni Teilhard de Chardin ukol sa kahalagahan ng wastong pagtingin. *Ibid.*, 211.

<sup>30</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 214.

<sup>31</sup> *Ibid.*, 217-219,

<sup>32</sup> *Ibid.*, 223.

<sup>33</sup> Wilhelm P.J. Strebel, “Ang Konsepto ng Planetisasyon ni Teilhard de Chardin: Isang Pagssumubok Bigkasin ang Meron,” in *Perspectives in the Arts and Humanities Asia (Special Issue: Philosophy and Roque J. Ferriols, SJ)*, 5:1 (2015), 55-67.

<sup>34</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 225.

<sup>35</sup> *Ibid.*, 225.

ibang sentrong malay-tao, kaya't doon patindi nang patindi ang pagka-persona ng bawat sentro. Ang Omega'y sentro ng personalisasyon. Kaya't hindi isa pang sentrong nakikihalubilo sa ibang mga sentro ang Omega. Hindi rin isang lumitaw mula sa puno ng buhay, hindi produkto ng ebolusyon ang Omega. Ang Omega ay super-sentro: katanyagan, sukdulan ng pagka-persona, ng kasarinlan.<sup>36</sup>

Mahalagang intindihin ang binabanggit ni Ferriols dito kung papaanong ang paglitaw ng malay-tao at ng mga kilos nito ay bahagi ng pagtatalaban ng paghahagilap at paglulusot. Hindi ba ganito ang pagbubuo ng iba't ibang kabutihan at kagalingan (*arête*) ayon kay Aristoteles?<sup>37</sup> Sapagkat bahagi tayo ng pandaigdigang kilos ng hagilap-lusot, paliwanag ni Ferriols, taglay raw natin sa ating kalooban ang buong paghahakbang ng sanlibutan. Sa ating pagkatao maaaninaw ang kurba ng paglusot ng persona (at malay-tao) sa patuloy at walang-patid na lugar at punto ng tagpuan (Omega); sa puntong Omega, merong kilos ng pagtipon at pag-iingat sa malay-tao.

Taga-tipon at taga-ingat, iyan ang gawain ng Omega na patuloy na nangangalaga sa ating malay-tao. Ibig sabihin, habang lumalapit tayo sa puntong Omega, lalong naisasakatuparan ang ating kamalayan bilang tao (at kapuwa-tao). Nilinaw ni Ferriols na hindi matutunaw ang sarili sa harap ng isang Dakilang Lahat; hindi tayo nawawala sa pagtitipon ng Omega. Bagkus, palagiang magkasama ang kilos ng pagkakaisa at pagkakaiba sa ating pakikipagtagpo sa puntong Omega. "Ang pagkakaisa ay nagpapaiba. Kaya't malinaw na sa Omega, tuluyan di-tuluyan, ang pagkakaisa ay lalong nagpapaiba."<sup>38</sup> Kaya ang Omega ay kumikilos sa pamamaraang inaakit ang buong sanlibutan tungo sa kaniyang persona; ngunit ang kilos na ito ay hindi upang tuldukan ang bawat nilalang sa kanilang pagmemeron kung hindi ay upang mas lalong buoin ito. Sa pag-aakit ng Omega ay mayroong pagbubuo ng persona (ng pagkatao) sa harap ng nagsisilapitan, nagsisisalubungan, at nagsisitalaban na mga persona (iba pang kapuwa-tao). Magandang paliwanag ni Ferriols:

Ang puntong Omega ay isang sentrong sukdulan ng kasarinlan: *Bukod-tanging sentrong sumisinag mula sa puso*

<sup>36</sup> *Ibid.*, 226.

<sup>37</sup> Aristoteles, *Nicomachean Ethics*, trans. by David Ross (Oxford: Oxford University Press, 2009 (1980)), Book II. Roque Ferriols, "Aristoteles: Tapang at Dunong," in *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992), 123-129.

<sup>38</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 226.

*ng isang katipunan ng mga sentro .... Sa Omega, ang persona ay kumakawala sa bilanguan ng ako-ismo at nagiging tunay na ako. Ang tunay na Ako ay mas tumutubo kung mas naglalaho ang Ako-ismo.<sup>39</sup>*

Ngunit ang puntong Omega ay hindi maaaring isang impersonal at obhetibong puwersa lamang. May pagkapersonal ang Omega. Kung kaya ay maaaninagan ang bisa ng pagtitipon na ito sa kilos ng pag-ibig na kilos din naman ng damdamin. Ayon kay Ferriols, sa ating pagmamasid sa buong sannilikha ay maaari tayong matauhan na pag-ibig (o sa itaas ay ginamit natin ang salita na paghangad) ang siyang diwa na nagdurugtong sa bawat isa sa atin. Personal ang kilos na ito kung saan mas lalong lumalabas ang ating pagkakaiba (bilang tao) sa ating pagnanais na magkaisa (bilang kapuwa-tao o kapuwa-nilikha). Sa patuloy na pagpapaliwanag ni Ferriols, sinabi niya na nagaganap ang pag-ibig (o paghangad) kapag personal niyang naunawaan na siya ay bahagi ng “kaisahan ng mga nagkakaiba” at “na lalong nagiging iba sabay na lalong nagiging isa.”<sup>40</sup> Tinatapos ng mga pag-uunawa na ito ang lahat ng takot sa harap ng di-malamang bukas; sapagkat ang bukas ay may mukha rin, gaya ng ang ngayon ay may mukha rin, at ito ay pag-ibig. Bumubuo at lumilikha ang puntong Omega, hindi ito naninira.

Noong 2012, isang taon makalipas ang “hindi nagtagumpay” na panayam, nalaman kong may sinimulang blog si Ferriols, na nilalaman ang kanyang mga karanasan noong panahon ng giyera. Dahil sa kanyang karamdamang Parkinson’s, malaki ang naitulong ng mga nars at tagapangalaga sa Jesuit infirmary upang maitala ang mga kuwento na kanyang idinikta. Ito, kalaunan, ang naging laman ng talambuhay na inilathala noong 2016, sa pamamatuugot ni Leovino Garcia.

Laking tuwa ko na sa wakas ibinahagi ni Ferriols ang kanyang mga karanasan. Kamakailan, tinanong ko siya kung bakit nagbago ang isip niya. Tulad nang mapapansin sa istilo ng pagsasalaysay ng may-akda, simple, banayad, at walang kapritsyo o pagmamalabis na pagdadrama: aniya, marami daw ang nagtatanong, kaya ipinasya niya nang ikuwento. Ngunit ngayon na binabasa ko ang kanyang talambuhay, natuklasan ko na nag-iwan pala ng bakas ang aming unang pag-uusap, na kung tutuusin ay lumalampas sa anumang sukat ng tagumpay o kabiguan, at patunay na nauwi ang panayam sa isang pakikipagtagpo. At bakit ko inaangkin ang ganitong palagay? Dahil kung ang diwa ng pakikipagtagpo, ayon sa ipinahihiwatig ng



## 58 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

salitang ugat, ay hango at ukol sa *matatagpuan*, may hugis at anyo ng darating, na hindi masasabi at hindi inaasahan sapagkat “matutuklasang hindi hinahanap.”<sup>1</sup> At ganyan nga ang nangyari: nang tanggihan ni Ferriols na isiwalat ang kanyang mga alaala, hindi ko inaasahang biglang maharap sa isang masidhing babala: na hindi nararapat at maaring iuwi ang tao sa disenyo’t plano ng tagapanayam.

Ngunit paano ko naman nasasabi na nag-iwan ng bakas ang aming pakikipagtagpo? Sapagkat habang nilalakbay ko ang mga salaysay na maingat at masinop na nilatag ng may-akda, at tinatanaw ang mga pira-pirasong tanawan ng kanyang nakaraan, mababakasan at mauulinigan pa rin ang pagtanggì noong una ko siyang napanayam. Sapagkat lakarin man ng mambabasa ang buong kapatagan ng mga salita, maingat at tusong inilihim ng may-akda ang hindi masasabing hapdi ng pag-alala, tahimik na nakasukbit at nakakubli sa mga sulok ng kuwento, sa mga biro at tawa, sa kaba at humpay, at buntong-hininga.

### **Kuwento ng Matandang Manggugulong**

Bilang guro, isa sa mga mahahalagang itinuturo ni Ferriols sa aming mag-aaral ay ang kuwentong “medyo galing” kay Tswang Tsu,<sup>2</sup> isang pilosopo mula sa Tsina.<sup>3</sup> Ayon sa kuwento, binalaan ng manggugulong ang hari na ang binabasa niyang libro ng mga yumaong marurunong ay pawang mga labi lamang, at na ang tunay na karunungan ay hindi maipaliliwanag sa salita. Kaya ang daing ng matandang manggugulong na, bagaman sinikap niyang turuan ang kanyang anak, na tunay namang pinakinggan ang kanyang mga salita, siya pa rin, sa edad na pitumpung taon, ang nagpapakapagod. Sa mga salita ni Ferriols, ipinaliwanag ng manggugulong kung bakit naging ganito ang kanyang kapalaran. Aniya,

Sapagkat hindi pa nauunawaan ng anak ko, kung papaanong makagalaw ang kamay sa pag-itan ng magaan at mabigat. At papaano nga bang makagalaw

---

<sup>1</sup> Roque Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publication, 1997), 35.

<sup>2</sup> “Tswang Tsu” ang ginamit na baybay ni Ferriols sa pagsasa-Filipino ng pangalan ng pilosopong Tsino na si Chuang Tsu (baybay ayon sa lumang pagsasatitik sa Romano na Wade-Giles).

<sup>3</sup> Mahahanap ang kuwento sa Inggles na pinamagatan “Duke Hwan and the Wheelwright” sa libro ni Thomas Merton, *The Way of Chuang Tsu*, 2<sup>nd</sup> ed. (New York: New Directions Publishing, 2010).

ang tao ng ganito? Hindi ko kayang sabihin. Kaya ko lamang gawin. Sapagkat, sa paggawa ng gulong, kapag nasabi na ang lahat ng masasabi, ang pinakahalaga ay hindi masasabi. Magagawa lamang. Mauunawaan lamang ng kamay na gumagawa. At kapag nagawa na, lalabas na pinagkataman lamang at pinaglagarian ang lahat ng nasabi.<sup>4</sup>

Mula sa kuwentong ito, mababatid na ang tunay na pag-uunawa ay matatamo lamang sa pamamagitan ng sariling tiyaga at gawa. Ngunit para kay Tswang Tsu, tila may malubhang pagtanggap na bigyan ng anumang halaga ang salita. Bagaman karaniwang isinasalin bilang “daan,” ang *Tao* (o *Dao*),<sup>5</sup> sa katunayan, para kay Tswang Tsu, and *Tao* ay isang misteryo na hindi mabibigyang ngalan, humihigit sa anumang umiiral, kung kaya’t hindi maipapahiwatig sa salita, ni sa katahimikan.<sup>6</sup> At kaya pinagbalaan ng manggugulong ang hari: hindi maiiwasan, dadalhin ng mga matatanda sa kanilang puntod ang lahat ng kanilang nalalaman.<sup>7</sup> Kahit ang katahimikan ng taong tunay na marunong ay walang kinalaman sa kakulangan o pagkabaog ng salita; hindi nilalayon o sinasadya, ang kanyang kawalang-imik ay nanggagaling sa kapanatagan, kalagayang hindi nangangailangan pang magwika.

Paano, kung gayon, babasahin ang talambuhay ni Ferriols, at paano mabibigyang halaga ang mga kuwento na kanyang isinalaysay? Totoo kaya ang babala ni Tswang Tsu, na kahit anong gawing pagsisikap ng tagapakinig o mambabasa, walang tunay na dunong na dumadaloy sa mga salita? Hindi kaya ito mismo ang talagang nangyayari: na habang sabik kong binabasa ang mga kuwento ng buhay ni Ferriols noong panahon ng giyera, hindi maiwasang iuwi ang mga alaala ng may-akda sa pagiging datos, at ang kanyang mga nasawing kaibigan sa pagiging pulos pangalan lamang?

Sa kanyang pagdadalumat, hindi binibigyang pansin ng teologong si Thomas Merton ang masidhing pagtanggap ni Tswang Tsu sa halaga ng salita. Bagkus, ikinakatuwiran ni Merton na, may nananalaytay sa mga salita na “kuwan,” na inuugoy ang pag-iisip tungo sa isang landas na hindi napanghahawakan o sinasaklaw ng salita, at habang hindi ito nabibigyang

<sup>4</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 24.

<sup>5</sup> Ginagamit dito ang *Tao* na siyang baybay na alinsunod sa paraang Wade-Giles sa pagsasatitik sa Romano.

<sup>6</sup> Merton, *The Way of Chuang Tsu*, 152.

<sup>7</sup> *Ibid.*, 83.

## 60 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

dangal, walang saysay ang mga winika.<sup>8</sup> Samantala, sa pagtalakay ni Ferriols, may tila ungol ng pagsalungat sa paniniwala ng pilosopong Tsino. Sa simula, inaabisuhan ni Ferriols ang kanyang mambabasa na ang kuwento na kanyang isasalaysay ay “medyo galing” kay Tswang Tsu. Bakit *medyo* lang? Sapagkat mamaya, babaguhin ni Ferriols ang kuwento.

Batay sa maikling salaysay ni Tswang Tsu, nagbigay si Ferriols ng isang palagay sa naging kapalaran ng anak. Ang sabi daw ng mga tao, aniya, nagtatag ang anak ng aklatan, sa paniniwala at tigas-ulong pagpupumilit na sabihin ang pinakamahalaga. Kaya’t, ayon kay Ferriols,

buong ingat isinulat [ng anak] sa isang aklat, ang mga sinabi ng kanyang ama. Pagkatapos ay nanawagan daw siya sa lahat ng mga manggugulong na dumalo sila sa isang malaking komperensiya. Maingat niyang isinulat ang bawat kuro-kuro ng bawat dumalo. Nadagdagan ang kanyang aklatan ng sampung makakapal na libro. Pagkatapos, komperensiya ng mga hindi manggugulong na interesado sa gulong: sampu na namang makakapal na libro. Pagkatapos kwestyoneyr sa ganitong bayan, sa ganoong bansa; ispesyal na biyahe, diyan at doon. Parami nang parami ang mga libro. Ang laki laki na ng aklatan. Noong kuwan ay nagsimula raw siyang magsulat ng mga libro upang maihambing ang mga kuro-kuro ni A, sa mga kuro-kuro ni B, ngunit mas orig si K, kahit na daig siya ni D, kung ehe ang pag-uusapan, at ano kaya ang sinabi ni W, na kinaiinis ni Y... sangkatutak na nota sa paanan ng pahina, sa likod ng libro, sa harapan....<sup>9</sup>

Ang pambihirang paglalarawang ito ay upang maipabatid sa mambabasa ang kapangyarihan, sabay kahangalan, na maaring kahahantungan ng

---

<sup>8</sup> *Ibid.*, 82. Sa paliwanag ni Merton, pinahahalagahan ng mundo ang mga libro, sapagkat pinaniniwalaan, na sa pamamagitan nito, napahahalagahan ang *Tao*. Ngunit iginigiit ni Merton, na ni salita, ni kaisipang napapaloob sa mga salita, ang nagbibigay ng tunay na halaga sa mga libro. May *iba pang* (“*something else*”) umiiral sa kaisipan na siyang tumutulak tungo sa isang tiyak na direksyon na hindi maipaliwanag o matangkap ng salita. Upang manatiling totoo at tapat sa diwa nitong hindi masabi/masasabi, ginagamit minsan ni Ferriols ang “kuwan,” na sinasambit o naririnig sa mga karaniwang usapan bilang kapalit ng salita panandaliang nalimutan o ng ideya na hindi madaling maipaliwanag o mabigyan ngalan.

<sup>9</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 24.

paggamit ng tao sa salita. Nababagay rin na ipinepresenta ang lahat ng ito bilang sabi-sabi, o kung tawagin, *tsismis*. Ngunit sa huli, malubhang itinanggi ni Ferriols ang mga haka-hakang ito. Aniya, “Ganyan *daw* ang naging kapalaran ng anak. Ngunit, hindi ako naniniwala. Sa palagay ko, kuwento lamang iyan na inimbento ng *mga masasamang loob*.”<sup>10</sup> “Ang talagang nangyari,” dagdag niya, ay nakikinig ang anak sa sinasabi ng kanyang ama, habang nagtatago sa likod ng banaba, at sa sandaling iyon, ay biglang natauhan: sinimulan niyang pagsikapang pagalawin ang kanyang mga kamay, at pagkatapos ng mahabang panahon ng araw-araw na pagsubok, natuto, sa wakas, ang anak na gumawa ng gulong.

Itong bersyon ng kuwento na hinahain ni Ferriols sa atin ay hindi lamang pag-iimbento ng isang mapaglarong isip. Sapagkat ang nakataya dito ay ang panunumbalik ng halaga at dignidad ng salita, na nakita ni Ferriols na madaling ginagawang alanganin ng burarang pagbabasa sa kuwento ng pilosopong Tsino. Kaya, sa kanyang bersyon, dumalaw ang anak sa libingan ng kanyang ama upang ipabatid na, sa kanyang pagsisikap, sa wakas, manggugulong na siya. Ang sabi niya,

Ama, manggugulong na ako. Tama ang sinabi mo. Hindi nga masasabi ang pinakahalaga. Ngunit nagkamali ka yata noong sinabi mong pinagkataman lamang at pinaglagarian ang lahat ng nasabi. Sapagkat kung hindi mo sinabi ang masasabi, hindi ko sana sinubukang gawin ang masasabi. At kung hindi ko sinubukang gawin ang masasabi, hindi sana tinubuan ng pag-uunawa ang aking kamay. At kung hindi tinubuan ng pag-uunawa ang aking kamay, hindi ko sana napagtiyagaan ang paggawa ng magagaling na gulong. At kung hindi ko napagtiyagaan ang paggawa ng magagaling na gulong, hindi sana ako nakarating sa paggawa ng hindi masasabi. Kailangan ng taong dumaan sa masasabi, bago niya matatamo ang hindi masasabi. Kaya’t hindi ko itatapon o igagatong ang mga sinabi mo.<sup>11</sup>

---

<sup>10</sup> *Ibid.*, 25. Akin ang diin.

<sup>11</sup> *Ibid.*

## 62 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

Sa wastong paggamit, *may* kapangyarihan ang salita na nag-uudyok sa tao na kumilos, inuugoy ang pag-iisip patungo sa landas ng paggawa, at kung minsan, sa pagbabalik-loob. Kaya hindi mapagdududahan na sa pagkukuwento ni Ferriols ng kanyang buhay noong digmaan, bagaman mahirap noong una, sinikap niyang sabihin ang masasabi, alang-alang sa lahat na nagtatanong at nais makaalam.

### Awit ng Matandang Marinero

Sinimulan ni Ferriols ang kanyang talambuhay sa isang pagpapaalam. Papunta siya ng nobisyado, at ninais niyang magpaalam sa kanyang kuwarto, kung saan nabasa niya ang napakaraming libro. At sa masusi niyang pagmamasid sa bawat sulok ng silid, naalala niya ang isang gabi na, aniya, nagpaligaya sa kanilang mag-ama. Habang sabay nilang binabasa ang aklat ng “Awit ng Matandang Marinero,” isinasalin ng kanyang ama ang mga Ingles na saknong sa Tagalog.

Ingles-Tagalog-Ingles-Tagalog, hali-halili hanggang sa natapos niya ang tula. Kung minsan inihihinto niya ang pagsasalin upang paliwanagin sa akin, halimbawa, kung ano ang “albatross,” o kaya kung bakit nagkukumpisal ang marinero sa ermitanyo. Sabi niya, “kahit na mga Protestante sila, meron silang mga ugaling Katoliko.” Hatinggabi na noong natapos kaming makipagsapalaran sa mahiwagang marinero.<sup>12</sup>

Ngunit sino ba itong mahiwagang marinero, at ano ang nilalaman ng kanyang kanta?

Ang “Awit ng Matandang Marinero” ay isang mahabang tula na sinulat ni Samuel Taylor Coleridge, isang Ingles na makata, pilosopo, at teologo ng ikalabing-siyam na siglo. Sa simula ng tula, may maririnig na pagdiriwang ng isang kasal. Parating ang mga panauhin, ngunit pinigilan ng matandang marinero ang isa sa kanila. Nais man ng huli na magpatuloy sa pagdiriwang, may kung anong gayuma na pumigil sa kanya, at siya’y napaupong nakinig sa kuwento ng matandang marinero. Isinilaysay ng matandang marinero kung paano niya walang awang pinatay ang isang

---

<sup>12</sup> Roque Ferriols, *Sulyap sa Aking Pinanggalingan*, ed. by Leovino Ma. Garcia (Quezon City: Bughaw, Ateneo de Manila University Press, 2016), 6.

*albatross*, isang ibon na nagdadala ng buenas. Sa pagpaslang nito, hindi nagtagal at biglang nawala ang hangin, at sa loob ng mahabang panahon, nanatiling hindi tumitinag ang bapor sa gitna ng malawak na karagatan. “Tubig, tubig, sa lahat ng dako, ngunit walang ni isang patak na maaring mainom,” ang daing ng makatang umaawit.<sup>13</sup> Sa sobrang pagkauhaw at pagtutuyo ng lalamunan, hindi na makapagsalita ang mga marinero. Hindi nagtagal at dumating ang Babaeng Multo, ang Bangungot ng Buhay-sa-Kamatayan, kasama ang kanyang katambal na si Kamatayan. At sa kanilang larong sugal ng dais, nagwagi ang Babae at napasakanya ang kaluluwa ng matandang marinero, habang ang iba naman ay inangkin ni Kamatayan. Isa-isa, nasaksihan ng matandang marinero ang pagpanaw ng kanyang mga kasama, habang sa kanya nakatinging nanunumpa! Dito natauhan ang matandang marinero, na hindi sa kamatayan ang tunay na pagdurusa kundi sa buhay na paulit-ulit na nasasaksihan ang paglipas ng lahat sa kanyang kapaligiran. Hindi ang kanyang mga kasamang marinero kundi siya ang may dala-dala ng tunay na sumpa; sapagkat habang walang tigil niyang naaalala ang kanilang mga mapanuring mata, nakakaramdam siya ng matinding pag-iisa.

Sa edad na siyamnapu’t dalawang taon, hindi maikakaila na hawig ang kuwento ni Ferriols sa awit ng matandang marinero. Isinasalaysay ng kanyang talambuhay ang unang apat na taon sa Kapisanan ni Hesus. Pumasok siya sa nobisyado noong Mayo, 1941, at noong Disyembre ng taong iyon, sumiklab ang digmaan. Kaya sa buong aklat nito, umaalingasaw ang amoy ng kamatayan. Ngunit hanggang diyan lang kaya ang kahulugan ng mahiwagang marinero sa kuwento ni Ferriols? Dala-dala rin ba ng mananalaysay ang pasan ng isang sumpa?

Sa unang tingin, ang pagbanggit sa kuwento ng mahiwagang marinero ay tila isang ligaw na alaala ng kabataan ng may-akda. Ngunit sa mas mapanuring pagbabasa, maaaring mahinuha na ang kuwento ay hindi lamang halaw na walang isip kundi balangkas na nagbibigay saysay sa buong talambuhay.

## Paghahandog

Bilang paghahandog, inialay ni Ferriols ang kanyang talambuhay sa tatlo niyang kaibigan: kay Gusting, na nagturo sa kanya na manghuli ng

---

<sup>13</sup> Samuel Taylor Coleridge, *Rime of the Ancient Mariner* (1908), II:120. Lahat ng isinaling sipi mula sa tula ni Coleridge ay akin.

## 64 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

tutubi sa damuhan noong araw sa Sampaloc; kay Jonathan, na nagbigay sa kanya ng libro na mapagsusulat ng kanyang mga kaisipan; at kay Genesis, na “nagbigay loob” sa kanya na simulan ang pagsusulat. Ngunit mahalagang pansinin na sa kanyang paghahandog, hindi nagsimula ang may-akda sa pagbanggit ng kanilang mga pangalan kundi sa isang kuwento ukol sa pagkamatay at pagpapalibing sa kanyang kaibigang si Gusting.

Sabado noong inilibing namin si Gusting. Namatay siya noong Miyerkules. Noong Martes isang araw lamang ang nalalabi sa kanyang buhay. Noong Lunes dalawang araw. Noong Linggo tatlo. Balang araw parami nang parami ang nalalabi sa kanyang buhay. Paikli nang paikli ang kanyang buhay. Ang mahirap sa tao ay kailangan niyang mamatay.

May mga manok na tutuka-tuka sa aming manukan. Sa bawat saglit nilalapitan sila ni kamatayan. Pero hindi nila alam. Wala silang malay-tao. At mahina ang malay-manok.

Noong bata ako naiinggit ako sa malay-manok sapagkat hindi nila nadarama ang takot sa kamatayan. Ngunit ngayon ikinalulugod kong manirahan sa abotanaw ng aking malay-tao. Sapagkat kaya kong makipagkilala sa sanlibutan at makapagmuni-muni.<sup>14</sup>

Mula sa maikling sanaysay na ito, mahihinuha ang pag-amin ng may-akda na, sa simula, itinuring niya ang kamatayan bilang sumpa, bilang kasumpa-sumpa: sapagkat hindi lamang isang malubhang suliranin na *kailangan ng tao na mamatay*, ang masahol pa’y napakatindi ng kanyang kamalayan, na namamalayan niya sa bawat sandali ang nakasisindak na paglapit ng kamatayan. *Mabuti pa ang manok, walang kamuwang-muwang.*

Sa tula ni Coleridge, hawig ang naging kapalaran ng matandang marinero. At kaya, sa simula, ang awit niya:

Nag-iisa, nag-iisa, puspasang nag-iisa  
Nag-iisa sa malawak na malawak na karagatan!  
At ni isang santo ang kailanmang naawa  
Sa kaluluwa kong lublob sa kasawian

---

<sup>14</sup> Ferriols, *Sulyap*, 2.

Napakaraming tao, napakaganda!  
 At lahat sila'y namatay na nakatihaya  
 At libu-libong bagay mula sa burak at bulaho  
 Ang namamalagi, katulad ko.

*Alone, alone, all, all alone  
 Alone on the wide, wide sea!  
 And never a saint took pity on  
 My soul in agony*

*The many men, so beautiful!  
 And they all died did lie:  
 And a thousand thousand slimy things  
 Lived on; and so did I.<sup>15</sup>*

Ngunit sa kabila ng lahat ng pagkamatay at pagkabulok, nakita ng matandang marinero ang mga tubig-ahas na, sa kanilang suot na bughaw, makintab na berde, at pelusang itim, lumalangoy sa dagat at nag-iiwan ng guhit ng ginintuang apoy. Sa sandali ng kanyang pagkamangha sa kagandahang nasilayan niya, nakalas ang nakagapos na albatross sa kanyang leeg at “nahulog at lumubog na parang tingga sa dagat.”<sup>16</sup>

Kung para sa matandang marinero, tila napawi ang sumpa nang matunghayan niya ang kagandahan ng kalikasan, gayon din ang pagbabalik-loob na ginanap ni Ferriols. Sa pagtanggap at pagpapalugod sa katalagahan at kondisyon ng pagmamalay-tao, na parating alisto't mulat sa darating na katapusan, naging posible ang pasasalamat, pagpapalakas-loob, at pagsusulat, ukol sa pagkakaibigan, sa mga tutubi sa damuhan ng kanyang kabataan, at sa mga nahuling kislap ng alaala.

### **Pagkukuwento, Pangungumpisal**

Noong gabing iyon na binabasa nilang mag-ama ang kuwento ng matandang marinero, naalala ni Ferriols kung paano panandaliang tumitigil ang kanyang ama sa pagsalin kapag may nais siyang ipaliwanag sa tula. Isa

<sup>15</sup> Coleridge, *Ancient Mariner*, IV:235.

<sup>16</sup> *Ibid.*, IV:285-290. “And from my neck so free/ The Albatross fell off, and sank/Like lead into the sea.”



sa mga katangi-tanging binabanggit ng may-akda ay kung paano ipinaliwanag ng kanyang ama kung bakit nangungumpisal ang marinero sa ermitanyo: “Sabi niya, ‘Kahit na mga Protestante sila, meron silang mga ugaling Katoliko’”<sup>17</sup>

Ngunit kung titingnan ang pag-unlad at hugis ng pag-iisip ni Coleridge, bilang tugon sa mga nag-aatigang debate noong panahong iyon, masasabing hindi siya karaniwang Protestante. Anak ng isang Anglikanong pari, madaling nabighani si Coleridge sa itinuturong *Unitarianism* ng teologong si Joseph Priestley noong nag-aaral pa siya sa Cambridge. Ngunit hindi nagtagal, dulot ng impluwensiya ng Platonismo at Idealismong Aleman, binatikos ni Coleridge ang mga ideya ni Priestley, kasama ang *Socinianism* at *Empiricism* ni William Paley, na parehong pinabulaanan ang doktrina ng Santisima Trinidad at Pagsisisi.<sup>18</sup>

Para kay Coleridge, ang pananaw nina Priestley at Paley ay nakaugat sa *Empiricism* ni John Locke, na inuuwi ang ideya bilang produkto ng ating karanasang pandama, at abstraksyo na nililikha at namamalagi sa isip ng tao. Dahil dito, hindi tuloy mapahalagahan nina Priestley at Paley ang tradisyong Idealismo na hango mula kay Platon, at ang yaman na ibinibigay nito sa Kristiyanong pananaw ukol sa kalikasan ng Diyos. Para sa kanila, nagbunga lamang ito ng katiwalian sa tunay na diwa ng sinaunang Kristiyanismo sa pagbuo ng isang pilosopiyang spirituwal. Ang tunay na pananampalataya sa iisang Diyos Ama ay binubuo ng mga empirikal na pagpapatunay, at kasama dito ang mga himala na nagbibigay ebidensiya na si Hesus ng Nazareno ang Mesiyas ng sangkatauhan. Ngunit wala sa banal na kasulatan ang pagpapakilala sa Diyos bilang tatlong persona, kung kaya ang doktrina ng pagsasakatawang-tao ng banal na espiritu, pati na ang pagsisisi na bahagi ng pananaw ng kaligtasan bilang pakikibahagi sa buhay ng espiritu (*nous* o *logos*), ayon kay Priestley, ay mga pagpapalabo dulot ng mga ambisyon ng mga teologo na bigyan ng pilosopikong pundasyon ang Kristiyanismo.<sup>19</sup>

Ngunit nanindigan si Coleridge sa pananaw na ang Diyos ng Kristiyanismo ay hindi nahihwalay sa mundo kundi buháy at personal, at laganap sa buong daigdig na kanyang nilikha. Nanalig si Coleridge na ang

<sup>17</sup> Ferriols, S.J., *Sulyap*, 6.

<sup>18</sup> Douglas Hedley, *Coleridge, Philosophy and Religion: Aids to Reflection and the Mirror of the Spirit* (Cambridge: Cambridge University Press, 2004), 50. Ayon kay Hedley, bagaman naunang umusbong ang *Socinianism* bilang produkto ng teolohiya ng Repormasyon noong ika-16 at 17 na siglo, at ang *Unitarianism* naman ay hinango mula sa radikal na uri ng Protestantismo ng *Socinianism* at nabuo lamang noong ika-18 na siglo, kinilala ni Coleridge ang pagkakaisa ng dalawa, bilang puwersang tumutuligsa sa doktrina ng Santisimo Trinidad at Pagsisisi.

<sup>19</sup> *Ibid.*, 54.

buong realidad ay hindi lamang mauwi sa pagiging bagay o *res*, kundi espirituwal: bahagi at nakikibahagi sa isang Absoluto na buháy na pagmamalay na nakikipag-ugnay at bukal ng kasaganaan at kaganapan ng kabuoang saklaw ng pag-iral. Sa pagpapatunay nito, nagiging mahalaga ang ideya ng Santisimo Trinidad bilang paraan at proseso ng pagpapakilala ng walang hangganang Diyos Ama, na sa pamamagitan ng pagsasakatawan ng Diyos Anak bilang mundong may wakas, bilang *Logos*, nauunawaan at tumatalab ang Banal sa kamalayang-tao. Sa pamamagitan ni Kristo, nagiging posible ang pagdurusa at pagsisisi bilang gabay sa paglalakbay at panunumbalik ng bawat nilalang tungo sa kaluluwa ng Diyos.<sup>20</sup>

Bilang paggunita sa kuwento ng pagkakatapon ni Cain pagkatapos niyang paslangin ang kanyang kapatid na si Abel, ang pagdurusa at pagsisisi ng matandang marinero ay isang mapanglaw na paglalakbay ng pag-iisa.<sup>21</sup> Kaya bagaman tila unti-unting napawi ang sumpa nang masilayan niya ang ganda ng kalikasan, natamo lamang nang lubos ng marinero ang ginhawa nang ikinuwento niya ang lahat ng kanyang ginawa sa ermitanyo. At mula noon, sa mga sandaling nanunumbalik ang kanyang pagdurusa, nag-aapoy ang kanyang puso hangga't maisalaysay niya muli ang mga kasindak-sindak na pangyayari ng nakaraan.

Dumaraan akong parang gabi sa iba't ibang lupalop;  
 Taglay ko ang kakaibang lakas ng pananalita  
 Sa sandali na mukha niya'y masilayan ko  
 Batid ko ang taong kailangang pakinggan 'ko  
 Sa kanya itinuturo ang aking katha.

*I pass, like night, from land to land;  
 I have strange power of speech;  
 That moment that his face I see,  
 I know the man that must hear me;  
 To him my tale I teach.*<sup>22</sup>

Sa mga salitang ito, mahihinuha na hindi ganap na naglaho ang sumpa. Patuloy na naglakbay ang matandang marinero, at sa tuwing bumabalik ang apoy sa kanyang dibdib, napipilitan siyang paulit-ulit hanapin ang ginhawa

<sup>20</sup> Tingnan ang *ibid.*, 9. Cf. *Ibid.*, 71.

<sup>21</sup> Paul Chi Hun Kim, "Ecotheology and the Idea of Forgiveness in *The Rime of the Ancient Mariner*," in *Literature Compass*, 11:2 (2014), 109.

<sup>22</sup> Coleridge, *Ancient Mariner*, VII: 585-590.

## 68 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

sa pagsasalaysay ng kanyang kuwentong-buhay. Para tuloy na sa bawat pagkukuwento, nauulit ang pangungumpisal na unang naganap sa tulong ng mabuting ermitanyo.

Sa pagdadalumat ng antropologong si Michael Jackson, ang “Awit ng Matandang Marinero” ay hindi lamang mauuwi sa isang pangungumpisal na naglalayon ng personal na kaligtasan. Ayon sa kanya, masyadong “Eurocentric” o “ego-centered” ang pananaw na nagsasaad na ang pagsasalaysay ng kuwentong-buhay ay naglalayon lamang ng katarsis at personal na pagpapagaan ng loob. Sapagkat kung ginagawa nga ito ng tao upang mapalaya lamang ang sarili mula sa tanikala ng kahihyan at pagkakasala, hindi pa rin naipapaliwanag kung bakit may puwersang tumutulak na ulit-ulitin ang pagkukuwento na, sa kaso ng matandang marinero, ginagawa sa alang-alang ng sinumang nais makinig at makaalam. Hindi kaya na, bagaman nagsisimula bilang isang kilos ng indibiduwal ang pagkukuwento, ang tunay na layunin nito ay maibsan ang tao mula sa kanyang pag-iisa at pagkakawalay sa komunidad? Sapagkat hindi maitatangi na sa pagsisiwalat ng ating pagdurusa bilang tao, natutuklasan kung ano ang nag-uugnay at nagbibigkis sa ating lahat.<sup>23</sup>

Sa pakikinig sa kuwentong-buhay ni Ferriols, maari kaya nating ipalagay na ang pahapyaw niyang pagsambit sa awit ng matandang marinero ay higit sa isang ligaw na alaala? Hindi kaya, sa kabila ng maingat niyang pagkubli at pagkanlong sa awit ng matandang marinero, mauulinigan ang sariling hinaing at pagsusumamo ni Ferriols ng hindi masasabing pagdurusa at hiya, at pagpapangalaga sa dangal ng masidhing pag-iisa na kanyang naramdaman?

### **Kilusang Pilipinisasyon sa Ateneo (Dekada '70)**

Sa pagbasa ng talambuhay ni Ferriols, hindi maaaring kalimutan ang isa sa mga kontrobersyal na pangyayari na nagdulot sa kanya ng matinding pagdurusa. Noong 1969, sinimulan ni Ferriols na magturo ng pilosopiya sa Filipino. Bagaman kinikilala rin si Ferriols, kasama nina Ramon Reyes at Jose Cruz, S.J., na nagpasimuno ng bagong programa sa pilosopiya noong 1966, na ipinalaganap ang penomenolohiya bilang batayan at metodo sa pamimilosopiya, ang kanyang pagtuturo sa wikang Filipino ay isang makasaysayang hakbang tungo sa pag-uugat ng disiplina sa ating

---

<sup>23</sup> Michael Jackson, *Lifeworlds: Essays in Existential Anthropology* (Chicago: University of Chicago Press, 2013), 186-187.

kabihasanan. Isa sa mga napakahalagang konsepto na binunga ng kanyang pamimilosopiya sa wikang Filipino ay ang ideya ng “Meron,” bilang pagsasakatubo ng ideya ng pag-iral hango sa tradisyong ng Tomismo ni Joseph Maréchal.

Dahil sa kanyang pagpapasimuno ng pagtuturo ng pilosopiya sa wikang Filipino, naging bahagi si Ferriols ng kilusang Pilipinisasyon sa Ateneo, na unang sumiklab noong nilimbag ang isang manifesto na pinamagatang “Down From the Hill” (1968), na isinulat ng limang Atenista, kabilang ang makata at aktibistang si Eman Lacaba at ang makata at mamahayag na si Alfredo Salangga. Ipinahayag ng manifesto ang kanilang reklamo laban sa Kapisanan ni Hesus, at sa simbahang Katoliko, na pinapanatili ang, at nakasandal sa, kapangyarihan ng mga elitista, at kaya pati ang oryentasyon ng edukasyon sa Ateneo ay maka-Kanluran, at walang silbi sa pagpapabuti ng bayan. Imbis na nakakatulong sa mga mahihirap, lalong pinatitindi ang pambubusabos na nangangailangang pawiin ng isang rebolusyonaryong pagbabago.<sup>24</sup> Naging bahagi ng panunumbalik sa mga bagay na “Filipino” ang pag-uusisa, halimbawa, ukol sa pagtuturo ng 18 units ng Ingles sa kurikulum at ang kakulangan sa pagtuturo ng mga kurso ukol sa kasaysayan ng Pilipinas. Iginiit rin ng manifesto na kinakailangang ituro ng mga Filipino mismo ang mga mahahalagang kurso tulad ng ekonomiya, kasaysayan, at agham pampolitika, at hindi dapat ipinagkakatiwala sa mga Amerikanong guro.

Nakiisa si Ferriols sa hinaing ng mga mag-aaral, at ipinaliwanag sa mga kritiko ng “Down From the Hill” na kung hinihingi man nilang baguhin ang oryentasyon ng kurikulum, at na ituro ng mga Pilipinong guro ang mga kritikal na kurso, ito ay dahil, aniya, hindi kaya ng isang lumaki sa banyagang lupain na maging sensitibo sa mga krisis na hinaharap ng ating bayan, o sa angking yaman ng ating kultura. Hindi ito panlalait sa isang taga-labas, kundi katotohanan lamang ukol sa kanyang katayuan bilang dayuhan.<sup>25</sup>

Sa isang panayam, sinabi ni Ferriols na may iilang Amerikanong Heswitang nagalit at nagbintang sa kanya ng pagsulsol sa mga mag-aaral na labanan sila. Sa pakiwari niya, ito ay nagdulot ng sama ng loob sapagkat inakala nila na politikal ang kanyang ipinaglalaman. Sa kanya, malinaw na hindi politikal, tulad ng “Down From the Hill,” ang pinag-uugatan ng kanyang Pilipinisasyon, kundi teolohikal, isang pagsisikap na isakatuparan

<sup>24</sup> Para sa mga detalye, paki tingnan ang Preciosa Regina de Joya, “In Search of Filipino Philosophy” (Ph.D. Dissertation, National University of Singapore, 2014).

<sup>25</sup> Ramon V. Puno and Vicente A. Cabanero, “A Call for Cultural Realism,” in *The Guidon* (11 December 1968), 3.

## 70 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

ang pluralismong itinataguyod ang kaganapan ni Kristo sa iba't ibang kultura. Ito, ayon kay Ferriols, ay nakasaad sa isang tekstong isinulat niya noong 1955, na pinamagatang, "Theological Aspects of Cultural Adaptation."<sup>26</sup> Malinaw niyang ipinaliwang ito sa isang interbyu sa Guidon noong 1968, ngunit, aniya, hindi ito sinama sa artikulong nilimbag. Aniya, kung naunawaan ng mga Amerikanong Heswita na teolohikal ang batayan ng kanyang pilipinsasyon, siguro mas naunawaan nila kung ano talaga ang kanyang hinahangad. Kaya ipinaliwanag sa akin muli ni Ferriols:

Hindi ko nilalaban ang mga Amerikano. Nag-udyok ako na magpaka-Filipino. At kung ikaw ay magpaka-Filipino, may mga gawaing Amerikano na hindi ka maaring sumang-ayon. Hindi sapagkat ayaw mo Amerikano, pero sapagkat gusto mo ng Filipino. (Panayam, 2009).

Bilang tugon sa tampo ng mga Amerikanong madaling nag-akalang walang pagpapahalaga sa kanilang nagawa, sinikap ni Ferriols noong magulong panahon na iyon na ipaliwanag ang kasalimuotan ng sitwasyon, na hindi maaring iuwi sa simpleng pagtanggì o pagkamuhi sa dayuhan.

Ang atitud ko ay meron akong appreciation sa kanilang ginawa, pero yung kanilang ginagawa ay magiging buo, magiging mas buo.... kagaya ng sinabi ko sa isang meeting namin[g mga Heswita]. Sabi ko, the Americans have done a great deal for the Philippines, but they have to do something harder. To let the Filipinos become really Filipinos. To do that, the Americans have to give up some of their American ways. The Americans can do it because... kasi may slogan ang mga Amerikano during the war, eh: the difficult we do at once, the impossible takes a little longer. Yun ang isa sa mga slogan ng mga Americans. SEACBEES— isang engineering department ng US Navy ata yon. (Panayam, 2009).

---

<sup>26</sup> Tingnan ang Roque Ferriols, "Theological Aspects of Cultural Appropriation," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio S. Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publications, 1997), 265-83.

## Hali-halili

May mga nagsasabi na nahirapan si Ferriols dahil sa kontrobersyang ito, at may iba pang nagsasabi na dahil dito, nalulong siya sa pag-iinom at nangailangang dumaan ng psychotherapy. Ngunit hindi maikakaila na, habang binabasa ang kanyang talambuhay, isinasalaysay ng may-akda, hindi ang alitan at pagkakaiba kundi, ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mga Amerikano't mga Filipino noong panahon ng digmaan. Isa kaya itong pagbabalik-loob, pagpapahayag ng may-akda ng pagsisisi sa nangyaring kaguluhan noong dekada '70? O isa kayang paraan ng pagwawasto ng mga maling akala't pagtutuwid ng baluktot na pag-uunawa?

Sa buong talambuhay, puspusing pinasasalamatang ng may-akda ang kanyang mga guro, Amerikano't Filipino, na hali-haliling nagtulong-tulong na gawing posible ang buhay, ang pag-asa at pagtuto, “ang pag-aaral ng Griyego at Latin at pagtanim ng pechay at kamote ...”<sup>27</sup> sa kabila, at sa gitna, ng kaguluhan. Kasama rin ang mga kuwento ng samahan at pakikiramay, sa pakikibahagi sa lungkot at kawalan na dulot ng katangahang pinairal ng digmaan, at mga kaibigang kasama at hindi maiwan sa gitna ng panganib at karahasan. Sa pagkukuwento ni Ferriols sa mga kaganapan noong madilim at magulong panahong iyon, mauulinigan ang awit ng matandang marinero: na tila nagsasabi na sa ating pagdudurusa, mahaba man ang paglalakbay at pag-iisa, natutuklasan rin sa huli ang pagkakaisa at pagbubuklod nating lahat *bilang tao*—na tulad ng mga Katoliko't Protestante, masasabi rin na kahit Amerikano sila, may mga ugali rin silang Filipino.

*Department of Philosophy, Ateneo de Manila University, Philippines*

## References

- Coleridge, Samuel Taylor. “Rime of the Ancient Mariner.” Mula sa *Coleridge's Ancient Mariner and Select Poems*. Pat. Frederick H. Sykes. Scribner English Classics, 1908. Kindle Edition.
- De Joya, Preciosa Regina, “In Search of Filipino Philosophy,” (Ph.D. Dissertation, National University of Singapore, 2014).
- Ferriols, Roque, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publication, 1997).

---

<sup>27</sup> Ferriols, *Sulyap*, 43.

## 72 ANG PAGKUKUWENTO BILANG PAGBABALIK-LOOB

\_\_\_\_\_, *Sulyap sa Aking Pinanggalingan*. Pat. Leovino Ma. Garcia (Quezon City: Bugaw, Ateneo de Manila University Press, 2016).

\_\_\_\_\_, "Theological Aspects of Cultural Appropriation," in *Pagdiriwang sa Meron: A Festival of Thought Celebrating Roque J. Ferriols, S.J.*, ed. by Nemesio S. Que and Agustin Martin G. Rodriguez (Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publication, 1997).

Hedley, Douglas, *Coleridge, Philosophy and Religion: Aids to Reflection and the Mirror of the Spirit* (Cambridge: Cambridge University Press, 2004).

Kim, Paul Chi Hun, "Ecotheology and the Idea of Forgiveness in *The Rime of the Ancient Mariner*," Mula sa *Literature Compass*, 11:2 (2014).

Jackson, Michael, *Lifeworlds: Essay in Existential Anthropology* (Chicago: University of Chicago Press, 2013).

Merton, Thomas, *The Way of Chuang Tsu*, 2<sup>nd</sup> ed. (New York: New Directions Publishing, 2010).

Puno, Ramon V. and Vicente A. Cabanero, "A Call for Cultural Realism," mula sa *The Guidon* (11 December 1968).

Discourse in Filipino Philosophy

## **Recuerdos: Mga Pagbaliktanaw sa Lumahong Programang Pilosopiya ng Far Eastern University**

---

***Christian Lemuel C. Afundar,  
Greg T. Dulay,  
and Elenita dLR. Garcia***

**Abstract:** Unknown to many Filipino teachers and students in Philosophy, Far Eastern University had its own bachelor's program in Philosophy. In fact, the Department of Philosophy of the university had some teachers and students who are considered as important Filipino philosophers, such as Benito Reyes, Florentino Timbreza, Antonio Cua, Romualdo Abulad, and Alfredo Co. Using the method of oral history, this paper attempts to reconstruct the story of the program and the Department of Philosophy of Far Eastern University. The researchers interviewed Florentino Timbreza as a former student, Zenaida Santiago-Martinez as a former college administrator, Clarita Villa-Alba as a former Philosophy teacher; and Alfredo Co as another former Philosophy teacher. This paper aims to find out why the bachelor's program in Philosophy was terminated; if it is appropriate to bring the program back; and if appropriate, how it should be designed to be more stable and sustainable. This paper can also be considered as a contribution to the broader project on the development of the history of Filipino philosophy.

**Keywords:** Far Eastern University, philosophy program, Filipino philosophy, oral history

### **Introduksyon**

**L**ingid sa kaalaman ng marami ngayong Pilipinong guro at mag-aaral sa Pilosopiya, may panahon palang ang Far Eastern University (FEU) ay may sariling programang Batsilyer sa Pilosopiya. Ang dalawang mananaliksik sa proyektong ito na galing mismo sa nasabing pamantasan ay gulat na gulat nang marinig nila sa unang pagkakataon ang impormasyong



## 74 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

ito habang nasa Pambansang Kumperensiya ng Philosophical Association of the Philippines noong Abril 2017. Sa katunayan, mayroon ang Departamento ng Pilosopiya ng nasabing pamantasan na ilang guro at mag-aaral na maaaring ipagmayabang bilang mga mahalagang pilosopong Pilipino, tulad nina Benito Reyes, Florentino Timbreza, Antonio Cua, Romualdo Abulad, at Alfredo Co.

Humugot ng inspirasyon ang pananaliksik na ito sa tatlong institusyonal na pagsusuri na may kaugnayan sa pilosopiyang Pilipino na naisagawa na nina Preciosa Regina de Joya, tungkol sa mga pilosopong Pilipino ng Pamantasan ng Pilipinas, Pamantasang Ateneo de Manila (ADMU), Kolehiyong San Beda, at iba pa;<sup>1</sup> F.P.A. Demeterio, tungkol sa mga pilosopong Pilipino ng Pamantasang De La Salle;<sup>2</sup> at Emmanuel de Leon,<sup>3</sup> tungkol sa mga pilosopong Pilipino ng Pamantasan ng Santo Tomas. Napagtanto ng mga mananaliksik na ang ganitong mga pag-aaral ay may malaking maiaambag sa pag-uunawa sa kasaysayan at kasalukuyang katayuan ng pilosopiyang Pilipino, pati na sa pilosopiya dito sa Pilipinas.

Gamit ang metodo ng *oral history* sinikap ng papel na ito na buuin muli ang kwento ng programang Pilosopiya ng FEU. Layunin ng papel na ito na makalikom ng ilang aral at kabatiran kung bakit naglaho ang programang Batsilyer sa Pilosopiya ng pamantasang ito; kung nararapat bang buhayin muli ang programa; at kapag nararapat man, kung paano ito ididiseno para maging mas matatag at sustenableng programa. Maaaring ituring din ang papel na ito na isang ambag sa mas malawak na proyekto tungkol sa pagbubuo ng kasaysayan ng pilosopiyang Pilipino. Habang disertasyon at manuskrito ng aklat ang nagawa ng mga pagsusuri nina de Joya, Demeterio, at de Leon, isang maikling artikulo lamang ang nabuo ng kasalukuyang proyekto at itinuturing muna ito ng mga mananaliksik bilang panimulang pag-aaral sa kasaysayan ng pilosopiya ng FEU. Unang nakonseptuwalisa ang proyektong ito sa tulong at susog ng dalubhasa at historyador ng pilosopiyang Pilipino na si Demeterio.

### Metodolohiya

Ang modernong *oral history* ay nagsimula sa pagkamulat ng Amerikanong dyurnalista at historyador na si Allan Nevins na madalas ang

---

<sup>1</sup> Preciosa Regina de Joya, "In Search of Filipino Philosophy" (Ph.D. Dissertation, National University of Singapore, 2014).

<sup>2</sup> F.P.A. Demeterio, III, "The Intellectual Heritage of the Pioneering Lasallian Filipino Philosophers," (Unpublished Manuscript, 2015).

<sup>3</sup> Emmanuel de Leon De Leon, "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Pilipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co" (Ph.D. Dissertation, University of Santo Tomas, 2017).

mga nakasulat na teksto at rekord ay hindi sapat, o hindi mahagilap, para sa ilang historikal na pananaliksik.<sup>4</sup> Nagsusulat si Nevins noong ng biograpiya ng Amerikanong Pangulong si Grover Cleveland na nabuhay noong uso na ang paggamit ng telepono at dumadalang na ang paggamit ng mga nakasulat na memorandum at sirkular. Kinapanayam ni Nevin ang mga nakatrabaho, kaibigan, at kamag-anak ng yumaong pangulo para mabuo niya ang ginagawang biograpiya. Ngunit may ginawang kakaiba si Nevins, inilagak niya sa isang arkibo ang mga rekord ng kanyang pakikipanayam para mapakinabangan pa ng mga dadating pang mananaliksik at historyador.

Ang *oral history* ay nakaugat sa pangangailangan ng isang historyador na makakuha ng impormasyon tungkol sa hindi pa masyadong naidokumentong penomenon o pangyayari.<sup>5</sup> Humahanap ang *oral* na historyador ng kanyang mga impormante mula sa mga indibidwal na may direktang kinalaman o karanasan sa paksa na kanyang sinasaliksik. Sistematikong kinapanayam ng historyador ang kanyang mga nahanap o napiling mga impormante. Planado dapat ang pagtatanong ng historyador para maihayag ng kanyang mga impormante ang kanyang kinakailangang mga impormasyon. Kaya hindi tamang paraan ng *oral history* ang basta hayaan na lamang ang impormanteng magsalita nang magsalita.<sup>6</sup> Ang mga pakikipanayam ay dapat nakarekord, gamit ang *audio* o *video* na recorder, at maaaring gawaan ng transkripsiyon.<sup>7</sup> Ito ang dahilan kung bakit ang modernong *oral history* ay umusbong lamang matapos maimbento ang *wire recording* na maaaring bitbitin sa kinaroroonan ng mga impormante.<sup>8</sup> Sa puntong ito maaari nang magsulat ang historyador ng kanyang ulat o publikasyon.

Ang modernong *oral history* ay hindi kumpleto kapag wala ang proseso ng paglagak sa isang arkibo ng mga aktuwal na rekord at transkrip na nakalap mula sa proyekto. Ang mga nakalagak na rekord ay bukas dapat para sa mga darating na historyador na may kani-kanilang mga pananaliksik. Ang *oral history* ay tumutukoy sa sistematikong kinapanayam na mga salaysay mula sa *respondents*, tumutukoy rin ito sa mga rekord at transkrip, sa mga nakalagak na rekord at transkrip sa arkibo, pati na sa mga pag-aaral ng dadating na mga historyador na gagamit sa mga nakalagak na rekord at

---

<sup>4</sup> Warren Nishimoto, "Introduction: Oral History in Educational Research," in *Educational Perspectives*, 40:2 (2007), 3.

<sup>5</sup> Valerie Raleigh Yow, *Recording Oral History: A Guide for the Humanities and Social Sciences* (Lanham, Maryland: Rowman & Littlefield, 2015), 11.

<sup>6</sup> Michael V. Angrosino, *Exploring Oral History: A Window on the Past* (Long Grove, Illinois: Waveland Press, 2008), 6.

<sup>7</sup> *Ibid.*

<sup>8</sup> Yow, *Recording Oral History*, 2-3.

## 76 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

transkrip, at pati na rin sa mga ulat at publikasyong nabuo kaugnay sa mga gawaing ito.<sup>9</sup>

Apat na lebel ng *oral history* ang sangkot sa proyektong ito. Una ay ang sistematikong pakikipanayam sa ilang piling impormante para makalap ang kani-kanilang salaysay tungkol sa programang Pilosopiya ng FEU. Kinapanayam ng mga mananaliksik sina Florentino Timbreza bilang dating mag-aaral, Zenaida Santiago-Martinez bilang dating administrador sa kolehiyong kinabibilangan ng nasabing programa, Clarita Villa-Alba bilang dating kasapi ng kaguruan ng Pilosopiya, at Co bilang isa pang kasapi ng kaguruan ng Pilosopiya. Nagkaroon muna ng mga inisyal na pakikipanayam ang mga mananaliksik kina Timbreza, Santiago-Martinez, at Villa-Alba batay sa pangkalahatan nilang masasabi tungkol sa naglahong programa ng Pilosopiya ng FEU. Matapos mapag-aralan ng mga mananaliksik ang mga inisyal na transkrip ay inilista na nila ang mga gabay na tanong para sa mga napiling impormante. Dito na idinagdag ang pangalan ni Co dahil lumabas sa inisyal na pakikipanayam na si Co pala ay nakapagturo rin sa nasabing pamantasan. Kahit hindi na niya naabutan ang programa ng Pilosopiya mismo, naabutan pa rin niya ang Departamento ng Pilosopiya at mayroon siyang alaala tungkol sa mga pangyayari at mga taong kasapi sa kwento ng Departamento ng Pilosopiya sa FEU. Ito rin ang naging gabay sa pagpili ng mga kapanayam.

Ang pangalawang lebel ng *oral history* na sangkot sa proyektong ito ay ang paglagay sa mga transkrip ng mga salaysay ng mga impormante sa papel na ito. Sa kawalan ng angkop na arkibong mapaglilagakan ng rekord at transkrip ng mga pakikipanayam, minabuti ng mga mananaliksik na sa binubuong artikulo na lamang ilathala ang nasabing mga transkrip. Sa pamamagitan ng isang publikasyon ay magagamit pa rin ang mga transkrip na ito ng sinumang dadating na mananaliksik na may interes sa paksang sinusuri ng proyektong ito. Ang pangatlong lebel ay ang pag-aaral sa mga nagawang transkrip para matugunan ang mga layunin ng proyekto na unawain ang paglaho ng nasabing programa, na malaman kung nararapat bang buhayin ang programa, at tiyakin na kung nararapat man itong buhayin muli, paano naman kaya ito ididiseno para maging mas matatag at sustainable. Pang-apat ay ang artikulong ito na nabuo ng mga mananaliksik.

### **Mga Alaala ng Isang Mag-aaral: Panayam kay Florentino Timbreza**

Ipinanganak si Timbreza sa Tayum, Abra. Siya ay nag-aral at nagtapos sa FEU ng kursong Batsilyer sa Pilosopiya noong 1962. Nagtapos siya ng kanyang Masterado sa Pilosopiya sa Ateneo de Manila University

---

<sup>9</sup> *Ibid.*

(ADMU) noong 1971. Sa University of Santo Tomas (UST) naman siya nag-aral at nagtapos ng kanyang Doktorado sa Pilosopiya noong 1980, kung saan isinulat niya ang kanyang disertasyon tungkol kay Lao Tzu. Ito ang kauna-unahang disertasyong pilosopikal dito sa bansa na isinulat at idinepensa sa wikang Filipino. Iginawad kay Timbreza ang pagiging *full professor* sa Trinity College, Quezon City kung saan siya ay naging Dean of Student Affairs. Nagturo siya sa De La Salle University (DLSU) noong 1983. Ginawaran siya ng DLSU ng parangal ng pagiging Lucian Athanasius Professorial Chair in Philosophy and Letters. Sa kasalukuyan, siya ang punong patnugot ng Filipino *journal* na *Malay* ng DLSU.

Unang nakapanayam ng mga mananaliksik si Timbreza noong ika-17 ng Hulyo 2017 sa DLSU upang magkaroon sila ng preliminaryong impormasyon tungkol sa kanilang pag-aaral. Matapos mapag-aralan ng mga mananaliksik ang transkrip ng unang panayam, nagtala sila ng mga katanungang uungkat ng mas malalim sa karanasan ng kapanayam. Nagsagawa sila ng pangalawang panayam noong ika-15 ng Setyembre 2017 sa parehong lugar. Ang sumusunod ay ang transkrip ng pangalawang panayam.

**Christian Lemuel C. Afundar (Kumakapanayam):** Ano po ang dominanteng *philosophical school* na umiiral noon sa FEU?

**Florentino Timbreza:** Noong panahong iyon, laganap ang *Scholastic*, o masasabing *neo-Scholastic* dahil ang ilang propesor noon ay medyo liberal na rin. Hindi na lang basta Tomistikong sarado. *Neo-Scholastic* siguro ang masasabi ko. Magagaling naman sila. Meron ng *oriental philosophy* noon dahil nandoon si Dr. Benito Reyes. Iyon ang sa aking palagay ang umiiral na *philosophical school of thought* noong araw.

**Greg Dulay (Kumakapanayam):** Paano po kayo hinubog ng programang Pilosopiya ng FEU?

**Timbreza:** Dahil na rin sa aking mga magagaling na propesor, lalong lalo na kay Jose Espina. Siya ang masasabi kong humubog sa aking pag-iisip tungkol sa pagkakahilig ko sa pilosopiya. Magaling magturo. Hanggang ngayon iyong kanyang mga *mannerism* ay dala-dala ko pa rin sa pagtuturo. Kaya mahalaga iyong propesor o iyong guro mo sa pagtuturo, sapagkat malaking impluwensya sa pagkahubog ng iyong pag-iisip.

**Afundar:** Pati rin po ba sa pagsusulat ninyo, sila rin ba ang nag-*encourage* sa inyo?

## 78 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

**Timbreza:** Sa pagsusulat siguro, noong ako ay nagbibinata na sa amin, mahilig akong magsulat ng maiikling tula. Itong mga tulang ito ay aking hinahandog sa mga bagong kasal, halimbawa. Usong-uso sa Ilocos noon, sa Abra noon, iyong tinatawag nilang sarsuwela. Pagmagkaroon ng mga *party*, mga *birthday party*, o kaya kasalan, wala pa kasing ibang *entertainment* kundi sarsuwela. Wala pang radyo. Kaya kinakailangan kumanta ka o kaya *they call that* tula or daniw in Ilokano. Dumaniw ka ... parang balagtasan. Sa palagay ko doon nahubog ang interes ko sa pagsusulat.

**Dulay:** Maliban kay Dr. Jose Espina, sino pa po iyong mga naalala ninyo na naging propesor ninyo?

**Timbreza:** Si Lydia Almoró, magaling din iyon. Si Marcial Reyes. Meron pang *certain* Rivera. Hindi ko na nga lang maalala ang kanyang *first name*. *Ethics* yata ang itinuro niya noon, o kaya kung hindi ako nagkakamali parang tungkol sa *Indian philosophy* o *Oriental philosophy*. Marami rin ... nakalimutan ko na nga lang ang iba. Pero sila ang mga kaagad lulutang sa aking alaala. Iyon ang magigiting na mga propesor ko sa FEU noong araw.

**Afundar:** May ambag po ba ang pilosopikal na edukasyon ninyo mula sa FEU sa inyong pagiging isa ngayon sa mga pinakabatikang pilosopong Pilipino?

**Timbreza:** Maaaring *biased* ako dito sapagkat ang aking *background* talaga ay ang aking pag-aaral sa FEU. Oo naman, tulad ng sinabi ko, kung hindi dahil sa pagkakahubog ng aking pag-iisip, lalong-lalo na sa pilosopikal na pag-iisip sa FEU na dulot ng aking magagaling na propesor, palagay ko hindi ko narating ang aking naratnan kung anuman ngayon. Mahalaga ang *background* mo eh. Mahalaga iyong aking pilosopikal na *background* sa FEU.

**Dulay:** Ano po ang inyong masasabi sa paglaho sa programang Pilosopiya ng FEU?

**Timbreza:** Hindi ko matiyak pero marahil ... noong panahong iyon ang FEU ang may pinakamaraming mag-aaral. Mga 40,000 hanggang 42,000 ang kabuuang *student population*. Palagay ko, *eventually* siguro, ay pakaunti nang pakaunti na lang siguro ang nag-*enrol* sa FEU. Kaya pakaunti nang pakaunti na rin siguro ang nag-me-medyor ng *Philosophy*. Maaaring iyong mga propesor ko ay nawala na rin siguro o kaya nag-*transfer*. Hindi ko alam kung nagretiro ba si Espina.

**Dulay:** Sa tingin ninyo po, malaki ba ang epekto sa isang pamantasan kapag nawala ang *Philosophy program* nito?

**Timbreza:** Maaaring *biased* na naman siguro ako dito. Sa palagay ko may epekto, sapagkat tulad ng napag-aralan natin sa pilosopiya, ito talaga ang pundasyon ng paghahanap ng kabuluhan para malutas ang problema sa ating lipunan. Iyon din ang tinutukoy natin sa pilosopiya. Kung mawala talaga, sa palagay ko, maaaring magiging mahina ang epekto ng edukasyon. Sa bagay, meron naman yatang *ethics* o *critical thinking* pa rin sa FEU. Bukod pa siguro dito, kailangan pa ang malawakang paghahanap ng kabuluhan, at kinakailangan na ituro din ang iba pang sangay ng pilosopiya para lalo pang lumawak ang pag-iisip ng mga mag-aaral.

**Afundar:** Sa palagay po ninyo ay sapat ba ang *graduate educational background* ng mga propesor ninyo sa pilosopiya noon?

**Timbreza:** Dahil wala naman akong *background* talaga rin sa *philosophy* noon, iyong aking napag-aralan sa kanila ay sapat na para sa akin para mahubog ang aking pag-iisip at pagkakahilig sa pilosopiya. Pero noong ako ay nakapag-aral na sa *graduate school*, sa iba't ibang paaralan at eskwalahan, doon ko natuklasan na hindi pa pala sapat ang aking *educational background*. Pero mahalaga rin iyong aking *educational background* mula sa FEU. Parang *stepping stone*, wika nga, parang unang hakbang, dahil kung wala ang unang hakbang hindi ako nakatuntong sa iba pang pinag-aralan ko sa pilosopiya. Iyong *background* ko matatag, matibay. Iyon sa palagay ko ang kahalagahan ng aking pagmedyor sa Pilosopiya noong ako ay nasa FEU.

**Dulay:** Sa palagay po ninyo ay sapat ba ang mga ginagawang *research* ng mga propesor ninyo sa pilosopiya noon?

**Timbreza:** Kasi noong panahong iyon, hindi pa gaanong pinagdiinang iyong *research* sa mga estudyante, kung hindi ako nagkakamali. Sapat na iyong, halimbawa, mga aklat na sinasabing basahin namin. Siyempre marami ring mga *reference*. Mayroon ding pagsa-*submit* ng mga *term paper* siguro. Pero baka hindi ito gaanong pinagdiinang noong panahon. Pero mayroon din. Parang isa sa mga *requirement* din iyong mga *research paper* o mga *term paper* na tinatawag.

**Afundar:** Kung sakaling maisipan ng administrasyon ng FEU na buuin muli ang nasabing programa, anong mga gabay at payo ang iyong maibibigay para sa administrasyon?

**Timbreza:** Siguro *biased* na naman ako kasi *Philosophy* ang medyor ko. Ang aking masasabi na lamang ... napakahalaga ng pilosopiya sa edukasyon.

## 80 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

Tulad ng ating mga dalubhasa, kahit itong ating mga bayani tulad ni Rizal, hindi mawawala iyong pilosopiya sa kanilang edukasyon. Napag-aralan nila ang pamimilosopiya, at ito ang dahilan kung bakit tumingkad ang kanilang pag-iisip. Kaya kinakailangan, sa palagay ko, na huwag kaligtaan ang pilosopiya bilang bahagi ng edukasyon. ... Ganoon din siguro ang masasabi ko sa mga guro tulad ninyo na nagtuturo ng pilosopiya. Ipagpatuloy ninyo, sapagkat ito ang interes natin. Walang ibang makakagawa nito eh. Huwag nating iasa sa iba. Kanya-kanya tayo ng interes, o kaya, o hilig, o *special talent*, o *signature strength*. Dapat nating palakasin ito, paunlarin ito, para naman makinabang ang iba, sapagkat ang katotohanan kung hindi ipapamahagi ay walang saysay. Parang pag-ibig, na magiging hindi tunay kapag ito ay hindi ibinibigay. Dito naman sa pilosopiya, ang katotohanan ay walang kabuluhan kung hindi mo ito ipapamahagi sa iyong kapwa. Ito ang layunin ng pilosopiya, ang paghahanap natin ng katotohanan, pagtutukoy sa katotohanan. Ito ang ating ipapamahagi sa mga mag-aaral, upang mamulat rin sila sa katotohanang ating natuklasan. Malaking kontribusyon ito.

**Dulay:** Kahalintulad po ba ito sa sinabi ninyo dati na ang lahat na hindi ginagamit ay lumiliit?

**Timbreza:** Mayroon pang karugtong iyon ... kapag paliit nang paliit na ay hindi mo na talaga magagamit. Kaya sa akin, iyon ang kahalagahan ng pilosopiya sa aking buhay. Kung hindi dahil doon, maaaring hindi ako ang sinoman ako ngayon. Lalong-lalo na iyong pamimilosopiya sa wikang Filipino, mahalaga sa akin iyon, sapagkat malaki ang papel sa akin ang pagiging guro sa Filipino at ang pagtuklas at artikulasyon ng pilosopiyang Pilipino.

### **Mga Alaala ng Isang Administrador: Panayam kay Zenaida Santiago-Martinez**

Si Santiago-Martinez ay ipininanganak sa lungsod ng Maynila. Nagtapos siya ng Bachelor of Arts in Speech and Drama sa FEU noong 1961, ng Bachelor of Science in Commerce sa parehong pamantasan noong 1992, at ng Master of Arts in Education at ng Doctor of Education mula sa pareho pa ring pamantasan noong 2003. Nagturo muna siya sa FEU High School ng tatlong dekada bago mag-umpisang maging guro sa antas tersiyaryo ng pareho pa ring pamantasan. Nanungkulan siya bilang tagapangulo ng Department of Communication mula 1997 hanggang 1994, at naging katuwang na dekan ng Institute of Arts and Sciences mula 1999 hanggang 2006. Nagretiro siya mula sa FEU noong 2010 at nagtuturo pa rin hanggang sa kasalukuyan sa Cainta Catholic College.



Unang nakapanayam ng mga mananaliksik si Santiago-Martinez noong ika-30 ng Hulyo 2017 sa Cainta, Rizal. Matapos mapag-aralan ng mga mananaliksik ang transkrip ng unang panayam na nakatulong sa pagpili ng nararapat na mga katanungan sa pag-aaral na ito, nagsagawa sila ng pangalawang panayam noong ika-10 ng Setyembre 2017 sa Cainta, Rizal. Ang sumusunod ay ang transkrip ng pangalawang panayam.

**Dulay:** Bakit po naging pamilyar kayo sa kasaysayan ng programang Pilosopiya ng FEU?

**Zenaida Santiago-Martinez:** Kasi noon hindi pa ganoon karami ang mga *department* sa FEU. *Well known* din ang *philosophy* dahil parang isa ito sa mga *original* na programa ... *philosophy* at *literature*.

**Dulay:** Popular na po ba ang *Philosophy Department* noong mga panahon na iyon?

**Santiago-Martinez:** *Yes. It was well known.* Kasi mahusay na departamento iyon. Bakit mahusay? *Because of the line up of faculty members* and isa ito sa mga *flagship course* ng FEU. Si Marcial Reyes ay *debonair* ng *philosophy*. Si Benito Reyes, the *front runner*. Sina Lydia Almoros at Jose Espina pa. Si Timbreza ay produkto na nila iyon. Pero during his time, makikita mo na ang utak at potensiyal niya. Nakapaka-aktibo niya sa programa nila.

**Dulay:** Nabanggit ninyo po si Benito Reyes bilang *front runner* ng programa. Maaari po ba ninyo kaming kwentuhan tungkol sa kanya bilang propesor ng pilosopiya?

**Santiago-Martinez:** Naging propesor ko noon si Benito Reyes ng isang semestre lamang. Pero dahil kakaunti lang noon ang mga *department* at maliliit pa, *so* parang magkakakilala ang lahat sa loob ng FEU. Tapos, iyong mga anak niya ay naging kakilala ko, pati na ang misis niya. Kasi, si Mrs. Reyes *also taught in* FEU. Napakabait nitong si Benito Reyes. Kasi kung ano ang kailangan mo, bibigyan ka niya. Ang kanyang *office* ay parang *open to all the students*. Kung sino ang gustong magtanong, *napaka-accommodating* niya at *generous*.

**Dulay:** Kumusta naman po siya sa loob ng *classroom*?

**Santiago-Martinez:** Naging propesor ko siya sa isang *subject*. *I think it was Literature*. Kasi, *he was into literature and philosophy*. *He was a deep thinker*. Pero napaka... taong-tao ba. Napaka-humble. Hindi porke marunong siya ay



## 82 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

*alienated* na sa kanya ang iba. Hindi siya ganoon. Pati mga anak niya hindi ganoon. Paglabas niya sa *classroom*, *friend* mo siya. Pero *inside the classroom*? *It will be about the class that you should talk about*. Marami siyang *example*, marami siyang *activity for you to understand the lesson*. Marami din siyang naisulat na libro. Marami siyang *contribute* sa *faculty journal*. *He was a prolific writer*.

**Dulay:** Nabanggit ninyo po kanina si Marcial Reyes bilang *debonair* ng *philosophy*. Maaari po ba ninyo kaming kwentuhan tungkol sa kanya bilang propesor ng pilosopiya?

**Santiago-Martinez:** *He was a philosophy professor*. Guwapo at *Spanish* mestizo ito, balbas sarado. Ofelia Reyes ang pangalan nga kanyang asawa. Pero nagkahiwalay sila dahil mas bata si Marcial, guwapo, at kung tama ako may pagka-- flirt sa mga babae. Si Ofelia ay nag-aral sa *Instituto de Mujeres*. Kaklase siya ng mga kapatid ko. Hindi ko naging propesor si Marcial. Pero kilala ko siya *because of Ofelia*. Si Ofelia ay naging propesor ko. *Then, later on*, napabalita na naghiwalay sila. *That was the time when Marcial left FEU*.

**Dulay:** Nabanggit din po ninyo si Almoró kanina bilang isa sa mga pangunahing propesor ng Pilosopiya sa FEU. Maaari po ba ninyo kaming kwentuhan tungkol sa kanya?

**Santiago-Martinez:** Siya dati ay si Lydia Reyes. Naging propesor ko siya sa *Philosophy*. Late na siya nag-asawa. Pero noong nanganak naman ay halos dugtong-dugtong ang mga iyon. Pero napaka-*solicitous* na *mother* siya. Iyong mga anak niya, makikita mo, dadating silang mag-anak, silang mag-asawa, kapit-kapit ang mga anak niya. Sa FEU sila nag-aalmusal, nagsusuot ng sapatos kasi marami sila. *Lawyer* ang asawa niya. Pero maagang namatay iyon.

**Afundar:** Kumusta naman po ang kanyang pagtuturo ng pilosopiya?

**Santiago-Martinez:** *Very exacting, very bookish*. Lahat sa kanya may mga *rule*. Mas naging misteryosa siya *as she grew older*. Sa Cubao ang bahay niyan eh. May kaya naman sila. Ang anak niya yata ay pito. Lahat ng mga iyon ay nakapagtapos nang libre sa FEU.

**Afundar:** Napabayaan po ba niya ang kanyang pagtuturo dahil sa dami ng kanyang anak?

**Santiago-Martinez:** Hindi naman. Malinaw siyang magturo. Kaya nga lang *intimidated* ang mga *student* niya kasi iyong mga *standard* niya napaka-

*demanding* eh. Kung magsasalita siya, hindi siya bababa sa antas ng mga estudyante, sila ang dapat aabot sa antas niya. Sa kanya, *the time is mine, the subject is mine*. Parang ganoon ang dating niya sa akin. Pero kinikilala din naman niya kung sino ang mga puwede niyang ma-*intimidate* o hindi. Ako, hindi niya ako na-*intimidate*. *Commanding* ang *presence* niya sa *whole university*. Kasi marunong. Kilala siya ng lahat dahil *leader* at *she graduated, I think, magna or summa*. At meron siyang mga librong isinulat eh. Si Lydia, maraming *small talk*. Maraming kwento ito eh. *But she keeps on researching and studying. She did not stop. She loves to read and write*. Hanggang puwede siyang mag-*stay* sa FEU, siya ay mag-*stay*. Hanggang noong malapit na siyang mamatay ay narito pa rin siya.

**Dulay:** Kahit nag-*retire* na po siya ay nagturo pa rin sa *graduate school* noon. Naabutan pa kasi namin siya.

**Santiago-Martinez:** Oo! Kasi nga gusto niya ang ginagawa niya eh. Noong araw, ang tawag namin sa kanya ay babaeng nagsusuot *chandelier*. Kasi iyong hikaw niya ay parang *chandelier*. Siya ay taong totoo sa kanyang sarili. *It was like, I do not care what you say, basta ito ako. Ako ay ako, wala akong pakialam sa inyo. Ganoon siya. Hindi siya ruled by the society*.

**Dulay:** Nabanggit din po ninyo si Espina kanina bilang isa sa mga pangunahing propesor ng pilosopiya sa FEU. Maaari po ba ninyo kaming kwentuhan tungkol sa kanya?

**Santiago-Martinez:** Si Espina naman at ang kanyang misis ay naging propesor ko silang pareho sa pilosopiya. Silang dalawa ay propesor ng pilosopiya sa FEU. Jose Espina *also wrote philosophy*. Bilang propesor at estudyante lamang ang pagkakakilala ko sa kanya. Wala kaming mga *small talk*. Kasi iyong mag-asawa na iyon ay dadating sa FEU, magtuturo, tapos aalis na. *Philosophy subjects* ang itinuturo ni Jose Espina. Kapag nagtuturo iyon nakapikit sa harapan ng klase. Nagsasalita iyon nang nakapikit. *Compatible* ang mag-asawang iyon, dahil sa *realm* ng kanilang *thoughts they see one another*. Malaking tao si Jose Espina. Parang dating nagpapari pero hindi natuloy. Hindi masyadong nagtagal sa FEU ang mag-asawang iyon. Mabait sila at hindi naninigaw. Ang pagtuturo nila ay hindi *simplified*. Malalim ang *level* ng pagtuturo nila. Jose Espina *was very quiet and disciplined* ang *demeanor* niya. *You will respect him*. Hindi ka magloloko sa kanya. Pero *he did not talk that much. When he opened his mouth, it was all about the lesson*. Wala itong *small talk*.

## 84 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

**Dulay:** Napag-alaman namin na mayroon palang produkto ang programa na naging batikang propesor ng *Chinese philosophy* sa Amerika. Si Antonio Cua po ba ay kilala ninyo?

**Santiago-Martinez:** Hindi ko masyadong nakasalamuha yan dahil nauna sa akin yan sa FEU at hindi naman siya nagturo doon.

**Dulay:** 1952 daw ito nagtapos ng Batsilyer sa Pilosopiya at Sikolohiya sa FEU. Siguro nga sa Amerika na ito nag-aral para sa mga gradwado niyang degri. Sino-sino pa po ba ang mga pinakabatikang propesor sa pilosopiya ng FEU?

**Santiago-Martinez:** Hindi naman sila marami eh. Parang sila iyong nabanggit ko ang talagang *cream* sa *philosophy*. Itanong mo kay Claire [Villa-Alba] kung meron pang iba. Siguro mas bata na lang. Pero *during their time*, sila iyon. Hindi mo matatawaran ang kanilang *ability* at sila ay mga *authors*.

**Dulay:** Ano po ang inyong masasabi sa paglaho ng programang Pilosopiya ng FEU?

**Santiago-Martinez:** May mga *science program* na itinatag, kaya kumaunti ang mga nag-major sa *Philosophy*. *It became a losing proposition for the university. Because if you have very few majors. ... You will have to have a full class* kasi ang bayad sa mga propesor ay *full* lagi. *So, losing proposition* iyon. Hindi puwede na ganoon.

**Dulay:** Kung sakaling maisipan ng administrasyon ng FEU na buuin muli ang nasabing programa, ano pong mga gabay at payo ang inyong maibibigay para sa administrasyon?

**Santiago-Martinez:** Ang unang gawin dapat diyan, maski ano mang programa iyan, ay ang *marketing*. *You market by way of publicizing those who were there before*. Ito ang mga produkto namin. Ito ang mga nagtuturo sa amin. Gusto nating ma-*regain* iyong *stronghold* ng *university*. *Philosophy should always be there*.

**Dulay:** Sa programa ng Philosophy, ano po ba dapat ang kalidad ng isang guro para maging kwalipikadong magturo para sa nasabing programa?

**Santiago-Martinez:** Sa akin kasi, ang unang titingnan mo sa guro ay *attitude*. Kung *willing* ba ang guro, kung may *passion* ba siya. Kasi maski gaano karunong iyan kapag hindi siya *committed*, wala ring mangyayari. Hindi

iyong nagtatanong lamang tungkol sa *salary scale*. Kahit na ang FEU ngayon ay *very competitive*.

**Dulay:** Sa tingin po ba ninyo, puwede at maganda bang isulong ang muling pagbuo ng programang Pilosopiya sa FEU?

**Santiago-Martinez:** Oo naman! Basta ang mga nandoon ay magtratrabaho. Maraming guro at propesor, pero *dedicated* ba sila sa trabaho nila? Ang mga *faculty journals* noon ay dominated ng mga propesor ng pilosopiya at *literature*. Talagang alam mo na *high caliber*.

### **Mga Alaala ng Isang Guro: Panayam kay Clarita Villa-Alba**

Si Villa-Alba ay ipininanganak sa bayan ng Lucban, Quezon. Nagtapos siya ng Bachelor of Philosophy sa UST noong 1971. Kumuha siya ng Master of Arts in Letters sa FEU at natapos niya ito noong 2000. Nag-aral siya para sa degrading Doktorado sa Panitakan sa UST. Nagturo siya ng pilosopiya sa FEU mula 1973 hanggang sa pagretiro niya noong 2015. Maliban sa pagiging guro sa pilosopiya sa FEU, naging coordinator din siya sa Logic at Ethics. Siya ay co-author ng librong *Basic Logic at Righteous Living* na ginamit sa FEU sa pagtuturo ng Logic at Ethics. Naging kasapi siya sa editorial board ng una at pangalawang librong pilosopiya ni Emerita Quito na nakasulat sa wikang Filipino.

Unang nakapanayam ng mga mananaliksik si Villa-Alba noong ika-20 ng Agosto 2017 sa Sacred Heart Village, Quezon City. Tulad ng mga ibang panayam, matapos mapag-aralan ng mga mananaliksik ang transkrip ng unang panayam, nagsagawa sila ng pangalawang panayam sa mga katanungang nagbunga dito. Nakapanayam muli si Villa-Alba noong ika-3 ng Setyembre 2017 sa parehong lokasyon. Ang sumusunod ay ang transkrip ng pangalawang panayam.

**Dulay:** Bakit po naging pamilyar kayo sa kasaysayan ng programang Pilosopiya ng FEU?

**Clarita Villa-Alba:** Kasi, *I belonged to the Philosophy Department from 1973 up to my retirement in 2015.*

**Dulay:** Ano po sa palagay ninyo ang naging dahilan sa paglaho ng programang Pilosopiya ng FEU?

**Villa-Alba:** Sa palagay ko, ang unang dahilan ay bumaba ang mga *enrollee*. Puwede ninyong sabihin na bumagsak ang bilang ng mga *enrollee* sa

## 86 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

*Philosophy program* dahil sa panahong iyon ang mga *course* na inenrolan ng maraming estudyante na gustong makakuha ng mga *lucrative job* ay iyong *Nursing, Medical Techonolgy*, na doon naman talaga nag-e-excel ang FEU, at saka iyong *Mass Communications at Psychology*. *The graduates of Nursing and Medical Technology of FEU and also of Medicine then, usually topped the board examinations. The enrollees in Mass Communications and Psychology were increasing.* So, siguro naging *unpopular* ang *Philosophy program*.

**Afundar:** May iba pa ba po kayang dahilan bukod dito?

**Villa-Alba:** *Jokingly, the late Dr. Lydia Almoró would say that Dr. Alfredo Co was one of the causes for the disappearance of the Philosophy program because of his strictness and rigor. Lahat naman ng nagtuturo ng philosophy ay mga Philosophy graduate. Alam naman natin na talagang mahirap ang mga subject at ang programa mismo. Tapos papahirapan pa ng mga propesor na sabihin nating talagang hindi lang istrikto kundi talagang nandoon para paaisipin ka nang todo-todo just like them. Kung paano sila mag-isip, gusto nila ganoon din mag-iisip ang mga estudyante.*

**Afundar:** Ano po ang inyong masasabi sa paglaho sa programang Pilosopiya ng FEU?

**Villa-Alba:** Sayang din. Kasi meron din namang ibang mga pasulpot-sulpot na estudyante na nagtatanong kung bakit walang *Philosophy program*. Gusto sana nilang mag-major sa *Philosophy*. Kaso, wala na. Sana kung meron nga tayong *graduates* ng *Philosophy*, sila na lang ang magtuturo ng *subjects* sa *Philosophy* na natira. Usually, ang nagtatanong sa akin noon, mga mag-la-law. Interesado sila sa *Philosophy* as a *pre-law* program.

**Dulay:** Sa palagay ninyo po ba ay nagkaroon ng epekto ang pagkawala ng programa sa paraan ng pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamantasan?

**Villa-Alba:** Hindi. *I do not think* napakalaki ang epekto. Noong mga 70s kasi, up to siguro mga 80s, ang mga estudyante ay masisipag pa mag-aral, mahuhusay pa sila noon. Lalo na at ang hawak ko ay mga *Nursing student*. Mahuhusay sila at masisipag mag-aral. So, dahil hindi naman ako *aware* agad noon na nawala na pala ang *Philosophy program*, para sa akin ay parang wala namang malaking epekto sa pag-iisip ng mga mag-aaral.

**Afundar:** Iyon pong mga estudyanteng nagtatanong sa inyo tungkol sa *Philosophy program*, ano kaya ang mga *major* nila?

**Villa-Alba:** *Political Science*, usually. At saka yung mga may balak mag-aral ng *law* pagkatapos ng *bachelor's degree*.

**Dulay:** Sa tingin po ninyo bakit kaya sila nagkaroon ng interes sa *Philosophy program*?

**Villa-Alba:** Hindi naman nila nabanggit kumbakit. At saka, siyempre, halimbawa kami noon, noong nag-aaral pa ako, siyempre kapag sinabi mo na *Philosophy major* ka parang angat ka. Iba ang pakiramdam mo kaysa ito ang *course* niya, *Psychology*, ang *course* niya *Political Science*, tapos siya ay *English major*. Ganoon. Tapos, ikaw *Philosophy*. Parang iba ang tingin sa iyo. Iba ang *regard* sa iyo. Parang ang tingin sa iyo matalino ka talaga. . . astig. Ganoon. At saka *there were those* na nag-iisip na mas mahahasa ang kanilang *reasoning* kapag *Philosophy* ang *course* nila. Kaya, *it will be a good preparation for a Law program*.

**Afundar:** Kung sakaling maisipan ng administrasyon ng FEU na buuin muli ang nasabing programa, ano pong mga gabay at payo ang inyong maibibigay para sa administrasyon?

**Villa-Alba:** Naku, *they should first conduct feasibility study* kung gaano karami kaya ang estudyante na interesado. Kasi, kung kakaunti rin lang naman, *I do not think* na mabuksan nila ulit iyan, na mabubuo ulit iyan. Kung may *possibility* man na mabuo, *first of all* talaga dapat mga *Philosophy graduate* ang magtuturo.

**Dulay:** Hindi na po puwedeng maghigpit masyado ang mga propesor?

**Villa-Alba:** Depende yan eh. Dapat naman siguro mahigpit din ang mga propesor. Lalo na *when it comes to assignments*. Ibig kong sabihin, may ipapabasa ka halimbawa, tapos pupunta sa klase ang mga mag-aaral na hindi nagbabasa. Dapat kung may *assignment*, may *assignment*. Kung meron dapat *i-report*, *i-report*. Kung ipinabasa mo ang partikular na *dialogue* ni Plato, pagdating ng estudyante sa klase dapat nabasa nya iyon. *Otherwise*, propesor lang ang magsasalita nang magsasalita.

**Dulay:** Ano po ang puwede mai-suggest ninyo na magiging *thrust* ng *Philosophy program* na ito?

**Villa-Alba:** Dapat iyong may *orientation* sila sa lahat ng *trend: Oriental, Western, Ancient, Medieval*, at iba pa. Dapat alam nila ang mga ito. Siguro, *later on*, ang isang estudyante naman ay magkaroon siya ng partikular na

## 88 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

kikilingan. Halimbawa, noong estudyante ako, gustong-gusto ko iyong *Ancient Philosophy*. Kahit na doon sa UST ay obligado kaming maging interesado sa *Scholasticism at Thomism*. Eh, okay lang iyon. Pero *as a student*, meron din tayong ayaw. Halimbawa, si Kant, si Hegel, mga *Germans*, ayaw ko sa mga iyon. Pero dahil estudyante ka ng *philosophy*, kailangan nating pag-aralan kahit ayaw natin. Ngayon, kapag nagtuturo na tayo ng *philosophy*, kung ano ang paborito natin iyon ang mas matagal nating *i-take up* kaysa ibang *topic*. At saka mas malalim ang diskusyon natin sa mga iyong gusto natin.

**Afundar:** Ano po kaya ang puwedeng gawing pang engganyo sa mga estudyante para kumuha sila ng *Philosophy* bilang *major*, kagaya ng pagkaka-engganyo ninyo sa pilosopiya noon?

**Villa-Alba:** Puwede nating sabihin na *it is a very good preparation for all graduate courses*. Ako, honestly, noong nag-umpisa ako sa kolehiyo, wala akong *definite* na *course* na gusto. Ang nangyari lang kasi, si Josephine Acosta—Dr. Josephine Acosta-Pasricha na ngayon—isa ito sa mga propesor ng *philosophy* sa UST pero pinsan siya ng nanay ko, ay nagsabi sa akin na kung wala pa akong *definite* na *course* eh mag-*Philosophy* na lang daw ako. So nag-enroll ako sa *Philosophy*. Eh nagustuhan ko naman, kaya tinapos ko na. *I suppose* na hindi naman ako nagsisisi na iyon ang kinuha ko, kasi nakapagtrabaho naman ako kaagad.

**Dulay:** Sa personal po ninyong pananaw, malaki ba ang naitulong sa inyo ng *philosophy*?

**Villa-Alba:** Oo. Malaki. Kasi, halimbawa, kapag nagtuturo ako ng *literature*, dahil *philosophy* ang *background* ko naging mas malalim ang aking *analysis* at *reading* sa mga *literary work*.

### Mga Alaala ng Isa Pang Guro: Panayam kay Alfredo Co

Si Alfredo Co ay ipinanganak sa lungsod ng Maynila at nagbinata sa Bicol. Siya ay nag-aral at nagtapos sa UST ng kursong Batsilyer sa Pilosopiya noong 1972. Sa UST din siya nagtapos ng pag-aaral ng kanyang Masterado sa Pilosopiya noong 1974 at Doktorado sa Pilosopiya noong 1976. Si Co ay kumuha rin ng post-doktorado sa klasikal ng pilosopiyang Tsino sa Chinese University of Hongkong, at sa Sorbonne naman siya kumuha ng post-doktorado sa *Comparative Philosophy* kung saan ipinagkaloob sa kaniya ng gobyerno ng Pransya ang dalawang iskolarsyip. Si Co ay nagturo ng pilosopiya sa FEU (1973-1977), sa DLSU (1973-1989), at sa UST (1975) kung



saan ginawaran siya ng titulong *Professor Emeritus*. Kasama ng ilang mag-aaral sa UST, itinatag ni Co ang *Philosophy Circle of the Philippines* (PCP) na naging inspirasyon ng pagkakatatag ng *Philosophical Association of the Philippines* (PAP), at ang *Philosophical Association of the Visayas and Mindanao* (PAVisMinda).

Naganap ang kaisa-isang panayam kay Co noong ika-23 ng Setyembre 2017 sa Araneta Subdivision, Quezon City. Ang sumusunod ay ang transkrip ng panayam na ito.

**Dulay:** *During the 2017 National Conference of the Philosophical Association of the Philippines, you mentioned that there was a Philosophy program in FEU. That was the information that inspired us to do this project, as it motivated us to dig deeper into the reasons why it disappeared.*

**Alfredo Co:** Mabuti naman at nagdulot pala ang aking presentasyon ng mabuting bunga.

**Dulay:** *We have already interviewed Mrs. Villa-Alba and she believed that you are one of the witnesses of the closure of the Philosophy program.*

**Co:** *During our time with Clarita [Villa-Alba] there was no Philosophy program in FEU. There was ... but not during our time.*

**Dulay:** *But Mrs. Villa-Alba mentioned that during your time, the chairperson of the Philosophy Department was Dr. Jonas Zita.*

**Co:** *Yes. But there was no program in Philosophy anymore. The Department of Philosophy was just a servicing department for general education subjects.*

**Dulay:** *Noong panahon po na nandoon pa kayo sa FEU, ano po ang dominant philosophical school na umiiral?*

**Co:** *Wala. Kanya-kanya. Since most of the young people that came with me were trained by UST, like Alba, Zita, and Almoró, you could imagine that it was still Scholastic. The Oriental philosophy was not available because there was no course offering for it during that time. That was why if I handled Ethics, I did not teach Christian ethics only, but also Eastern ethical thoughts. That was not enough to make an impact for Eastern philosophy. If I handled Logic, walang lumalabas ... Hindi mo nga matatapos ang lesson mo sa Logic, papasukan mo pa iyon ng mas malawak na Oriental thinking? Of course, Lydia [Almoró] was also using Oriental frameworks in her Ethics class. So that was about it.*



## 90 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

**Dulay:** Ang pagtuturo po ba ninyo sa FEU ay nagkaroon ng bakas o kontribusyon sa inyong pagiging isa ngayon sa mga pinakabatikang pilosopong Pilipino?

**Co:** *That is not answerable, because I was not there as a regular faculty member handling major Philosophy subjects. Probably, hindi nilinaw ni Clarita na we both belonged to a servicing department.*

**Afundar:** Si Benito Reyes po ay kilalang Orientalista ng FEU. Siya ba ay nakasalamuha ninyo? May naiambag po ba siya sa pagiging Sinolohista ninyo?

**Co:** *Hindi ko siya nakasalamuha. Mas nauna siya sa akin. I did not have the opportunity to meet him. He is much older than I. If Emerita Quito was 30 years older than I, I imagined that Reyes was probably 25 or 28 years older than I. The only way for you to know more about Reyes is to check his biography at Pamantasan ng Lungsod ng Maynila where he served as president. Kaya wala siyang naiambag sa akin. Ang pagkakakilala ko kay Reyes came very much later. Noong nagre-research na ako about Filipino philosophy, saka ko lang napuna na meron palang Oriental philosophy noon sa FEU. Formed na ako noon. Ang formation ko sa Chinese philosophy ay mula sa Chinese University of Hong Kong.*

**Afundar:** Ano pa po ang nalalaman ninyo tungkol kay Benito Reyes?

**Co:** *In the early 1950s Benito Reyes and Ricardo Pascual went to study in the United States. Emerita Quito, in 1961, went to study in Switzerland. Benito Reyes was the first man I mentioned. I stated that FEU had an eminent Philosophy teacher, Benito Reyes. Students would listen to his lectures on Indian philosophy. The novelty of Indian philosophy attracted his students and he became the earliest Filipino to have written a book on Eastern philosophy. The book is entitled Moments without Self. That book also made him the first Filipino expert in Indian philosophy. The students enthusiastically followed his lectures in FEU. FEU, however, failed to create a competent group of faculty members who could carry that philosophical tradition in that university. The philosophical climate in FEU died when he left.*

**Afundar:** Bakit po sa tatlong pantas ay si Reyes ang una ninyong binganggit?

**Co:** *Maybe I was referring to him that way because, indeed, he was the center of it all. It was the time when very few people really can come with confidence to lecture about anything with a very big impression, carrying a load of knowledge from abroad.*

**Afundar:** Paano po kaya nabuo ang interes ni Reyes para sa *Eastern philosophy*?

**Co:** *Actually, he was adopted by an American couple who was into the Theosophical Society. He was brought to the United States and was introduced to theosophical learning. Evidently, theosophical learning will bring you to some sort of Eastern thoughts. Because of that he became very passionate with Eastern philosophy.*

**Dulay:** Mukhang si Antonio Cua na batikan ring Sinolohista ay hindi po ninyo naabutan dahil mas nauna pa itong mag-aral kay Dr. Timbreza sa FEU.

**Afundar:** Nabalitaan po namin na isa kayo sa mga kilabot noong propesor noon sa FEU at kinatatakutan ng maraming mag-aaral sa pilosopiya. Ano po ang inyong reaksiyon sa reputasyong ito?

**Co:** *Hindi ko alam. Many people translate that if students are afraid of me, they run away from me. But I am treating everybody the same. Whether you are from FEU, DLSU, UST and ADMU, pareho lang turing ko sa kanila. Kahit magkano pa ang pasahod ng institusyon sa akin. Hindi ka puwedeng magyayabang sa akin dahil lang may mataas kang pasahod. Mag-aaral ka sa akin. Iyan ay napakahalaga sa akin, dahil ang turing ko sa kanilang lahat ay pare-pareho. Iyan ay aking dala-dala hangang ngayon. I think that is a big part of my pedagogical discipline. I'll tell you, many people who are afraid of me still cherish me, they still love me. They are afraid because they know they cannot just walk into my class unprepared, but at the same time they still love me. ... They love me because I am strict, and they hate me of course. But they cannot accuse me of something else. Kaya ang pagtukoy ninyo na ako ay "kilabot" ay figuratibo. Medyo unfair sa akin iyon. Talagang si Lydia [Almoro]. Sumalangit nawa siya. But do not worry about it. I am too confident about me.*

**Afundar:** Bukod po sa inyo, sino sino pa ang mga pinakabatikang dalubguro sa pilosopiya ng FEU?

**Co:** *Dahil wala na ang Philosophy program noon, wala na ring lumalabas na talagang batikan. Dahil ang Pilosopiya noon ay puro general o minor subject na lamang. Nawala na kasi ang pagkakataon na malinang nang husto ang karunungan. Ang aking expertise sa Chinese philosophy ay unang naibahagi ko sa DLSU kaysa UST. Dahil ang Oriental philosophy sa UST noon ay hindi pa gaano nabigyan ng puwang. Sa DLSU, alam ni Quito ang aking expertise, kaya sabi niya sa akin "you come here, you will teach Chinese philosophy in DLSU."*

## 92 ANG LUMAHONG PROGRAMANG PILOSOPIYA NG FEU

**Afundar:** Ano po masasabi nyo sa paglaho ng programang Pilosopiya sa FEU?

**Co:** Siguro ang pagkawala ni Benito Reyes, na isa sa mga naunang iskolar na nag-aral sa ibang bansa *to broaden their philosophical horizons* at bumalik para magturo. ... Siya rin ang kauna-unahang Filipino *expert in Indian philosophy*. Wala na sigurong nakakaungos sa kanya na maaring mamuno sa departamento na may M.A. o Ph.D. ... Parang isang katawan na nawalan ng ulo ang programang Pilosopiya sa FEU. Parang sa kanya lang umiikot ang mundo ng *Philosophy* sa FEU. Ganun talaga ang problema, kaya, *I always see it that if you wanted a Philosophy program, you cannot create a program that is centered on you. You have to consider the faculty members who will be involved in creating the program, the faculty members who could handle the program*. Malaking trabaho iyon. *Like him, Pascual of the University of the Philippines was very charismatic, not only in Philosophy but also in Political Science*. Kaya lang ang pagkakaiba ng dalawa, *scholar* si Reyes at nagsulat siya, si Pascual hindi masyado. *Thus, Reyes was the first Filipino philosophy scholar who published*. Kaya kapag may ganoong tao, parang wala nang susunod na iba. Parang doon na lang umiikot ang mundo ng *Philosophy program* sa FEU.

**Afundar:** Sa palagay ninyo, importante ba ang programang Pilosopiya sa isang institusyon?

**Co:** Dahil ako ang *chair ng technical committee ng Philosophy* sa Commission on Higher Education (CHED), siyempre ang aking sagot ay oo, napaka-importante nito. Alam ninyo matatanda na kami. Mabuti naman at isinusulat ninyo ang kasaysayan na kagaya nitong inyong ginagawa. May mga tao kasing kinakalimutan ang mga maliit na bakas na naiambag ng mga pilosopo at pilosopiya sa isang institusyon. *Maybe*, ganoon ako, kahit saan ako pumunta, nag-iiwan ako ng bakas na maaring magdulot ng isang kabutihan. *At least, sa research* ninyong ito, ikinukuwento ko na meron kayo noong *Philosophy program* sa FEU.

**Afundar:** Sa palagay po ninyo ay sapat ba ang mga ginawang *research* ng mga propesor sa pilosopiya noon sa FEU?

**Co:** Dahil wala na ngang departamento, kanya-kanya na lamang sulat at lathala. Kung sino na lamang ang gustong umangat. *If you want your work to be published, you will do it on your own*.

**Afundar:** Kung sakaling maisipan ng administrasyon ng FEU na buuin muli ang nasabing programa anong gabay at payo ang iyong maibigay para sa administrasyon?

**Co:** Kailangan ninyong mag-submit ng *proposal*, and there are two ways. First, look at the program and standards that we have created in CHED and then you should be able to craft the program in such a way that it pushes the mission-vision of the department or university. Ano ba ang gusto ninyong gawin sa departamento o pamantasan? Bakit kailangan pang magkaroon ng isang *Philosophy program*? Papatunayan ninyo ito. Pagkatapos, dapat maipakita ninyo na mayroon kayong *vision* ... at diyan makikita kung ano talaga ang binabalak ninyo. Malakas ba ang programa sa, for example, *Continental philosophy* o sa *Analytic philosophy*, o sa *Oriental philosophy*, o *Comparative philosophy*. Dapat lababas ito.

**Afundar:** Ano pa po ang dapat naming gawin bilang mga guro ng Pilosopiya sa FEU?

**Co:** Kailangan ninyo ng *certain profile* ng *faculty members*. Kasi ang *deparment chair* ay kailangang may *qualification*. Check the *qualification of faculty members based on the standards of CHED*. Check the *program of Philosophy*. Kailangan na tuparin ninyo iyon for *basic formation*. Pero kailangan din ninyo na magdagdag ng bagay na iniisip ninyong huhubog sa isang uri ng Pilosopiya na gusto ninyong *i-develop* para kilalaning tatak FEU. Halimbawa, UST, tatak Iskolastsismo; ADMU, tatak penomenolohiya; at DLSU, eklektisismo ayon sa mungkahi ni Quito. ... *You are not independent to just open a Philosophy program. The program should conform with the standards designed by CHED*. Kailangan ang *department chair* at tatlo hanggang apat pang *faculty member* ay may Ph.D., habang ang iba ay may M.A. Then, you convince the CHED panel na mayroon kayong magtuturo sa programa. Patunayan ninyo na *qualified* sila. Masalimuot isipin, pero *if you can make it, it will be an achievement*.

## Paglalogom

Sari-sari mang kwento at alaala ang naibahagi ng mga nakapanayam ng mga mananaliksik, tatlo sa kanila ay tila sumasang-ayon sa isa't-isa na ang paglaho ng programang Pilosopiya sa FEU ay dala ng pagbabago ng interes o pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamantasan. Ayon kay Villa-Alba, naging popular ang mga programa sa *Nursing*, *Medical Technology*, *Medicine*, at *Psychology*. Si Santiago-Martinez naman ay naniniwala na ang pagtatatag ng mga programa sa *Sciences* ang naghila ng mga estudyante, kaya nawalan ng mga nag-enrol sa programa ng Pilosopiya. Binanggit din ni Timbreza ang pagkawala ng mga estudyante sa Pilosopiya. Mas madali nga namang makita

ang pagiging praktikal ng pagkuha ng mga nasabing kurso kaysa sa Pilosopiya na ika nga ay “walang maidedeposito sa bangko.” Maaaring ang pag-uso ng pangingibang bansa sa mga nakaraang dekada ay nagtulak sa mga mag-aaral na kumuha ng degri sa mga disiplinang madaling makakuha ng gawain sa labas ng bansa. Dahil dito, mahirap nga namang panatilihin ang programang Pilosopiya kung hindi sapat ang mga estudyanteng nagbabayad ng *tuition fees* kung hindi na makabuo ang departamento noon ng isang klase, habang kailangang suwelduhan ng buo ang mga nagtuturo nito, tulad ng nailahad ni Santiago-Martinez.

Subalit nabanggit din ni Timbreza ang pagkawala ng mga gurong nagtuturo ng Pilosopiya sa FEU dahil sa paglipat nila sa ibang institusyon, pag-alis ng bansa, o pagreretiro. Nabanggit ng mga nakapanayam ang mga pangalan ng mga batikang kaguruan ng Pilosopiya sa FEU noon, tulad nina Benito Reyes, Marcial Reyes, Lydia Almor, Jose Espina, at Antonio Cua. Malinaw na naipaliwanag din ni Co na ang departamento ng Pilosopiya ay tila “katawan ng nawalan ng ulo” nang nawala ang nagsimula nito, na si Dr. Benito Reyes. Tiniyak ni Co na ang buong programa ng Pilosopiya ay nakaikot lamang sa katauhan ni Reyes at wala nang nakaungos pa na maaaring mamuno ng departamento. Dahil hindi naibahagi ang kakayahang magpatuloy ng programa sa ibang tao, natural lamang na maglaho ito kasama ng pagkawala ng pasimuno nito.

Tungkol sa posibilidad na ibalik ang programa ng Pilosopiya sa FEU, lahat naman ng mga nakapanayam ay sumang-ayon na mabuting mangyari ito. Lahat sila ay tumukoy sa kahalagahan ng pilosopiya sa edukasyon. Ayon kay Villa-Alba, maraming mag-aaral ang nagtatanong tungkol sa programang Pilosopiya dahil ibig nilang kunin ito bilang *pre-law course*. Ayon din sa kanya, iba ang mag-*major* sa Pilosopiya. Ang tingin ng mga tao ay angat sa lahat ang kumukuha ng kursong iyon. Isa pa, magandang preparasyon din ito sa kahit na anong kursong pang-gradwado. Si Santiago-Martinez naman ay nagsabing maibabalik ang programang Pilosopiya kung ang magiging kaguruan nito ay magkakaroon ng dedikasyon sa trabaho. Naalala pa niya na ang mga lathalain noon sa FEU ay nadominahan ng mga propesor ng pilosopiya at literatura.

Si Timbreza naman, sa sadyang nagmamahal ng disiplinang Pilosopiya, lalo na ng pilosopiyang Pilipino, ay naghayag na ang pilosopiya ay mahalaga sa lahat ng tao dahil ito ang “pundasyon ng paghahanap ng kabuluhan sa buhay.” Ipinahiwatig niya na malalim ang kahalagahan nito at hindi lamang para sa mga *Philosophy majors*, kung hindi sa lahat ng mag-aaral. Si Co naman na siyang namumuno sa *technical committee* ng Pilosopiya sa CHED ay natural na nagdiin sa kahalagahan ng pilosopiya. Dagdag niya rin, sa dahilang tumatanda na ang mga batikang guro sa Pilosopiya ay kailangang maipagpatuloy ng iba ang pagtuturo at pananaliksik at

paglathala sa nasabing disiplina. Ito ay upang makapag-iwan ng bakas sa lahat na tatahak ng landas ng pilosopiya.

Kasama naman sa mga payo at mungkahi ng mga nakapanayam, nang tanungin sila kung paano sisimulan uli ang programa ng Pilosopiya, sakaling mapag-isipan ito ng FEU, ay ang magaling na *marketing* ng programa, at ang pagsasagawa muna ng isang *feasibility study* upang malaman talaga kung may interes nga sa programa at kung ito ay magiging sustainable. Para kay Santiago-Martinez, kailangang maisapubliko ang kadakilaan ng mga naging guro dito noon, pati na rin ang mga naging dakilang produkto ng programa upang maibalik sa FEU ang lakas ng pilosopiya. Kaya para sa kanya, ang kaguruang magtuturo nito ay dapat may katapatan sa gawain at may malasakit sa disiplina as sa mga mag-aaral nito. Idinagdag naman ni Timbreza na kailangang itaguyod ito bilang paraan ng pagbabago, pagbibigay ng kabuluhan sa buhay, at pamamahagi ng katotohanan.

Sina Villa-Alba at Co naman ay nagbigay-diin sa pangangailangang desisyonan ng FEU kung ano ang orientasyon ng programa ng Pilosopiya, kung ito ay maibabalik nga. Ito ba ay magiging Kontinental, Analitik, Oriental, Komparatibo, atpb. sa orientasyon? Ang payo pa ni Co ay tingnan muna ang pamantayan sa CHED, magkaroon ng *mission-vision*, itipon ang mga kinakailangan para maipagtanggol ng FEU kung bakit magtatayo ito muli ng programang Pilosopiya. Aniya, kailangang mapatunayan muna na may ganitong pangagailangan sa FEU. Masasabi rin, base sa nasabing obserbasyon ni Co ukol sa pagkawala ni Benito Reyes, na kailangang isang komunidad ang magsisikap sa ganitong proyekto upang hindi maging depende sa iisang tao ang programa. Kailangang may nakapilang tao na susunod sa pamunuan nito.

Ang apat na nakapanayam ng mga mananaliksik para sa pag-aaral na ito ay nakapagbigay ng maraming interesanteng impormasyon hindi lamang sa itinigil na programang Pilosopiya sa FEU. Nabalikan din nila sa kanilang mga alaala ang kultura sa nasabing pamantasan nang mga nakalipas na panahon. Nakagagalak marinig na sikat sa kampus ang mga guro sa Departamento ng Pilosopiya at mataas din ang tingin sa mga estudyante ng disiplina. Kaya nakalulungkot malaman na ang pinakamalaking dahilan ng paglaho ng programa ay ang pagliit ng *enrolment* dito. Mabuti na lamang at nagpatuloy ang pagtuturo ng pilosopiya sa FEU bilang ilang *serviced general education courses*, at naranasan pa ng mga mag-aaral ang pagtuturo ng ilang propesor ng pilosopiya tulad ni Dr. Alfredo Co.

Mahalaga rin ang mga naging deskripsyon ng mga nakapanayam tungkol sa katauhan ng mga namunong kaguruan sa programang Pilosopiya sa FEU. Matingkad silang nailarawan—lalo na sa salysay ni Dr. Zenaida Santiago-Martinez—bilang mahuhusay na guro at mababait na tao, na may

kaniya-kaniyang kakaibang ugali—ang ilan ay istrikto, ang ilan ay hindi, ngunit lahat ay seryoso sa klase at magaling sa pagtuturo. May mga naging pamilya sila na nakilala rin ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, naipakita nila ang pagiging regular na tao sa lahat ng nakapagmasid kahit na itinuturing ang pilosopiya na kakaibang disiplina at ito ay siya namang nagaragdag sa paghanga sa kanila bilang mga alagad ng pilosopiya.

### Kongklusyon

Sa mga panayam na ginawa, dalawa ang pumaibabaw na dahilan ng paglaho ng Departamento ng Pilosopiya sa FEU. Ang una ay ang pag-iba ng direksyon ng pamantasan, na tila sumunod sa mga nausong kurso tulad ng *Nursing*, *Medicine*, at *Medical Technology*. Mahirap mang tanggapin, malaki ang epekto ng mga salik na pang-pinansyal sa pagsustena ng mga kurso. Kung walang masyadong kumukuha sa Pilosopiya dahil nga sa tila wala itong praktikal na gamit, wala rin itong kita para sa pamantasan. Mahirap makipagsapalaran ang isang institusyon na panatilihin ang kurso na hindi na nakaka-ambag sa usaping pampondo. Ang masyadong maliit na *enrolment* sa Pilosopiya ay hindi kinayang panatilihin ang sariling departamento.

Ang pangalawa at kasing-halagang dahilan ay ang paglisan ng mga taong namuno o nagturo sa lumang departamento. Hindi madaling iwasan na iugnay ang tao sa institusyon, lalo na kung napakahusay niya at hindi siya makapagtakda ng kanyang mga kasunod. Nang mag-alisan ang mga gurong nagtaguyod ng Departamento ng Pilosopiya—lumisan man ng bansa o lumipat ng institusyon o tumigil sa pagtuturo, naging matamlay na rin ang departamento. Kung walang maipagmayabang itong guro, wala rin itong magagamit na “*marketing material*.”

Ngunit ang pagkawala ng Departamento ng Pilosopiya sa FEU ay maaaring malaking kawalan sa pundasyon ng edukasyon. Ang pilosopiya ay ang naturingang puso ng humanidades. Kung wala itong sariling departamento at kung wala itong mga *majors*, malaki ang magiging puwang sa tinatawag na pangkalahatan o pangkabuoang (*general* o *holistic*) edukasyon. Ang pilosopiya ay itinuturing ding isa sa mga pinaka-buong paraan ng pag-iisip at pag-aaral, kung kaya ito ay isang mahusay na paghahanda para sa karagdagang pag-aaral tulad ng *Bachelor of Laws*. Kaya naman magiging mainam kung maibalik nga sa FEU ang programang Pilosopiya.

Ang pag-aaral na ito ay may kontribusyon rin sa larangan ng pilosopiya sa labas ng FEU. Nakadaragdag ito sa arkibo tungkol sa estado ng pilosopiya sa Pilipinas. Naging talaan din ito ng mga taong nagturo ng at nagsaliksik tungkol sa pilosopiya. Ang mga impormasyong naibahagi dito ay makatutulong bumuo ng larawan ng kultura ng mga pantas pilosopo sa



bansa. Ang mga ito ay makapagbibigay gabay sa mga nakababatang iskolar sa pilosopiya, anuman ang kanilang maging mithiin bilang mag-aaral, guro, o administrador sa akademiya o sa iba pang institusyon. Magagamit din itong datos para sa iba pang pananaliksik tungkol sa (h)istorya ng pilosopiya sa Pilipinas.

Mabuti sanang isipin na gugustuhin ng mga administrador, guro, at mag-aaral ng FEU na buhayng muli ang kanilang programang Pilosopiya. Gaya ng sinabi ng mga kapanayam, kung sakaling maisipan ng FEU na tahakin itong landas na ito, maraming kailangang gawin at ihanda. Mainam din na nariyan ang mga pamantayan sa CHED at pati na rin ang paggabay ng *chairperson* ng *technical committee* para sa Pilosopiya na si Co. Kung ito ay matutuloy, maganda ring mapag-aralan ang magiging proseso nito upang maihalintulad sa mga karanasan ng ibang mga pamantasan na nagtayo rin ng programang Pilosopiya.

*Institute of Education, Far Eastern University, Philippines*  
*Department of Literature and Humanities, Far Eastern University, Philippines*  
*Department of Philosophy, De La Salle University, Philippines*

## References

- Angrosino, Michael V., *Exploring Oral History: A Window on the Past* (Long Grove, Illinois: Waveland Press, 2008).
- De Joya, Preciosa Regina, "In Search of Filipino Philosophy" (Ph.D. Dissertation, National University of Singapore, 2014).
- De Leon, Emmanuel, "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co" (Ph.D. Dissertation, University of Santo Tomas, 2017).
- Demeterio, F.P.A., III, "The Intellectual Heritage of the Pioneering Lasallian Filipino Philosophers," (Unpublished Manuscript, 2015).
- Nishimoto, Warren, "Introduction: Oral History in Educational Research," in *Educational Perspectives*, 40:2 (2007), 3.
- Yow, Valerie Raleigh, *Recording Oral History: A Guide for the Humanities and Social Sciences* (Lanham, Maryland: Rowman & Littlefield, 2015).



Discourse in Filipino Philosophy

## **Si Demeterio at ang Pilosopiyang Pilipino: Pakikipanayam Tungkol sa Kanyang Ika-25 na Taong Pamimilosopiya**

---

***Mary Irene Clare O. Deleña  
Joshua Mariz B. Felicilda  
Leslie Anne L. Liwanag***

**Abstract:** F.P.A. Demeterio III is one of the leading contributors in the field of Filipino philosophy. He is the author of four books and over 60 articles published in local and international journals. His vast contributions in the said area form a certain pattern of discourse in Filipino philosophy. His first philosophical article was published in 1991, therefore he reached his 25th year of philosophizing last 2016. The authors of this paper returned to his writings and publications in order to design this interview according to Demeterio's classification of Filipino philosophy in 2013. Hence, the research team were able to identify his four major discourses in Filipino philosophy: 1) critical Filipino philosophy, 2) Filipino philosophy as the appropriation of foreign theories, 3) philosophizing using the Filipino language, and 4) exposition of foreign theories. In order to determine the pattern, extent, and depth of his Filipino philosophy in the past 25 years, the authors conducted the interview according to his four salient discourses in Filipino philosophy. This project aims to introduce Demeterio as a significant Filipino philosopher to scholars, students, and those who are interested in the area of Filipino philosophy.

**Keywords:** Demeterio, critical Filipino philosophy, Filipino philosophy and foreign theories, Filipino philosophy and Filipino language

## Introduksyon

Sa kasalukuyan, isa sa mga marubdob na tagapagtaguyod ng pilosopiyang Pilipino si F.P.A. Demeterio III ng De La Salle University. Siya ay may apat na libro at mahigit 60 na artikulong nailathala sa iba't ibang lokal at internasyonal na *journal*. Naglatag ang mga ito ng partikular na hugis ng pilosopiyang Pilipino. Taong 1991 noong unang naglathala ng pilosopikal na artikulo si Demeterio. Samakatuwid, humantong na ang kanyang ika-25 taong pamimilosopiya noong nakaraang taon.

Ilan sa mga higitang pantas sa larangan ng pilosopiyang Pilipino ang nakapansin na sa mga nagawa ni Demeterio sa nasabing larangan. Sa panayam ni Romualdo Abulad na “Pilosopiyang Pilipino, Uso Pa Ba?”<sup>1</sup>, sinabing maaaring tingnan bilang babala ang pagkakalipat ni Demeterio at ng mga kasamahan mula sa San Beda College patungong De La Salle University. Senyales ito sa panganib na maaaring umusbong sa paggamit ng araling panlipunan sa pamimilosopiya. May pagkapurista kasi ang pilosopikal na pananaw ni Abulad. Sa panayam ni Rolando Gripaldo na pinamagatang, “Filipino Philosophy: Past and Present,”<sup>2</sup> binanggit niya ang 16 na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong inilista ni Demeterio sa sanaysay na “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.”<sup>3</sup> Sinabi ni Gripaldo na kahalintulad daw ang 16 na diskursong ito sa kanyang tatlong uri ng pilosopiyang Pilipino. Sa sanaysay ni Leonardo Mercado, na pinamagatang “Reflections on the Status of Filipino Philosophy,”<sup>4</sup> naglatag ng isang panukalang direksyon para sa pamimilosopiya ng mga Pilipino batay sa kanyang komentaryo at reaksyon sa dalawang sanaysay ni Demeterio, ang “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo and, Co” at “Assessing the Developmental Potentials of some Twelve Discourses on Filipino Philosophy.”<sup>5</sup>

---

<sup>1</sup> Tingnan ang Romualdo Abulad, “Pilosopiyang Pilipino, Uso Pa Ba?” (Plenary Paper presented at the 10<sup>th</sup> Philosophical Conference, Sancta Maria Mater et Regina Seminarium, Capiz, Philippines, 2010).

<sup>2</sup> Tingnan Ang Rolando Gripaldo, “Filipino Philosophy: Past and Present,” (Paper presented at the National Conference of the Philosophical Association of the Philippines, Ateneo de Manila University, Quezon City, 2014).

<sup>3</sup> Tingnan ang F.P.A. Demeterio, “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co,” in *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*, 14:2 (2013).

<sup>4</sup> Leonardo Mercado, “Reflections on the Status of Filipino Philosophy,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:2 (2016), 21-28.

<sup>5</sup> Tingnan ang F.P.A. Demeterio, “Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy,” in *Philippiniana Sacra*, 69:147 (May-August 2014).

Bukod sa higitang pantas na si Gripaldo, may ilang mas nakababatang dalubhasa sa pilosopiyang Pilipino ang nakapansin rin sa mga nagawa ni Demeterio sa parehong larangan. Sa sanaysay ni Rhoderick John Abellanosa na may pamagat na “Local Discourse, Identity and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Ileto,”<sup>6</sup> binanggit ang dalawang sanaysay ni Demeterio na “Re-reading Emerita Quito’s Thought Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy”<sup>7</sup> at “Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy.”<sup>8</sup> Kinilala ni Abellanosa bilang isang tagapagtuguyod ng kritikal na pilosopiyang Pilipino si Demeterio. Sa sanaysay ni Franz Cortez na may pamagat na “The Philippine Engagement with Paulo Freire,”<sup>9</sup> pinroblematisa niya ang pagiging mailap ng pilosopiyang Pilipino sa mga usaping may kinalaman sa lipunan at politika batay sa diagnosis na ginawa ni Demeterio sa sanaysay na “Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy.” Sa disertasyon ni Preciosa Regina de Joya na may pamagat na “In Search of Filipino Philosophy,”<sup>10</sup> idinetalye rin ni De Joya ang nabanggit nang *diagnosis* na ginawa ni Demeterio tungkol sa pagiging mailap ng pilosopiyang Pilipino sa mga usaping may kinalaman sa lipunan at politika.

Sa sanaysay ni Emmanuel Batoon na may pamagat na “Tracing Mercado’s Anthropological Perspective,”<sup>11</sup> tinukoy si Demeterio bilang isa sa mga teorisistang bumatikos sa antropolohikal na pamamamaraan na itinaguyod naman ni Mercado. Kahanay ni Demeterio sa sanaysay na ito sina Emerita Quito, Alfredo Co, Nicanor Abueg, at Andrew Gonzalez. Sa sanaysay ni Roland Theuas Pada na may pamagat na “The Methodological Problems of Filipino Philosophy,”<sup>12</sup> inilahad niya ang kritikal na pilosopiyang Pilipino ni Demeterio bilang isa sa mga angkop na solusyon sa

---

<sup>6</sup> Tingnan ang Rhoderick John Abellanosa, “Local Discourse, Identity and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Ileto,” in *Asian Perspectives in the Arts and Humanities*, 3:1 (2013), 35-59.

<sup>7</sup> Tingnan ang F.P.A. Demeterio, “Re-reading Emerita Quito’s Thought Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy,” in *Scientia: Multidisciplinary Journal of San Beda College* (2000).

<sup>8</sup> Tingnan ang F.P.A. Demeterio, “Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy,” in *Hinogwa: The Holy Rosary Seminary Journal*, 8:2 (March 2003), 45-73.

<sup>9</sup> Tingnan ang Franz Cortez, “The Philippine Engagement with Paulo Freire,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 7:2 (2013), 50-70.

<sup>10</sup> Tingnan ang Preciosa Regina De Joya, “In Search of Filipino Philosophy” (Ph.D. Dissertation. National University of Singapore, 2013).

<sup>11</sup> Tingnan ang Emmanuel Batoon, “Tracing Mercado’s Anthropological Perspective (Second of Two Parts),” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:2 (2014), 1-18.

<sup>12</sup> Tingnan ang Roland Theuas Pada, “The Methodological Problems of Filipino Philosophy,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:1 (2014), 24-44.

mga metodolohikal na problemang bumabagabag sa pilosopiyang Pilipino. Kahilera ng kritikal na pilosopiyang Pilipinong iminungkahi ni Demeterio ang wastong paggamit ng mga antropolohikal na paraan na ipinapamalas naman sa mga obra ni Florentino Hornedo. Sa masteradong tesis ni Rodolfo Bagay, Jr. na may pinamagatang “Development Potentials of Undergraduate Theses in Philosophy,”<sup>13</sup> ilang beses na kinasangkapan ang kategorisasyon ng pilosopiyang Pilipino ni Demeterio upang matukoy ang potensyal at kalidad ng kaunlaran ng mga andergradwadong tesis sa pilosopiya mula 2010 hanggang 2013. Sa sanaysay ni Emmanuel De Leon na pinamagatang “Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, SJ: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino,”<sup>14</sup> ginamit ni De Leon bilang interpretatibong balangkas ang limang uri ng pilosopiyang Pilipinong inilahad ni Demeterio sa kanyang sanaysay na “Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism.”<sup>15</sup>

Sa dalawang sanaysay ni Leslie Anne Liwanag na may pamagat na “Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB”<sup>16</sup> at “Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito,”<sup>17</sup> ginamit bilang interpretatibong balangkas ang nabanggit nang 16 na diskurso ng pilosopiyang Pilipino na inilahad ni Demeterio sa sanaysay na “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.” Sa panayam ni Ben Carlo Atim na may pamagat na “Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Filipino: isang Pilosopikal na Pagtatasa,”<sup>18</sup> pinuna ang kalakasan at kahinaan ng anyo ng pilosopiyang Pilipinong iminungkahi ni Demeterio. Sa sanaysay ni Jonathan Geronimo na “Ang Karaniwang Filipino bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal: Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III,”<sup>19</sup> ipinamalas ang

<sup>13</sup> Tingnan ang Rodolfo Bagay, Jr., “Development Potentials of Undergraduate Theses in Philosophy” (M.A. Thesis, De La Salle University, 2014).

<sup>14</sup> Tingnan ang Emmanuel De Leon, “Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, SJ: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 9:2 (2015), 28-50.

<sup>15</sup> Tingnan ang F.P.A., Demeterio, “Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism,” in *Scientia: Multidisciplinary Journal of San Beda College* (2005).

<sup>16</sup> Tingnan ang Leslie Anne Liwanag, “Ang Pilosopiya ni Sr. Mary Joh Mananzan, OSB,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 9:2 (2015), 51-76.

<sup>17</sup> Tingnan ang Leslie Anne Liwanag, “Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito,” in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:1 (2016), 54-82.

<sup>18</sup> Ben Carlo Atim, “Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Filipino: Isang Pilosopikal na Pagtatasa” (Paper presented at the Second National Conference on Philippine Studies, Caramoan, Camarines Sur, 2016).

<sup>19</sup> Jonathan Geronimo, “Ang Karaniwang Filipino bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal: Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III,” in *Hasaan*, 3:1 (2016).

kahalagahan ng wikang pambansa sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik sa larangan ng pilosopiya at Araling Filipino sa pamamagitan ng pakikipanayam sa nasabing pantas. Sa disertasyon ni Emmanuel De Leon na “Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co”<sup>20</sup> nito lamang 2017, napakinabangan ang taksonomiya ng pilosopiyang Pilipino ni Demeterio sa pag-aaral ng mga pangunahing diskurso at kontribusyon ng anim na nangungunang Tomasinong pantas. At sa tesis ni Joshua Felicilda na “Ang mga Politikal na Ideolohiyang Pumapaloob sa mga Nobela ni F. Sionil Jose”<sup>21</sup> nito ring 2017, ginamit ang modipikadong ideyolohikal na spektrum ni Demeterio na halaw mula kay Hans Slomp at unang ginamit sa aklat niyang *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines*.<sup>22</sup>

Layunin ng proyektong itong magagap ang hugis, lawak, at lalim ng pilosopiyang Pilipinong itinataguyod ni Demeterio at maipakilala siya bilang mahalagang pilosopong Pilipino sa mga dalubhasa, mag-aaral, at sinomang may interes sa pilosopiyang Pilipino. Maaaring sabihing handong ang proyektong ito ng kanyang mga naging mag-aaral na tinuruan niyang mamilosopiya mula sa pagsusulat, pananaliksik, at kalaunang paglalathala. Pero bago dumako ang papel sa usapin ng pilosopiya at kaisipan ni Demeterio, mahalagang mabilisang tingnan muna ang kanyang intelektwal na talambuhay para lalong maunawaan ang pilosopiya at kaisipan ng naturang pantas.

### **Intelektwal na Talambuhay**

Ipinanganak si Demeterio noong 1969 sa maliit at tahimik na lungsod ng Maasin, ang kabisera ng probinsya ng Timog Leyte. Kahit na hindi mayaman ang pamilyang pinanggalingan, sagana naman ito sa kultural at intelektwal na kapital dahil parehong may mga gradwadong degri ang mga magulang at nakapag-aral sa mga pinakamahuhusay na pamantasan sa Metro Manila, Metro Cebu, at maging sa Mindanao. Inumpisahan ni Demeterio ang tersiyaryong pag-aaral noong 1985 sa programang agricultural chemistry sa Visayas State University. Doon nadiskubren may

<sup>20</sup> Emmanuel De Leon, “Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co” (Ph.D. Dissertation, University of Santo Tomas, 2017).

<sup>21</sup> Joshua Felicilda, “Ang mga Politikal na Ideolohiyang Pumapaloob sa mga Nobela ni F. Sionil Jose” (M.A. Thesis, De La Salle University, 2017).

<sup>22</sup> F.P.A. Demeterio, *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklestastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2012)

kakayahan pala siyang paghusayan ang mga akademikong gawain at may talento sa larangan ng sining. Hindi natapos ang unang napiling programa dahil nagpasya siya noong 1988 na pasukin ang mundo ng pilosopiya at teolohiya sa University of Santo Tomas.

Sa University of Santo Tomas, nakasalamuha niya ang mentor na si Fr. Norberto Castillo, OP, isang Dominikanong pilosopo at kemiko. Si Castillo ang dahilan sa pag-alab ng interes sa hermenyutika pati na ang pagpapahalaga sa katagang “*publish or perish.*” Habang nag-aaral ng teolohiya si Demeterio noong 1991, sabay niyang tinatapos ang masterado sa pilosopiya sa Graduate School ng nasabing unibersidad. Sa Graduate School na ito nag-umpisa ang kanyang interes sa araling Pilipino nang kumuha ng kursong Filipino Psychology sa gabay ni Concepcion Cheng. Ipinabasa sa kanya ni Cheng ang librong *Elements of Filipino Philosophy* ni Mercado. Subalit tungkol sa kosmolohiya ni Platon pa rin ang isinulat niyang tesis para sa kanyang masterado sa pilosopiya. Nagkataon noong marami siyang mga kaklaseng mga Dominikano sa teolohiya sa University of the Philippines, Diliman na nag-aaral ng iba’t ibang graduwadong programa. Habang ipinagpatuloy niya ang pag-aaral ng teolohiya noong 1992, inumpisahan na ni Demeterio ang pag-aaral para sa doktorado sa araling Pilipino sa mga larangan ng pilosopiya, panlipunang sikolohiya at komparatibong panitikan sa University of the Philippines, Diliman. Sa unibersidad na ito, nababad ang kanyang kaisipan sa kritikal na mga teorya ng Frankfurt School, postmodernismo at postkolonyalismo. Lumipas ang 12 taon bago niya natapos ang disertasyon tungkol sa ideolohiya at ilang premyadong nobelang Pilipino na nakasulat sa wikang Ingles.

Taong 1994, nag-umpisang magturo si Demeterio ng pilosopiya sa San Beda College. Dito nakasalamuha niya sina Jose Arcadio Malbarosa, Maxwell Felicilda, at Ramon Rafael Dolor. Sama-sama nilang napagpasyahang ilihis ang direksyon ng pamimilosopiya mula Iskolastisismo at eklektisismo patungo sa kritikal na pamamaraan ng Frankfurt School at postmodernismo. Sa kolehiyo ring ito napatunayan ni Demeterio ang kakayahang mamuno bilang administrador at manggagawa. Noong 2008, sapilitang ipinagretiro sina Demeterio, Malbarosa, Felicilda at Dolor at mabilisang isinara ng mga Benediktinong pari ang buong departamento nang masangkot sa aktibismo ang mga mag-aaral. Sa kabutihang-palad, kinupkop si Demeterio ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University na noon ay pinamumunuan ng dati niyang mag-aaral na si Rhoderick Nuncio.

Sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University, natutunan ng Ingleserong Bisayang si Demeterio na magsulat gamit ang wikang Filipino. Doon nabigyang-lunas ang kabalintunaan ng kanyang pagiging Ingleserong dalubhasa sa pilosopiyang Pilipino. Nagbigay-daan ang

kanyang mga sanaysay sa pilosopiyang Pilipinong nakasulat sa wikang Filipino upang mag-ambag sa lumalaking espasyo ng *Kritike: An Online Journal of Philosophy*—hindi lamang para sa pilosopiyang Pilipino, kundi maging sa mga sanaysay na nakasulat sa wikang pambansa. Lumipas ang limang taon bago niya nakuhang muli ang ranggong *full professor* na naiwan sa San Beda College. Sa De La Salle University lamang nagkaroon ng pagkakataong makapaglakbay sa iba't ibang bansa si Demeterio. Sa karanasang ito lalong umigting ang kanyang dedikasyon sa araling Pilipino at pilosopiyang Pilipino. Sa pagiging administrador sa larangan ng pananaliksik, natuklasan niya ang halaga ng kolaborasyon kasama ang ilang gradwadong mag-aaral. Kalaunang naging tagapagtaguyod siya ng ideya ng research university na unang kinonseptwalisa ng Alemang pilosopong si Wilhelm von Humboldt. Noong taong 2013, naging visiting research fellow si Demeterio ng Catholic University of America. At noong 2014, ginawaran siya ng outstanding alumnus award ng Graduate School ng University of Santo Tomas para sa naging kontribusyon sa pilosopiya.

### Metodolohiya

Para makamit ang layunin ng proyektong gagapin ang hugis, lawak, at lalim ng pilosopiyang Pilipinong itinataguyod ni Demeterio, may dalawa ngunit magkakaugnay na substantibong seksyon ang papel. Tinukoy ng unang substantibong seksyon ang apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunang-pansin ni Demeterio. Naglalaman ng ikalawang substantibong seksyon ng transkrip ng pakikipanayam ng mga mananaliksik kay Demeterio tungkol sa apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit niyang pinagtutuunan ng pansin.

Para sa Unang Substantibong Seksyon: Para matukoy ang apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunang-pansin ni Demeterio, binasa muna ng mga mananaliksik ang kanyang mga obra. Ang mga sumusunod ang pamagat ng kanyang mga aklat: 1) *Ang mga Ideolohiyang Politikang ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikang na Kasaysayan ng Pilipinas* (2012); 2) *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies* (2013); 3) *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently-Abled Persons in the Workplace* (2014, isinulat kasama sina Roberto Javier, Raymund Habaradas, Melvin Javar, at Ron Resurreccion); at 4) *The Socio-Political Discourses of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines: An Analysis from the Perspective of Young's Theories of Structural Justice and Collective Responsibility* (nasa palimbagan pa lamang). Minabuting hindi muna isali sa kasalukuyang pag-aaral ng mga mananaliksik ang pangatlong libro dahil mahirap tukuyin kung



alin ang naging ambag ni Demeterio sa kolaborasyong ito. Ipinapakita naman sa Table 1 ang mga artikulong nailathala niya mula 1991 hanggang 2017.

Bilang	Pamagat	Journal	Co-Author/ Mga Co-Author	Taon
1	The Platonic Undertones of Modern Physics	<i>The Thomasian Philosopher</i>	Wala	1991
2	The Structure of Filipino Morality	<i>The UST Theology Journal</i>	Wala	1992
3	Semiology on the Invariable Sacramental Elements	<i>The UST Theology Journal</i>	Wala	1993
4	Taking Advantage of Man's Freedom or Unfreedom	<i>Scientia</i>	Wala	1996
5	Thesis Writing Guidelines for the Senior Students of the Philosophy Department, SBC-CAS	<i>Scientia</i>	Wala	1997
6	The Genealogy of Filipino Values	<i>Scientia</i>	Wala	1998
7	The Politics of Knowledge in the Spanish Colonial Philippines	<i>Scientia</i>	Wala	1999
8	Re-Reading Emerita Quito's Thoughts on the Underdevelopment of Filipino Philosophy	<i>Scientia</i>	Wala	2000
9	The Rhetorical Profile of Cebuano Radio Drama	<i>Scientia</i>	Wala	2001
10	Cognitive Anthropology and the Unfinished Agenda of the Early Indigenous Phase of Filipino Philosophy	<i>The Thomasian Philosopher</i>	Wala	2001
11	Thought and Socio-Politics: An Account of the Late 20 <sup>th</sup> Century Filipino Philosophy	<i>Hingowa</i>	Wala	2002
12	The Aesthetics of Cebuano Radio Drama	<i>Scientia</i>	Wala	2002
13	Defining the Appropriate Locus of Radical Peace Studies in Filipino Philosophy	<i>Philippiniana Sacra</i>	Wala	2003
14	The Grammar of Social Conflict in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy	<i>Philippiniana Sacra</i>	Wala	2003



## 106 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPIYANG PILIPINO

15	Our Premodernity and their Tokens of Postmodernity	<i>Philosophia</i>	Wala	2003
16	New Paradigms for a Thesis Work in Filipino Philosophy	<i>Scientia</i>	Wala	2003
17	The Image and Symbol of the Self in the Award-Winning Filipino Novels in English	<i>Scientia</i>	Wala	2004
18	Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal	<i>Scientia</i>	Wala	2005
19	The Religious Ideology in the Award-Winning Filipino Novels in English	<i>The Bedan Research Journal</i>	Wala	2005
20	A Habermasian Reading of the Political Philosophy Contained in the <i>Encyclical Deus Caritas Est</i>	<i>Scientia</i>	Wala	2006
21	The Philippine Church, State, and People on the Problem of Population	<i>Kritike</i>	Wala	2007
22	A Comparative Study on the Theme of Human Existence in the Novels of Camus and Jose	<i>Kritike</i>	Wala	2008
23	Some Useful Lessons from Richard Rorty's Pragmatism for Filipino Postcolonial Discourses	<i>Kritike</i>	Wala	2008
24	Ang Balangkas Ng Multikulturalismo At Ang Pagbubuo Ng Bansang Pilipino	<i>Lumina</i>	Wala	2009
25	Ang mga Teorya ng Relatibidad ni Albert Einstein: Isang Pagsusuri sa Kahandaan ng Wikang Filipino sa Pagtatalakay sa mga Paksa ng Makabagong Agham	<i>Malay</i>	Wala	2009
26	Dreaming with a Hammer: On Critical Theory in the Philippines (A Philosophical Fiction)	<i>Kritike</i>	Wala	2009
27	Time Traveler: On Critical Theory in the Philippines Part 2 (A Philosophical Fiction)	<i>Kritike</i>	Wala	2009
28	Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa	<i>Malay</i>	Wala	2010

	mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai			
29	Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas	<i>Kritike</i>	Wala	2010
30	Ang Kautusan ng Departamento ng Edukasyon Bilang 74, Serye 2009: Isang Pagsusuri sa Katatagan ng Programang Edukasyon sa Unang Wika (MLE) ng Pilipinas	<i>Malay</i>	Wala	2010
31	Elixirs and Fabulous Potions: On Critical Theory in the Philippines Part 3 (A Philosophical Fiction)	<i>Kritike</i>	Wala	2011
32	Conflict of Aesthetic Systems: Controversy about Carlo J. Caparas as National Artist	<i>Philosophia</i>	Wala	2011
33	Ang Pilosopiya ni Theodor W. Adorno bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino	<i>Scientia</i>	Wala	2011
34	Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino sa <i>Ang Republika</i> ni Platon	<i>Malay</i>	Wala	2011
35	Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teorerikal sa Araling Pilipino	<i>Kritike</i>	Wala	2011
36	Sistematikong Multilinguwalismo: Lunsaran ng mas Matatag na Wikang Pambansa	<i>Malay</i>	Wala	2012
37	Don Isabelo de los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology	<i>Philippiniana Sacra</i>	Wala	2012
38	Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte	<i>Malay</i>	Wala	2012

108 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPİYANG PILIPINO

39	Ang mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer Bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino	<i>Kritike</i>	Wala	2012
40	Antonio Gramsci And Edward Said's Image of A Modern Day Intellectual and The Filipino Roman Catholic Priest	<i>Lumina</i>	Wala	2012
41	Status of and Directions for "Filipino Philosophy" in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co	<i>Philosophia</i>	Wala	2013
42	Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: A Visual Dialogue between Two Modern Muralists	<i>Philippiniana Sacra</i>	Wala	2013
43	Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manileno Laban sa Homopobikong Kamalayang Pilipino	<i>Malay</i>	Wala	2013
44	Ang Paglubog nina Hippokrates at Galen sa Kanluran: Isang Intepretasyon sa Anyo ng Siyantipikong Rebolusyon sa Larangan ng Medisina	<i>Kritike</i>	Wala	2013
45	Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9	<i>Malay</i>	Wala	2013
46	Ang Pilosopiya ni Jean-Francois Lyotard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino	<i>Kritike</i>	Wala	2013
47	Assessing the Development Potentials of some Twelve Discourses of Filipino Philosophy	<i>Philippiniana Sacra</i>	Wala	2014
48	Quito, Ceniza, Timbreza, Gripaldo: DLSU	<i>Philosophia</i>	Wala	2014

	Professors' Contributions to Filipino Philosophy			
49	Ang Negatibong Imahen ng Maynila sa Nobelang Inferno ni Dan Brown	<i>Kritike</i>	Wala	2014
50	Iris Marion Young's Theory of Structural Justice and Collective Responsibility	<i>Scientia</i>	Wala	2014
51	Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino	<i>Kritike</i>	Leslie Anne Liwanag	2014
52	Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films	<i>Humanities Diliman</i>	Diana Palmes	2015
53	The Language Policies and Practices of the Philippines and Thailand: Insights and Lessons for Language Planning	<i>Silliman Journal</i>	Leslie Anne Liwanag	2015
54	Ang Pilosopiya ni Jean Baudrillard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino	<i>Kritike</i>	Emmanuel de Leon	2015
55	The Image of Japan in the Philippine Periodical <i>La Solidaridad</i> : 1889-1895	<i>Silliman Journal</i>	Renato Maligaya and Maria Luisa Mamaradlo	2015
56	Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik at Internasyonalisyong Akademiko	<i>Malay</i>	Joshua Mariz Felicilda	2015
57	Isang Mapanuring Paghahambing sa Ingles, Filipino at Sebwanong Salin ng Orihinal na Espanyol na Panitik ng Pambansang Awit ng Pilipinas	<i>Humanities Diliman</i>	Gem Carlo Ausa, Jamie Guerrero, Jianne Irissa Piguing, Sofia Mae Romero, and Deborrah Anastacio	2016
58	The Traditional Tattoos of the Philippine Cordillera Region: a Study on their Differences in Appearance, Causes and Discursive Strengths	<i>Search</i>	Janette Calimag, Reynele Bren Zafra, and Lady Aileen Ambion	2016
59	Barthesian Semiotics on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak	<i>Plaridel</i>	Leslie Anne Liwanag	2016
60	Wika ng Manlalarong Pilipino: Pagsusuri sa	<i>Humanities Diliman</i>	Merwyn Abel, Christian	2016

110 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPIYANG PILIPINO

	Pinagmulan at Saysay ng mga Salitang Ginagamit sa Mundo ng DotA 2 at LoL		Autor, and Aaron Gripal	
61	Sa Kanilang Naiibang Pag-iindak at Pamumukadkad: Performativity at Pagkalesbiyan sa mga Indie Film na <i>Rome and Juliet</i> at <i>Ang Huling Cha-Cha ni Anita</i>	<i>Kritike</i>	Judith Angeles, Tracie Kathlynn Bacarro, Jonathan Vergara Geronimo, and Patricia Bettina Peliño	2016
62	A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization	<i>Philosophia</i>	Wala	2017
63	Ang Dinamiks ng mga Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Relihiyoso-Historikal ni Carlos 'Botong' Francisco	<i>Humanities Diliman</i>	Melanie Turingan	2017
64	The Fading <i>Batek</i> : Problematizing the Decline of Traditional Tattoos in the Philippine Cordillera Region	<i>Search</i>	Wala	2017
65	The Philosophy of Sr. Mary John Mananzan: some Contributions to Filipino Philosophy	<i>Philosophia</i>	Leslie Anne Liwanag	2017
66	Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda	<i>Plaridel</i>	Generoso Pamittan, Jr., Chari Amado, and Victoria Amante	2017
67	Si Madelene Sta. Maria at ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa isa sa mga Kauna-unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan	<i>Kritike</i>	Patrick James Ruiz and Leslie Anne Liwanag	2017

Table 1: Listahan ng mga Artikulong Nailathala ni Demeterio mula 1991 hanggang 2017

Isinama ng mga mananaliksik ang lahat ng artikulong nakalista sa table 1 kung saan kasama ang kanyang mga mag-aaral. Kabisado nila na sa mga kolobarasyong ito kadalasang mas aktibo at substansyal ang ambag ni Demeterio—mula sa konseptuwalisasyon hanggang sa pinal na mga rebisyon ng mga nasabing artikulo. Ipinakita sa nasabing talahanayan kung paano naging mas kolaboratibo na ang pagsusulat at paglalathala ng pantas simula noong taong 2014. Ito ang naging epekto ng kanyang pagyakap sa ideya ng pilosopiyang edukasyon ni Humboldt.

Matapos basahin ng mga mananaliksik ang mga obra ni Demeterio, inuri-uri nila ito sa hindi eksklusibong paraan gamit ang sistemang ginawa ni Liwanag sa sariling mga sanaysay tungkol kina Mananzan<sup>23</sup> at Quito.<sup>24</sup> Kinumpuni ni Liwanag ang sistema gamit ang 16 na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong kinalap ni Demeterio sa sanaysay na “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.”<sup>25</sup> Ipinakita sa figure 1 ang orihinal na dayagram ni Demeterio at kung paano niya nakalap ang 16 na diskursong ito.<sup>26</sup>

---

<sup>23</sup> Tingnan ang Liwanag, “Ang Pilosopiya ni Sr. Mary Joh Mananzan, OSB,” 59-62.

<sup>24</sup> Tingnan ang Liwanag, “Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito,” 66-67.

<sup>25</sup> Tingnan ang Demeterio, “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co,” 208.

<sup>26</sup> *Ibid.*, 191.




Figure 1: 16 na Diskurso ng Pilosopiyang Pilipinong Kinalap ni Demeterio at Ginamit ni Liwanag sa Pag-uri-uri ng mga Obra nina Mananzan at Quito

Mula sa 16 na diskursong kinalap ni Demeterio, isinantabi ni Liwanag ang pilosopiyang grassroot/folk sa dahilang hindi kabilang sa grassroot ang dalawang babaeng pantas na kanyang sinuri; pati na ang Iskolastisismo/Tomismo (panayam), at ibang banyagang sistema (panayam), sa dahilang mga tekstwal na dokumento ang kanyang sinuri; at pati na ang hindi akademikong kritikal na pilosopiya, sa dahilang mga akademiko ang parehong dalawang babaeng pantas na kanyang sinuri. Kaya, 12 na diskurso ng pilosopiyang Pilipino na lamang ang natira para sa sistemang kinumpuni ni Liwanag: 1) lohikal na analisis; 2) penomenolohiya, eksistensyalismo, o hermenyutika; 3) pilosopiyang kritikal; 4) pag-angkop sa mga banyagang teorya; 5) pag-angkop sa pilosopiyang grassroot o folk; 6) pamimilosopiya

gamit ang wikang Filipino; 7) pagtalakay sa mga banyagang sistema; 8) rebisyonistang pagsusulat; 9) interpretasyon ng Pilipinong pananaw sa mundo; 10) pagsasaliksik sa Pilipinong etika at sistema ng pagpapahalaga; 11) pagsuri sa mga presuposiyon at implikasyon ng Pilipinong pananaw sa mundo; at 12) pag-aaral sa mga Pilipinong intelektwal. Ang 12 na diskurso ng pilosopiyang Pilipino ang ginamit ni Liwanag para uri-uriin ang mga obra nina Mananzan at Quito para matukoy ang hugis ng kani-kanilang mga pilosopiya at kaisipan.

Subalit para mabuo naman ang isang mas akmang sistema para sa pag-uuri-uri ng tatlong libro at mahigit 60 na artikulo ni Demeterio, minabuti ng papel na dagdagan ng dalawa pang diskurso ang 12 na diskursong pinili ni Liwanag: 1) pagmumuni sa katayuan ng pilosopiyang Pilipino, dahil sadyang marami ang nagawang obra ni Demeterio tungkol sa paksang ito; at 2) ibang hindi pilosopikal na obra, dahil bilang dalubhasa rin sa araling Pilipino, may ilang artikulo si Demeterio na hindi talaga maaaring ituring na pilosopikal.

Matapos uri-uriin ang mga obra ni Demeterio sa nasabing 14 na diskurso, ang apat na diskursong may pinakamaraming lamang obra ang ituturing na apat na diskursong higit niyang pinagtutuunan-pansin. Ang naturang apat na diskurso ang maghahayag sa hugis ng pilosopiyang Pilipinong itinataguyod ni Demeterio.

Para sa Ikalawang Substantibong Seksyon: Naglalaman ito ng transkrip ng pakikipanayam tungkol sa apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunang-pansin ni Demeterio. Malinaw na nakaangkla ito sa unang substantibong seksyon ng papel. Matapos matukoy ang apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunang-pansin ni Demeterio, binalikan ng mga mananaliksik ang mga pangunahing obrang naiuri sa mga diskursong ito. Isinagawa ito para maihanda nila ang mga mas espesipiko at mapanuring gabay na tanong. Binalangkas ng mga mananaliksik ang pakikipanayam ayon sa apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunan ni Demeterio. Nang kumbinsido na ang mga mananaliksik na sapat na ang mga gabay na tanong para gagapin ang lawak at lalim ng apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunan ni Demeterio, isinagawa na nila ang pakikipanayam noong ika-13 at ika-14 ng Oktubre 2017 sa kanyang tanggapan bilang direktor ng University Research Coordination Office ng De La Salle University.



### Ang Apat na Diskurso ng Pilosopiyang Pilipinong Higit na Pinagtutuunan ni Demeterio

Ipinakita sa table 2 kung paano inuri-uri sa hindi eksklusibong paraan ng mga mananaliksik ang tatlong libro at mahigit 60 na artikulo ni Demeterio sa 14 na diskursong binanggit na sa metodolohiya ng proyektong ito.

Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino	Pamagat ng Obra	Bilang ng mga Obra	Bahagdan
Lohikal na Analisis		0	0.0%
Penomenolohiya/ Eksistensyalismo/ Hermeniyutika	A Comparative Study on the Theme of Human Existence in the Novels of Camus and Jose; Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Diltthey bilang Batayang Teorerikal sa Araling Pilipino; Ang mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer Bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: a Visual Dialogue between Two Modern Muralists; Isang Mapanuring Paghahambing sa Ingles, Filipino at Sebwanong Salin ng Orihinal na Espanyol na Panitik ng Pambansang Awit ng Pilipinas; and The Traditional Tattoos of the Philippine Cordillera Region: a Study on their Differences in Appearance, Causes and Discursive Strenghts	6	8.6%
Pilosopiyang Kritikal	The Politics of Knowledge in the Spanish Colonial Philippines; Thought and Socio-Politics: An Account of the Late 20 <sup>th</sup> Century Filipino Philosophy; Defining the Appropriate Locus of Radical Peace Studies in Filipino Philosophy; The Grammar of Social Conflict in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy; Our Premodernity and their Tokens of Postmodernity; The Philippine Church, State, and People on the Problem of Population; Some Useful Lessons from Richard Rorty's Pragmatism for Filipino Postcolonial Discourses; Ang Balangkas Ng Multikulturalismo At Ang	31	44.3%

	<p>Pagbubuo Ng Bansang Pilipino; Dreaming with a Hammer: On Critical Theory in the Philippines (A Philosophical Fiction); Time Traveler: On Critical Theory in the Philippines Part 2 (A Philosophical Fiction); Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai; Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas; Elixirs and Fabulous Potions: On Critical Theory in the Philippines Part 3 (A Philosophical Fiction); Conflict of Aesthetic Systems: Controversy about Carlo J. Caparas as National Artist; Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino sa <i>Ang Republika</i> ni Platon; Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte; Antonio Gramsci And Edward Said's Image Of A Modern Day Intellectual and The Filipino Roman Catholic Priest; Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manileno Laban sa Homopobikong; Kamalayang Filipino; Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9; Assessing the Development Potentials of some Twelve Discourses of Filipino Philosophy; Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik at Internasyonalisyong Akademiko; Barthesian Semiologies on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak; Sa Kanilang Naiibang Pag-iindak at Pamumukadkad: Performativity at Pagkalesbiyan sa mga Indie Film na <i>Rome and Juliet</i> at <i>Ang Huling Cha-Cha ni Anita</i>; A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization; Ang Dinamiks ng</p>		
--	--	--	--

116 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPIYANG PILIPINO

	<p>mga Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Relihiyoso-Historikal ni Carlos 'Botong' Francisco; <i>The Fading Batek: Problematizing the Decline of Traditional Tattoos in the Philippine Cordillera Region</i>; Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda; Si Madelene Sta. Maria at ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa isa sa mga Kauna-unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan; <i>Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiyastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas</i>; <i>Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies</i>; and <i>The Socio-Political Discourses of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines: an Analysis from the Perspective of Young's Theories of Structural Justice and Collective Responsibility</i></p>		
Pag-ankop sa mga Banyagang Teorya	<p>The Genealogy of Filipino Values; The Grammar of Social Conflict in the Philippine Electoral Process and the Task of Filipino Philosophy; Some Useful Lessons from Richard Rorty's Pragmatism for Filipino Postcolonial Discourses; Ang Pilosopiya ni Theodor W. Adorno bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyologo ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino sa <i>Ang Republika</i> ni Platon; Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teorerikal sa Araling Pilipino; Ang mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer Bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9;</p>	22	31.4%

	<p>Ang Pilosopiya ni Jean-François Lyotard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films; Ang Pilosopiya ni Jean Baudrillard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik at Internasyonalisyong Akademiko; Barthesian Semiotics on Selected YouTube Video Clips of Petra Mahalimuyak; Sa Kanilang Naiibang Pag-iindak at Pamumukadkad: Performativity at Pagkalesbiyan sa mga Indie Film na <i>Rome and Juliet</i> at <i>Ang Huling Cha-Cha ni Anita</i>; A Foucauldian Reexamination of the Aristotelian, Aquinian, and Contemporary Roman Catholic Theories of Hominization; Ang Dinamiks ng mga Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Relihiyoso-Historikal ni Carlos 'Botong' Francisco; <i>The Fading Batek: Problematizing the Decline of Traditional Tattoos in the Philippine Cordillera Region</i>; <i>Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda</i>; <i>Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiyastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas</i>; <i>Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies</i>; and <i>The Socio-Political Discourses of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines: an Analysis from the Perspective of Young's Theories of Structural Justice and Collective Responsibility</i></p>		
Pag-angkop sa Pilosopiyang Grassroot/Folk		0	0.0%
Pamilosopiya Gamit ang Wikang Filipino	Ang Balangkas Ng Multikulturalismo At Ang	21	30.0%

118 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPİYANG PILIPINO

	<p>Pagbubuo Ng Bansang Pilipino; Mga Anyo at Antas ng Pag-asa na Nakapaloob sa mga Diskurso ng Kilusang El Shaddai; Ang Demokratikong Sistema at ang mga Modelo ng Pamumuno sa Pilipinas; Ang Pilosopiya ni Theodor W. Adorno bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino sa <i>Ang Republika</i> ni Platon; Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teorerikal sa Araling Pilipino; Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte; Ang mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer Bilang Batayang Teoretikal sa Araling Filipino; Ang Nobelang “Si Amapola sa 65 na Kabanata” ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino; Ang Paglubog nina Hippokrates at Galen sa Kanluran: Isang Intepretasyon sa Anyo ng Siyantipikong Rebolusyon sa Larangan ng Medisina; Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksiyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc-9; Ang Pilosopiya ni Jean-Francois Lyotard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Pilosopiya ni Jean Baudrillard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik at Internasyonalisasyong Akademiko; Isang Mapanuring Paghahambing sa Ingles, Filipino at Sebwanong Salin ng Orihinal na Espanyol na Panitik ng Pambansang Awit ng Pilipinas; Sa Kanilang Naiibang Pag-iindak at Pamumukadkad: Performativity at Pagkalesbiyan sa mga Indie Film na <i>Rome and Juliet</i> at</p>		
--	---	--	--



	<p><i>Ang Huling Cha-Cha ni Anita; Ang Dinamiks ng mga Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Relihiyoso-Historikal ni Carlos 'Botong' Francisco; Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda; Si Madelene Sta. Maria at ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa isa sa mga Kauna-unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan; and Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas</i></p>		
Pagtalakay sa mga Banyagang Sistema	<p>The Platonic Undertones of Modern Physics; Taking Advantage of Man's Freedom or Unfreedom; A Habermasian Reading of the Political Philosophy Contained in the <i>Encyclical Deus Caritas Est</i>; Ang Pilosopiya ni Theodor W. Adorno bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teorerikal sa Araling Pilipino; Ang mga Dialohikal na Hermenyutika nina Heidegger, Bultmann, at Gadamer Bilang Batayang Teoretikal sa Araling Filipino; Antonio Gramsci And Edward Said's Image Of A Modern Day Intellectual and The Filipino Roman Catholic Priest; Ang Paglubog nina Hippokrates at Galen sa Kanluran: Isang Interpretasyon sa Anyo ng Siyantipikong Rebolusyon sa Larangan ng Medisina; Ang Pilosopiya ni Jean-François Lyotard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Iris Marion Young's Theory of Structural Justice and Collective Responsibility; Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino; Ang Pilosopiya ni Jean Baudrillard bilang Batayang</p>	13	18.6%

120 SI DEMETERIO AT ANG PILOSOPİYANG PILIPINO

	Teoretikal sa Araling Pilipino; and Ang Kallipolis at ang Ating Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Pilipino sa <i>Ang Republika</i> ni Platon		
Rebisyonistang Pagsusulat		0	0.0%
Interpretasyon ng Pilipinong Pananaw sa Mundo	Cognitive Anthropology and the Unfinished Agenda of the Early Indigenous Phase of Filipino Philosophy; The Image and Symbol of the Self in the Award-Winning Filipino Novels in English; and The Religious Ideology in the Award-Winning Filipino Novels in English	3	4.3%
Pagasaliksik sa Pilipinong Etika at Sistema ng Pagpapahalaga	The Structure of Filipino Morality; The Genealogy of Filipino Values; and Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films	3	4.3%
Pagsuri sa mga Presuposisyon at Implikasyon ng Pilipinong Pananaw sa Mundo		0	0.0%
Pag-aaral sa mga Pilipinong Intelektwal	Re-Reading Emerita Quito's Thoughts on the Underdevelopment of Filipino Philosophy; Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal; A Comparative Study on the Theme of Human Existence in the Novels of Camus and Jose; Don Isabelo de los Reyes (1864-1938): Forerunner of Filipino Theology; Status of and Directions for "Filipino Philosophy" in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co; Looking at Botong Francisco from the Horizon of Diego Rivera: a Visual Dialogue between Two Modern Muralists; Quito, Ceniza, Timbreza, Gripaldo: DLSU Professors' Contributions to Filipino Philosophy; Kohlbergian Analysis of the Moral Reasoning in Lino Brocka's Leading Films; Ang Dinamiks ng mga Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Relihiyoso-Historikal ni Carlos 'Botong' Francisco; The Philosophy of Sr. Mary John	12	17.1%

	Mananzan: some Contributions to Filipino Philosophy; Si Madelene Sta. Maria at ang Sikolohiyang Pilipino: Pakikipanayam sa isa sa mga Kauna-unahang Iskolar na Bumatikos sa Nasabing Intelektuwal na Kilusan; and <i>Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies</i>		
Pagmumuni sa Katuyan ng Pilosopiyang Pilipino	Thesis Writing Guidelines for the Senior Students of the Philosophy Department, SBC-CAS; Re-Reading Emerita Quito' Thoughts on the Underdevelopment of Filipino Philosophy; Cognitive Anthropology and the Unfinished Agenda of the Early Indigenous Phase of Filipino Philosophy; Thought and Socio-Politics: An Account of the Late 20 <sup>th</sup> Century Filipino Philosophy; New Paradigms for a Thesis Work in Filipino Philosophy; Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Jose Rizal; Status of and Directions for "Filipino Philosophy" in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co; Assessing the Development Potentials of some Twelve Discourses of Filipino Philosophy; and Quito, Ceniza, Timbreza, Gripaldo: DLSU Professors' Contributions to Filipino Philosophy	9	12.9%
Ibang Hindi Pilosopikal na Obra	Semiology on the Invariable Sacramental Elements; The Rhetorical Profile of Cebuano Radio Drama; The Aesthetics of Cebuano Radio Drama; Ang mga Teorya ng Relatibidad ni Albert Einstein: Isang Pagsusuri sa Kahandaan ng Wikang Filipino sa Pagtatalakay sa mga Paksa ng Makabagong Agham; Ang Kautusan ng Departamento ng Edukasyon Bilang 74, Serye 2009: Isang Pagsusuri sa Katatagan ng Programang Edukasyon sa Unang Wika (MLE) ng Filipinas; Sistematikong Multilinggwalismo: Lunsaran ng mas Matatag na Wikang Pambansa; Ang	10	14.3%



	Negatibong Imahen ng Maynila sa Nobelang Inferno ni Dan Brown; The Language Policies and Practices of the Philippines and Thailand: Insights and Lessons for Language Planning; The Image of Japan in the Philippine Periodical <i>La Solidaridad</i> : 1889-1895; and Wika ng Manlalarong Pilipino: Pagsusuri sa Pinagmulan at Saysay ng mga Salitang Ginagamit sa Mundo ng DotA 2 at LoL;		
--	---	--	--

Table 2: Pag-uri-uri sa mga Artikulo ni Demeterio Gamit ang 12 na Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino at Dalawa Pang Karagdagang Diskurso

Biswal na namang ipinapakita ng figure 2 ang mahahalagang impormasyong nilalaman ng table 2.




Figure 2: Radar Chart ng Pag-uri-uri sa mga Artikulo ni Demeterio Gamit ang 12 na Diskurso ng Pilosopiyang Pilipino at Dalawa pang Karagdagang Diskurso

Ayon sa table 2 at figure 2, ang mga sumusunod ang apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit na pinagtutuunang-pansin ni Demeterio: 1) pilosopiyang kritikal (44.3%), 2) pag-angkop sa mga banyagang teorya (32.4%), 3) pamilosopiya gamit ang wikang Pilipino (30.0%), at 4) pagtalakay sa mga banyagang sistema (18.6%). Tinukoy sa “Status of and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co” ang kahulugan ng mga nasabing diskurso

matapos makabuo ng komprehensibong iskema alinsunod sa mga anyo ng pilosopiyang Pilipinong binanggit ng pitong iskolar.

Ang unang diskursong pinagtutuunan ni Demeterio ay pilosopiyang kritikal. Makabuluhan ito sa konteksto ng semi-pyudal, neo-kolonyal, at burukratang-kapitalistang estado. Ito ay makapangyarihang metodo sa pamimilosopiya dahil bukas ito sa subhektibong interpretasyong magpapayabong sa mga pilosopikal na diskurso. Gayunman, panahon ng Batas Militar nang bumulusok ang mga kapaki-pakinabang na pananaliksik hinggil sa diskursong ito. Sina Zialcita, Timbreza, Quito, Mabaquiao, at Gripaldo ang mga pinagbatayang pantas ng diskursong ito.

Ang ikalawang diskursong pinagtutuunan ni Demeterio ay pag-aangkop sa mga banyagang teorya. Makatuturan ang diskurso ito dahil nagbubunsod ng intelektwal na dayalogo sa pagitan ng mga pilosopikal na teoryang dayuhan at lokal na kalagayan. Gayunman, iilang Pilipinong iskolar ang nangahas sa ganitong uri ng pilosopikal na diskurso. Sina Timbreza, Quito, Abulad, at Gripaldo ang mga pinagbatayang pantas ng diskursong ito.

Ang ikatlong diskursong pinagtutuunan ni Demeterio ay ang pamimilosopiya gamit ang wikang Pilipino. Makatuturan at kapaki-pakinabang ang diskursong ito sapagkat naaayon sa konteksto ng karanasang Pilipino. Sa kabilang banda, natatali ang ibang iskolar sa politikal na isyu ng paggamit ng pambansang wika at limitado ang paglalathala ng ganitong pamimilosopiya sa iilang tanyag na mga abstracted journal. Sina Timbreza at Mabaquiao ang mga pinagbatayang pantas ng diskursong ito.

Ang ikaapat na diskursong pinagtutuunan ni Demeterio ay ang pagtalakay sa mga banyagang sistema. Mainam itong panimula sa pag-angkop ng mga dayuhang teorya at magandang oportunidad upang suungin ang kontekstwal na pagtalakay ng mga sistemang dayuhan. Bagama't higit na maraming mga Pilipinong iskolar ang may akses sa mga Ingles na teksto, kakaunti lamang ang may kakayahang makahango ng mga arkibo ng mga partikular na pilosopo. Sina Quito, Abulad, Co, at Gripaldo ang mga pinagbatayang pantas ng diskursong ito.

Batay sa pagsusuri ng proyektong ito, isang pilosopiyang kritikal ang hugis ng pilosopiyang Pilipinong itinataguyod ni Demeterio. Bukas ito sa pag-angkop at pagtalakay ng mga kapaki-pakinabang na banyagang teorya at gumagamit ng wikang Filipino upang maipaabot ang kanyang pamimilosopiya sa mas nakararaming Pilipino.

## Transkrip ng Pakikipanayam

Matapos matukoy sa naunang seksyon na nakatuon sa pilosopiyang kritikal, pag-angkop sa mga banyagang teorya, pamimilosopiya gamit ang wikang Pilipino, at pagtalakay sa mga banyagang teorya ang mga obra ni

Demeterio, isinagawa ng mga mananaliksik ang pakikipanayam noong ika-13 at 14 ng Oktubre 2017 sa kanyang tanggapan sa De La Salle University. Sa bahaging ito, matutunghayan ang transkrip ng mga pakikipanayam na nakabalangkas ayon sa apat na diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit niyang pinagtutuunang-pansin.

### **Tungkol sa Pilosopiyang Kritikal**

**Leslie Liwanag (Kumakapanayam):** Ano po ang masasabi ninyo na kasalukuyang kinikilala kayo ng ilang manunulat bilang pilosopong nagtataguyod ng kritikal na pilosopiyang Pilipino?

**F.P.A. Demeterio:** Naayon iyan sa karamihan na nagawa kong publikasyon, lumalabas na nakatuon ako sa kritikal na pamimilosopiya. Natutuwa ako na may ilang nakababatang pilosopo mula sa Pamantasang Santo Tomas at sa iba pang mga pamantasan ang nakapansing matingkad ang diskursong ito sa mga naisulat ko. May isa akong pananaliksik noong nagpapatunay na tumamlay ang larangang ito noong panahon ng diktaduryang Marcos. Siguro natutuwa akong makapag-ambag sa muling pagpapasigla sa nasabing larangan.

**Joshua Felicilda (Kumakapanayam):** Paano po kayo napunta sa larangan ng kritikal na pamimilosopiya?

**Demeterio:** Noong nasa Pamantasang Santo Tomas pa lamang ako, ipinakilala na sa akin ng aking mentor na si Fr. Norberto Castillo ang napakalawak at napaka-*exciting* na larangan ng hermenyutika. Noong nasa Unibersidad ng Pilipinas na ako, lalong napayaman ang aking interes sa hermenyutika sa neo-Marxista, postmodernista at postkolonyalistang mga teoryang tinatalakay namin. Noon, naisip naming sesentro sa kritikal na pilosopiya ang aming programang pilosopiya sa San Beda College para magkaroon ito ng malinaw na pagkakakilanlan. Kung ang Pamantasang Santo Tomas, nakabatay sa Tomismo at Iskolastisismo, ang Unibersidad ng Pilipinas sa lingguwistikong pilosopiya, ang Pamantasang Ateneo de Manila sa kontinental na mga pilosopiya, at ang Pamantasang De La Salle sa eklektisismo, pinangarap namin noong maging kilala bilang sentro ng kritikal na pamimilosopiya ang San Beda.

**Mary Deleña (Kumakapanayam):** Bakit po tila walang bahid ng Tomismo at Iskolastisismo ang inyong pamimilosopiya gayong produkto kayo ng pilosopiya at teolohiya ng Pamantasang Santo Tomas?

**Demeterio:** Ang Tomismo at Iskolastisismong naranasan ko sa Pamantasang Santo Tomas ay parang katesismo, walang puwang para sa malaya at malikhaing pag-iisip. Mabuti na lamang may ilang Dominikano at paring propesor ako noong hindi masyadong nagpaalipin sa hegemonya ni Tomas Aquino. Ang mentor ko, halimbawa, tinuruan ako noon paano mag-isip nang malaya, malikhain, at walang takot. Sa halip na kabisaduhin ko si Aristoteles bilang pundasyon ng Tomismo at Iskolastisismo, si Platon ang pinabasa niya sa akin. Inilihis ang aking pag-iisip mula sa pag-iisip ng karamihang nandoon sa aming pamantasan. Isa pa, kung hindi nagsusulat ang karamihan ng mga Pilipinong Tomista, tinuruan ako ng aking mentor na dapat isinusulat at inilalathala ang malaya, malikhain, at walang takot na pag-iisip. Sa pagkaintindi ko, hindi isang institusyonal na patakaran ang katagang “*publish or perish*,” kundi isang modo ng pamumuhay ng isang pilosopo.

**Liwanag:** Is there a *specific text* ni Platon na pinakanaka-*strike* sa inyo *to think outside the box*?

**Demeterio:** *Timaeus* ang binasa ko noon. Ito ang naging *subject* ng aking *masteral thesis*. Tungkol ito sa kosmolohiya ni Platon. Kaya mabigat sa siyensiya at matematika ang naging thesis ko. Ibang-iba ito sa mga thesis na ginawa ng mga kaklase ko. Dahil sa oras at pagod na ibinuhos ko sa thesis na iyon, naisipan kong ipagpatuloy ang aking pag-aaral sa graduate school.

**Liwanag:** Ano pong mga tiyak na aspekto ng kulturang Pilipino ang inyong tinutukan sa inyong mga kritikal na pagsusuri?

**Demeterio:** Siguro sa kasalukuyan, nakatuon ako sa edukasyon ng bansa natin; bakit tila hilaw ang ating mataas na edukasyon. Nakatuon ang ibang nagawa ko sa pananampalataya at relihiyon ng mga Pilipino. Nakatutok din ako sa malawak na erya ng kulturang popular sa Pilipinas; hinihimay ko ang mga nakakubling ideolohiya at bakas ng kolonyalismo sa ilang manipstasyon ng kulturang popular.

**Felicilda:** Paano po nagiging “Pilipino” ang kritikal na pamimilosopiya gayong hango pa rin ang mga teoretikal na balangkas nito sa kanluran?

**Demeterio:** Kahit kanluranin ang mga teoryang ginagamit natin, mapipilitan tayong iangkop at gamitin sila sa konteksto natin. Magiging dialektikal ang ugnayan ng teorya, ng pilosopong Pilipino, ng pilosopikal na problema, at ng konteksto natin. Mula sa dialektikal na prosesong ito, umaasa akong isang Pilipinong diskurso ang malilikha.

**Liwanag:** Ano po ang inyong masasabi sa ibang pilosopong Pilipinong walang pakialam masyado sa kritikal na pamimilosopiya?

**Demeterio:** Para sa akin, kanya-kanyang hilig at desisyon iyan kung sa aling larangan ng pilosopiyang Pilipino magiging komportable ang ibang pilosopong Pilipino. Ang gusto ko lamang sabihin, kahit saang larangan man mamilosopiya ang isang pilosopong Pilipino, sana maging marubdob ang kanyang pamimilosopiya at may *relevance* ito sa kapwa-Pilipino. Halimbawa, kapag sobrang layo na sa mundo natin ang pinagkakaabalahan ng isang pilosopong Pilipino, baka hindi pa natin kailanganin sa ngayon ang ganoong kataas na pamimilosopiya. Mas mainam para sa ating tutukan muna ang mga pilosopikal na problemang kasalukuyang bumabagabag sa atin. Hindi ko sinasabing dapat dumagsa sa larangan ng kritikal na pamimilosopiya ang lahat.

**Liwanag:** Aling larangan o mga larangan po ng pilosopiyang Pilipino ang sa palagay ninyong mahalagang tutukan ng ibang pilosopong Pilipino?

**Demeterio:** Halimbawa, nariyan ang pamimilosopiya sa larangan ng etikang Pilipino at moral na pagpapahalaga. Gusto kong mas maraming pilosopong Pilipino ang tumutok sa larangang ito dahil sa palagay ko hindi tugma ang namamayaning Kristiyanong etika sa diwang Pilipino. Kailangan nating bumuo ng isang etikang mas mabisa para sa pagpapadaloy ng kabutihang-loob ng mga Pilipino. Sana huwag muna nating pag-aksayahan ng panahon iyong masyadong matataas na usaping tayo mismo hirap na magkaroon ng pananaliksik at publikasyon. Hindi kasi tamang isiping bumabagabag din sa atin bilang mga Pilipino ang mga pilosopikal na problemang bumabagabag sa mga banyagang pilosopo.

**Deleña:** Kadalasang pinupuna ang mga kritikal na pilosopong nakatuon lamang sa paglalathala. Sa paanong paraan po ninyo naipapamalas ang praksis ng kritikal na pamimilosopiya?

**Demeterio:** Para sa akin, may dalawang antas ang kritikal na pamimilosopiya: ang teoretikal na pagpuna sa kultura at lipunang Pilipino at ang praksiyohikal na pakikibaka. Mainam na parehong babad sa dalawang antas na ito ang isang pilosopong Pilipino, katulad ni Sr. Mary John Mananzan. Mas nakatutok ako sa teoretikal na antas ng pagpuna at aminado akong kulang ang aking praksis. Pero hindi ibig sabihing walang silbi na ang aking inihaing kontribusyon para sa bayan. Isa ring importanteng hakbang ang paglikha ng kritikal na kaalaman patungo sa mas malaya at makataong mundo. Bilang isang nagmamalasakit na mamamayan, sumasali ako sa ilang

mahalalagang martsa at *rally*. Hindi nga lang ako *organizer* o *speaker* doon ngunit mahalaga pa rin ang aking pisikal na paglahok bilang karagdagang *warm body*.

**Liwanag:** Produkto rin po kayo ng Unibersidad ng Pilipinas, bakit hindi kayo sumanib sa mga organisasyon doon na mas nakatuon sa praktisyolohiya?

**Demeterio:** Sa Pamantasang Santo Tomas ko talaga naranasan ang buhay-mag-aaral dahil limang diploma ang natanggap ko roon. Hindi ganoon katingkad ang politikal na pakikisangkot ng mga kapwa ko mag-aaral doon. Noong nag-aral ako sa Unibersidad ng Pilipinas, nagkaroon na ako ng trabaho at pamilya. Wala na akong pagkakataong maging bahagi sa mga ganoong organisasyon.

### **Tungkol sa Pag-angkop ng mga Banyagang Teorya**

**Liwanag:** Paano po ninyo naipamamalas ang pagka-Pilipino ng isang artikulong nakasandig sa dayuhang teorya?

**Demeterio:** Sa palagay ko, hindi nakatali sa isang nasyonalidad ang teorya. Halimbawa na lamang si Tomas Aquino, gumagamit ng mga Griyego, Muslim, at Hudiyong teorya kahit na isa siyang sarado-Katolikong pilosopo. Gamitin ang anumang katiwa-tiwalang teorya kung sa palagay nating may silbi ito sa paglutas sa pilosopikal na problemang bumabagabag sa atin.

**Liwanag:** Mayroon po ba tayong dapat ingatan kapag gagamit tayo ng mga dayuhang teorya sa ating sariling pamimilosopiya?

**Demeterio:** Bantayan lamang ang napipisil nating dayuhang teorya. Baka kasi hindi naman talaga ito angkop para sa paglutas ng kinakaharap nating problemang pilosopikal. May iba rin kasi sa ating naeengganyo masyado sa mga teorya at ipinipilit na gamitin ang mga teoryang ito kahit hindi naman talaga kailangan. Alalahanin nating laging iba ang kontekstong pinanggalingan ng isang dayuhang teorya sa konteksto natin. Kaya dapat hindi basta na lamang humihiram ng teorya. Ang proseso ng pag-aangkop ay proseso ng pagkakaroon ng ilang pagbabago sa dayuhang teorya para lalong tumugma ito sa ating sariling konteksto.

**Liwanag:** Ano po ang kadalasang estratehiya ninyo sa pag-angkop ng mga dayuhang teorya?

**Demeterio:** Karaniwang estratehiya ko ngayon ang paggamit ng wikang Filipino habang tinatalakay ang anumang dayuhang teorya. Kapag gamit mo na ang wikang Filipino, mas nagiging malay ka sarili nating konteksto. Isa palang proseso ng paghatak sa sarili nating konteksto ang akala nating simpleng pagsasalin lamang.

**Liwanag:** Sa proseso ng pag-aangkop, binabago po ba ang teorya mula sa pagiging dayuhan patungo sa pagiging Pilipino?

**Demeterio:** Isang hakbang ang pag-aangkop upang maisa-Pilipino ang isang dayuhang teorya. Kapag ipinataw mo na sa isang pilosopikal na problemang bumabagabag sa isang pilosopong Pilipino ang dayuhang teorya, lalong nagiging Pilipino ang diskursong nalilikha ng nasabing pagpataw. Kapag may iba pang pilosopong Pilipinong sususog o babatikos sa nasabing diskurso, higit na nagiging Pilipino ang panibagong diskursong nalilikha.

**Liwanag:** Ano ang nakikita niyong magandang nagawa ng mga naisulat niyong artikulong may pag-angkop sa mga banyagang teorya?

**Demeterio:** Magagamit ang mga ito bilang mga modelo para sa aking mga mag-aaral na may balak gumawa ng mga kahalintulad na proyekto. Mapapadali ang kanilang isinusulat na *term paper*, tesis, o disertasyon dahil sa mga ito.

**Liwanag:** Ano ang nakikita niyong problematikong bahagi ng mga naisulat niyong artikulong may pag-angkop sa mga banyagang teorya?

**Demeterio:** Wala akong naranasang problema, liban lamang na marami sa mga banyagang teoryang ito ang hindi talaga madaling intindihin. May ilang dalubhasa rin sa Araling Filipino ang nagsasabing hindi tayo dapat sumandal sa mga banyagang teoryang ito. Pero sa pamamagitan ng mga *peer-reviewed* na publikasyon ko, napatunayan kong posible at nakatutulong ang kritikal na paggamit ng mga ito.

**Liwanag:** Paano po ninyo pinipili ang mga banyagang teoryang inaangkop sa inyong pamimilosopiya?

**Demeterio:** Habang tuloy-tuloy akong nagbabasa, nagsusulat, at nakikipagsapalaran kaharap ang mga problemang pilosopikal at ilang banyagang teorya, lumalawak ang aking kaalaman tungkol sa mga teorya at tumatalas ang pagtatantiya ko kung aling teorya ang pinakatugma sa isang partikular na problemang pilosopikal. Parang pagpipinta o pagluluto ang

pamimilosopiya. Maraming pagkakataong gagamitin at gagamitin mo ang iyong pakiramdam kung tama ba ang iyong pagtimpla at timing. Mahirap i-*articulate* ito pero habang tumatagal ang isang pintor at isang kusinero sa kanilang pagpipinta at pagluluto, lumalawak ang kanilang kaalaman tungkol sa mga materyales at sangkap. Kalaunang makakabisado na nila kung kailan at paano ang mga ito gagamitin.

### Tungkol sa Pamimilosopiyang Gamit ang Wikang Filipino

**Felicilda:** Bakit po ninyo ginamit ang wikang Filipino sa pamimilosopiya?

**Demeterio:** Siguro, maraming dahilan kung bakit ko ginagamit ang wikang Filipino. Sa antas ng pilosopikal na *lecture* o panayam, matagal ko nang nalamang mas magandang gamitin ang wikang Filipino kasi mas buhay at mainit ang interaksyon ng guro at mag-aaral. Mas naiintindihan kasi ng mag-aaral ang sinasabi ng guro at hindi sila mag-aatubili o mahihiyang magtanong at magpahayag ng kanilang iniisip. Una ko itong napansin noong *late* 1990s at *early* 2000 noong nagtuturo pa ako sa Mindoro. Sa antas ng pagsusulat at pamimilosopiya sa wikang Filipino, natutunan ko ito sa Pamantasang De La Salle noong kinupkop ako ng Departamento ng Filipino. Mas madali ang pagsusulat kapag ginagamit ko ang wikang Filipino. Ayon sa *Academia.edu page* ko, mas binabasa ng mga kapwa nating Pilipino ang aking mga pilosopikal na artikulo kapag nakasulat ito sa wikang Filipino. Kakaunti lamang ang nagbabasa sa aking mga artikulong nakasulat sa wikang Ingles.

**Felicilda:** Wala po bang kabalintunaan ang pagiging isang Sebvano ninyo sa paggamit ng wikang Filipino?

**Demeterio:** Sa palagay ko, mas malaki ang kabalintunaan kapag isa kang dalubhasa sa pilosopiyang Pilipino pero nagsusulat ka gamit ang wikang Ingles. Sebvano ang aking unang wika, ngunit sinusubukan ko at pinipilit kong gamitin ang wikang Filipino. Humugot ako ng inspirasyon mula sa Kapampangang si Emerita Quito at mula sa Ilokanong si Florentino Timbreza. Kung kaya ng isang Kapampangan at ng isang Ilokanong mamilosopiya gamit ang wikang Filipino, kaya rin ng isang Sebvano. Alam nating may *bias* pa rin ang mga Sebvano laban sa wikang Filipino. Pero kaya kong sabihin sa mga kapwa ko Bisaya na maraming praktikal na bentahe ang makukuha natin kapag sa wikang Filipino tayo magsusulat at mamimilosopiya. Naalala ko ang isang isinulat ni Brother Andrew Gonzalez kung saan sinabi niyang “mas mabisa sana kung diniskurso sa antas ng



praktikalidad kaysa antas ng pagsasabansa ang pagpapalaganap sa wikang Filipino.”

**Felicilda:** May nabasa po ako sa isang artikulo ninyo tungkol kay Quito. Nabanggit ninyong problematiko pa ang isyu ng paggamit ng wikang Filipino dahil ‘di pa ito nakabatay sa diwa ng mga Pilipinong hindi Tagalog ang kanilang unang wika.

**Demeterio:** Unang-una, isinulat ko ang sanaysay na iyan noong taong 2000 pa. Ang konteksto ng pagkakasabi ko niyan noon ay reaksyon sa isinulat ni Quito na hindi umusbong ang pilosopiyang Pilipino dahil hindi natin ginagamit ang wikang Filipino. Para sa akin, masyadong eksaherado ang punto ni Quito dahil may mga pilosopo tayong kilala sa pamimilosopiyang gamit ang ibang wika tulad ni Tomas Aquino.

**Felicilda:** Nagbago na po ba ang inyong pananaw tungkol dito?

**Demeterio:** Nag-umpisa akong magsulat gamit ang wikang Filipino noong 2008 nang kupkupon ako ng Departamento ng Filipino ng Pamantasan De La Salle. Iyong binanggit mong sanaysay ko kay Quito, isinulat ko iyan noong panahong hindi pa ako nagsusulat sa wikang Filipino. Ang masasabi ko ngayon, hindi imposible para sa isang Pilipinong mamilosopiya gamit ang ibang wika, ngunit magiging mas madali at mas makabuluhan kapag mamimilosopiya siya gamit ang wikang Filipino. Kahit isa kang Bisaya, mas madali pa rin sayong kabisaduhin ang wikang Filipino kaysa kabisaduhin ang wikang Ingles. Sa kasalukuyan, patuloy akong namimilosopiya gamit ang wikang Filipino o Ingles. Pero sigurado akong kapag nasa wikang Filipino ang artikulo ko, mas binabasa ito ng mga kapwa nating Pilipino.

**Liwanag:** Gayong may ibang dalubhasang Pilipinong mas pinipiling magsulat sa wikang Ingles, maituturing po bang pilosopiyang Pilipino ang kanilang mga ginagawa?

**Demeterio:** Para sa akin, hindi dapat gawing batayan ang paggamit ng partikular na wika para masabi nating pilosopiyang Pilipino o hindi ang partikular na pamimilosopiya. Kahalintulad ito sa panitikang Pilipino; wala siguro sa atin ang may karapatang magsabing hindi dapat ituring na panitikang Pilipino ang mga nobela nina Jose Rizal, Nick Joaquin at F. Sionil Jose dahil lamang nakasulat ang mga ito sa wikang Espanyol at Ingles. Ang gusto ko lamang sabihin, mas madaling isulat at basahin ang pamimilosopiyang gumagamit ng wikang Filipino. Kapag nakasulat sa

wikang Filipino ang pamimilosopiya ng isang pantas, mas dadami ang mga kapwa nating Pilipinong may kakayahang basahin ang mga ito.

**Felicilda:** Ano po ang mga disbentahe ng pamimilosopiyang gumagamit ng wikang Filipino?

**Demeterio:** Nakikita kong disbentahe ang katotohanang limitado lamang ang bilang ng mga de kalidad na *journal* na tumatanggap ng mga sanaysay na nakasulat sa wikang Filipino. Kapag dumami ang bilang ng mga pilosopong Pilipinong gumagamit ng wikang Filipino, natitiyak kong mapipilitang tanggapin ng ating mga *journal* ang mga sanaysay nila.

**Felicilda:** Ano-ano po ang mga bentahe ng pamimilosopiyang gumagamit ng wikang Filipino?

**Demeterio:** Mas madali itong isulat. Mas madali itong basahin. Mas maraming kapwa nating Pilipino ang may pagkakataong mabasa ang naisulat natin.

**Felicilda:** Ano po ang inyong mungkahi sa mga pilosopong nag-aalangang magsulat at mamilosopiya sa wikang Filipino?

**Demeterio:** Hangad ko lamang na masubukan nila minsang mag-*lecture* gamit ang wikang Filipino at damhin nila kung may pagkakaiba ba ang magiging interaksyon ng kanilang mga mag-aaral. Hangad ko lamang na masubukan nila minsang magsulat at mag-*publish* sa wikang Filipino at damhin nila kung gaano kadulas ang magiging takbo ng kanilang pagsusulat. Mahirap lang itong umpisahan, ngunit nakakatiyak akong magugustuhan nila ang pamimilosopiya gamit ang nasabing wika kapag nasimulan na.

### **Tungkol sa Pagtalakay ng mga Banyagang Teorya**

**Deleña:** Hindi po ba mababang antas lamang ng pag-iisip ang pamimilosopiya sa larangan ng eksposisyon ng kung ano-anong mga kanluraning teorya?

**Demeterio:** Sinasabi ng karamihang mababang antas ang *expository writing at expository philosophizing*. Pero sa palagay ko, may halaga ang oras at pagod na inilaan ko sa ganitong uri ng pamimilosopiya. Hinahanda ko ang mga pilosopiyang tinatalakay ko para maangkop ko, ng aking mga mag-aaral, o maging ng aking mga mambabasa. Kaya nakasulat na sa wikang Filipino ang

karamihan sa aking mga bagong ekspositoryong sanaysay. Sa katunayan, may serye ako ng mga ekspositoryong sanaysay kung saan sinasabi ko ang mga posibleng pag-aangkop sa kanila. Kung si Quito, nagsusulat ng mga ekspositoryong sanaysay para labanan ang hegemonya ng Tomismo at Iskolastisismo, nagsusulat naman ako ng mga ekspositoryong sanaysay para may magamit tayong mga teorya sa ating pakikipagsapalaran sa mga problemang pilosopikal na bumabagabag sa atin.

**Deleña:** Ano po ang masasabi ninyo tungkol sa ilang mga pilosopong mas pinili ang mga teorya o balangkas na binubuo para sa panlokal na konteksto?

**Demeterio:** Nasabi ko na kaninang dapat walang nasyonalidad ang teorya. Pero bantayan natin iyong mga kontekstong pinagmumulan ng mga dayuhang teoryang ibang-iba sa konteksto natin. Maganda kung may sarili na tayong mga teoryang magagamit natin. Pero huwag nating isara ang ating pamimilosopiya sa maaaring maiambag sa atin ng mga banyagang teorya. Dapat lamang na maging maingat at masinop tayo sa pag-aangkop ng mga teoryang ito.

**Deleña:** Ano po ang dahilan ng pagtuon ninyo sa postmodernong teorya?

**Demeterio:** Nababad ako sa mga postmodernistang teorya habang nag-aaral ako ng doktorado sa Unibersidad ng Pilipinas. Karamihan sa mga napag-aralan ko ang may kinalaman sa mga tagapagtaguyod rin ng kritikal na pamimilosopiya. Mga postmodernong pilosopong sina Michel Foucault, Jean-François (Lyotard), at Jean Baudrillard. Nakita ko ang malaking potensiyal na magamit ang kanilang mga teorya para tugunan ang ating sariling mga problemang pilosopikal.

**Deleña:** Nabanggit po sa isa ninyong sanaysay na hindi pa isang postmodernong bansa ang Pilipinas at nasa pre-modernong antas pa lamang ang maraming aspekto nito. Tama po ba kung ipipilit pa rin nating gamitin ang mga postmodernong teorya?

**Demeterio:** Dahil wala pa tayo sa postmodernong antas at pre-moderno pa ang karamihan sa mga aspekto ng lipunan natin, maraming elemento ang mga teoryang ito na malayo sa reyalidad natin. Noong nag-aral ako ng teoryang kritikal sa Univerity of London noong nakalipas na tag-araw, napansin ko kung gaano ka-*high altitude* ang kritikal na pamimilosopiya nila. *Ground-level philosophizing* ang sa tingin kong kailangan natin dito sa Pilipinas. Pero sigurado akong maraming elemento ang mga postmodernong teoryang madali nating maaangkop para sa sarili nating konteksto bilang

isang bansang naghahangad maging moderno. Sa katunayan, isinulat ko na noon kung ano ang mga teorya ng postmodernismong maaaring magbigay sa atin ng mga aral at gabay kung anong uring modernidad ang dapat nating pangarapin.

**Deleña:** Ano po ang mga bentahe sa paggamit ng mga postmodernong teorya?

**Demeterio:** Interesado ako sa kritikal na talas ng mga postmodernong teorya. Ang mga ito ang gusto kong maiangkop.

**Deleña:** Bakit po ninyo isinusulong ang mga kolaboratibong proyekto sa pilosopiya?

**Demeterio:** Bilang isang research manager ng Pamantasan De La Salle, natuklasan ko ang ideya ng *research university* ni Wilhelm von Humboldt. 200 years old na ang ideyang ito ngunit wala pa rin tayong ganitong konsepto sa Pilipinas. Parehong hindi pa ganap na *research university* ang Unibersidad ng Pilipinas at ang Pamantasan ng De La Salle. Ito ang dahilan kung bakit mahina ang siyensiya, teknolohiya, at pilosopiya sa ating bansa. Kulang ang pananaliksik sa Pilipinas dahil wala tayong *research university*. Nalaman kong nakatungtong sa proseso ng marubdob at walang tigil na kolaborasyon sa pagitan ng mga guro at mag-aaral ang isang *research university*. Kaya naisip ko, habang hindi pa ganap ang pagiging *research university* ng Pamantasan De La Salle, maaari na akong mag-asta bilang guro ng isang *research university* sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tuloy-tuloy na mga kolaboratibong proyekto. Pinapabilis at pinapayaman ng mga kolaborador ko ang aking pananaliksik, habang sinasanay ko naman sila kung ano (ang) nararapat na buhay ng isang pilosopo—ang patuloy na kolaborasyon at pananaliksik.

**Deleña:** Ano ang pangarap ninyo (para) sa mga susunod na henerasyon ng mga pilosopong Pilipino?

**Demeterio:** Nag-iwan ng mga teksto ang mga nakatatandang pilosopong Pilipino. Balak ko sana silang higitan hindi lamang sa pamamagitan ng pag-iwan ng mga teksto, kundi maagang pagsasanay sa mga nakababatang pilosopong Pilipinong mamilosopiya at makayanang gawin ang mga bagay na hindi ko na nagawa. Salamat sa ideya ng *research university* ni Humboldt. Kung kakaunti lamang ang halaga ng mga maiiwan kong teksto, nakatitiyak akong malaki ang halagang maiaambag ng mga nakababatang pilosopong ito sa pagpapaunlad ng pilosopiyang Pilipino.

### Kongklusyon

Alinsunod sa malalimang pagsusuri ng proyektong ito, naisakatuparan ng una at ikalawang substantibong seksyon ng papel ang hugis, lalim, at lawak ng pilosopiyang Pilipinong itinataguyod ni Demeterio. Narito ang mga aral at kabatirang magagagap mula sa 1) pagtukoy ng mga pangunahing diskurso ng mga obra ni Demeterio, at 2) pagsasagawa ng aktuwal na pakikipanayam na ibinalangkas mula sa nadiskubreng apat na diskursong higit na pinagtutuunan-pansin ng pantas.

Una, ang mga magkakaugnay na karanasan ni Demeterio bilang mag-aaral, propesor, administrador, at mananaliksik ang naging dahilan upang taglayin ang kasalukuyang pananaw at estado ng pagiging isang pilosopong Pilipino. Malakas ang naging talab sa kanya ni Fr. Castillo bilang tagapayo upang maging malikhain at matapang sa kanyang pamimilosopiya. Katunayan, maliwanag na saklaw ng kanyang matalas na kritisismo sa lipunan ang simbahan, pamahalaan, at edukasyon. Napagyaman ang kanyang interes sa hermeyutika kaakibat ng mga natutunang neo-Marxista, postmodernista, at postkolonyalistang teorya mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Napaigting ng pagiging isang propesor ang kahalagahan ng wikang pambansa, naging mas madali ang talakayan sa antas ng pilosopikal na panayam at naging mas malaya at madali ang pagpapahayag sa antas ng pagsusulat at pamimilosopiya. Nabuksan ang kanyang kamalayan sa kahalagahan ng kolaborasyon kasama ang mga mag-aaral nang magsimulang maging administrador ng pananaliksik sa Pamantasang De La Salle. Habang pinayayaman ng kolaborasyon ang bilang at kalidad ng kanyang mga pag-aaral, natututo naman ang mga batang mananaliksik upang makabuo ng sanaysay pampublikasyon.

Ikalawa, nabanggit ni Demeterio na tumamlay ang pilosopiyang kritikal noong rehimen ng Pangulong Ferdinand Marcos. Nang balikan ang artikulo niyang “Ang Kallipolis at ang ang Kasalukuyang Lipunan: Isang Pakikipagdiyalogo ng Kritikal na Pilosopiyang Filipino sa Ang Republika ni Platon”, matatagpuan ang pagsusuri ng karanasan ng mga Pilipino sa matinding sensura ng panahong ito kaakibat ang pagsulong ng mga mitong nagtutulak ng pansariling hangarin at ilusyon ng kaunlaran. Mawawaring hindi nakatuon sa kapakanan ng bayan ang kabuoang plano ng nasabing rehimen, isang kabalintunaan ito para kay Platon na pangunahin ang kabutihan ng pangkalahatang lipunan.

Ikatlo, mahalagang banggitin ang hermeyutika bilang pinakapundasyon ni Demeterio na ipinakilala ng tagapayo at kalaunang naging paksa ng kauna-unahang nailathalang artikulo. Nagmula ang hermeyutika sa salitang Griyegong *hermeneuein* na nangangahulugang “gagawa ng interpretasyon” at *hermeneia* na may ibig sabihing “proseso ng

interpretasyon.” May lingguwistikong kaugnayan kay Hermes, isang masigasig na mensahero sa pagitan ng mga diyos sa Bundok Olympus at ng mga tao. Taglay niya ang pagiging bihasa sa wika ng dalawang magkabilang panig upang maipaabot ang saloobin sa parehong mortal at imortal (Demeterio 1 sa “Ang Hermenyutika nina Schleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino”). Sa paraang ito, maaaring maituring si Demeterio bilang kontemporaryong Hermes upang maipahatid ang mahalagang mensahe sa mga tagapagsulong ng Tagalog, Filipino, at Ingles—na hindi dapat maging balakid ang paggamit ng espesipikong wika upang matantiya kung pilosopiyang Pilipino ba o hindi ang isang pamimilosopiya.

Ikaapat, alinsunod dito, makikitang hindi naging balakid ang pagsusulat sa sariling wika at maging ang pangigingbang-bansa upang pagyamanin ang espesipikong diskurso tulad ng pilosopiyang Pilipino. Sa katunayan, ang paglalakbay at pag-aaral sa ibang bansa ang naging susi ni Demeterio upang mas maging kritikal sa lokal na katayuan ng pilosopiya at magnilay sa sariling diskurso sa pamimilosopiya. Napansin ng pantas na napakatayog ng antas ng kritikal na pamimilosopiya sa ibang bansa, tulad ng London, at napagtantong mas kinakailangang tutukan ang mga pilosopikal na suliraning mas makabuluhan at patuloy na bumabagabag sa lipunang Pilipino.

Ikalima, makabuluhan ding itala ang nabanggit ni Demeterio tungkol sa pagka-Pilipino ng kanyang kritikal na pamimilosopiya kahit na nakasandig sa Kanluranin ang teoretikal na balangkas. Binigyang-diin ng pantas na masasaksihan sa pamamagitan ng dialektikal na ugnayan ng teorya, ng pilosopiyang Pilipino, ng pilosopikal na problema, at ng konteksto ang kalaunang pagkaluwal ng isang pilosopiyang Pilipinong diskurso. Mahalaga ang kaisipang ito bilang modelo sa pagsusuri at pagbubuo ng Pilipinong diskurso sa ibang larangan tulad ng agham pampolitika, sosyolohiya, antropolohiya, sikolohiya, at marami pang iba. Hindi malayong maatim ang pag-iral ng teoretikal na balangkas at konseptwal na balangkas na Filipino at walang masama kung magsisimula ito sa pag-aangkop ng dayuhang teorya sa lokal na kalagayan. Kinakailangan lamang na mag-ingat sa napipisil at sa paglalapat ng dayuhang teorya upang hindi magmukhang ipinipilit lamang, at alalahaning nagmula ito sa kontekstong iba sa atin.

Ikaanim, malaki ang posibilidad na magkasundo sina Demeterio at ang kasalukuyang buhay na pilosopong Pilipinong si Sr. Mananzan sa diskurso ng pilosopiyang Pilipinong higit nilang pinagtutuunang-pansin: ang pamimilosopiyang kritikal. Gayong hindi masyadong bumabad si Demeterio sa anyo ng praksis na isinusulong ni Mananzan, tulad ng pagiging aktibo sa mga rally at politikal na organisasyon, maituturing pa ring isang uri ng praksiyolohikal na pakikibaka ang itinataguyod ni Demeterio sa usapin

ng pananaliksik sa larangan ng pilosopiyang Pilipino. Pinatunayan sa artikulong “Philosophy, Methodology and Action Research” ang dalawang nagkakaisang proseso ng praksis: isang pagtamo ng kaalaman kung ano ang mainam; at isang pag-alam kung paano ito mapakikinabangan sa mga partikular na sitwasyon.<sup>27</sup> Sa kaso ng larangan ng pilosopiyang Pilipino, hindi maikakailang mainam at napapanahon ang pag-angkla ni Demeterio sa konsepto ng research university ni Humboldt. Sa pamamagitan ng paglalaan ng panahon sa kolaborasyon, napayayaman ang mga tekstwal na proyekto, maagang nasasanay ang mga nakababata sa pamimilosopiya at paglimbag, at nagdudulot ng inspirasyon sa iba pang guro at mag-aaral na ipagpatuloy ang paglalathala. Mapakikinabangan ito hindi lamang ng napakabatang larangan ng pilosopiyang Pilipino, datapwat maging ng susunod na henerasyon upang maging mas kritikal at matalinong mga mamamayan.

Ikapito, maaaring hindi magkasundo sa usapin ng paggamit ng dayuhang teorya sina Demeterio at ang itinuturing na tagapagtatag ng ideya ng Pantayong Pananaw na si Zeus Salazar. Pundamental kay Salazar ang pagwawaksi ng mga namamayaning Euro-Amerikanong diskursong nagpupumilit ipaliwanag kung ano at sino ang Pilipino. Umusbong ang Pantayong Pananaw dulot ng laganap na pag-angkla ng mga Pilipinong intelektwal sa mga namamayaning Euro-Amerikanong teorya. Pati na rin ang banayad at hindi malay na layunin ng ibang mga Pilipinong intelektwal na makatawag-pansin ng mga mambabasang Ingles. Sa kabilang dako, isang progresibong kabatiran ang ibinigay ni Demeterio nang ibinahagi ang mga puntos sa proseso ng pag-aangkop ng mga dayuhang teorya: 1) hindi nakatali sa isang nasyonalidad ang teorya, 2) hindi maiiwasan ang kontekstwalisasyon sa paggamit nito, 3) magtutulak ito sa pagsasa-Pilipino ng dayuhang teorya, at 4) kalaunang makalilikha ng Pilipinong diskurso.

Ikawalo, ipinagtibay ng pakikipanayam kay Demeterio ang teorya ng pagsasalin bilang ideolohikal na gawain at nag-uudyok ng utopikong pangarap. Sang-ayon sa teoresistang Amerikanong si Lawrence Venuti, laging ideolohikal ang pagsasalin dahil isa itong ideolohikal na pagpapasya para sa lingguwistika at kultural na kaibahan ng lokal at dayuhang teksto. Buhat nito, isa ring lunsaran ang pagsasalin upang magkaroon ng pangkalahatang pagkakaunawa sa pagitan ng dayuhan at domestikong kultura ng mga tekstong pampanitikan, mapa-elit man o masa.<sup>28</sup> Karaniwang estilo ni Demeterio ang paggamit ng wikang pambansa upang talakayin ang anumang dayuhang teorya. Isang paraan ang malalimang pagbabasa ng Kanluraning kaisipan (simulaang lengguwahe) upang maisalin sa wikang

<sup>27</sup> Wilfred Carr, “Philosophy, Methodology and Action Research,” in *Journal of Philosophy of Education*, 40:4 (2006), 425.

<sup>28</sup> Lawrence Venuti, “Translation, Community, Utopia,” in *The Translation Studies Reader*, ed. by Lawrence Venuti (London and New York: Routledge, 2000), 468.



Filipino (tunguhang lengguwahe) at mabuksan ang kamalayan sa sariling konteksto ng maraming mambabasang Pilipino.

Higit sa lahat, ebidente sa hanay ng mga pananaliksik ni Demeterio ang layuning maisulong ang Araling Filipino alinsunod sa pagpapakahulugan ng kritikong pampanitikan at teoresistang si Priscelina Patajo-Legasto. Ayon sa kanya, hindi na nararapat pang alalahanin kung Pilipino ba o hindi ang nananaliksik na iskolar hinggil sa Pilipinas o kung gumagamit ba siya ng mga katutubong teoretikal na balangkas; maituturing itong Araling Filipino hangga't pursigidong makapag-ambag ng mga paglalarawan, interpretasyon, at kritisismong magsusulong at magpapatatag ng bansa.<sup>29</sup> Hindi maitatanggi ang pagkamamamayan ni Demeterio bilang Filipino, ngunit hindi rin maitatatwang susi ang bulto ng kanyang mga sanaysay upang makabuo ng mas mapanuring kaalaman, malalimang maunawaan ang lipunang Filipino, at kalaunang makamit ang mas malaya at makataong mundo.

*Department of Filipino, De La Salle University, Philippines*  
*Department of Philosophy, De La Salle University, Philippines*  
*Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences,*  
*Visayas State University, Philippines*

## References

- Abellanosa, Rhoderick John, Local Discourse, Identity and the Search for a Filipino Philosophy: A Re-exploration through the Lens of Reynaldo Ilete," in *Asian Perspectives in the Arts and Humanities*, 3:1 (2013).
- Abulad, Romualdo, "Pilosopiyang Pilipino, Uso Pa Ba?" (Plenary Paper presented at the 10<sup>th</sup> Philosophical Conference, Sancta Maria Mater et Regina Seminarium, Capiz, Philippines, 2010).
- Atim, Ben Carlo, "Ang Diskurso ni Feorillo Petronilo Demeterio Tungkol sa Pilosopiyang Filipino: Isang Pilosopikal na Pagtataasa" (Paper presented at the Second National Conference on Philippine Studies, Caramoan, Camarines Sur, 2016).
- Bagay, Rodolfo, Jr., "Development Potentials of Undergraduate Theses in Philosophy" (M.A. Thesis, De La Salle University, 2014).
- Batoon, Emmanuel, "Tracing Mercado's Anthropological Perspective (Second of Two Parts)," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:2 (2014).

---

<sup>29</sup> Tingnan ang Priscelina Patajo-Legasto, "Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?" in *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008), xix.



- Carr, Wilfred, "Philosophy, Methodology and Action Research," in *Journal of Philosophy of Education*, 40:4 (2006)
- Cortez, Franz, "The Philippine Engagement with Paulo Freire," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 7:2 (2013).
- De Joya, Preciosa Regina, "In Search of Filipino Philosophy" (Ph.D. Dissertation. National University of Singapore, 2013).
- De Leon, Emmanuel, "Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino: Quito, Mercado, Hornedo, Timbreza, Abulad, at Co" (Ph.D. Dissertation, University of Santo Tomas, 2017).
- \_\_\_\_\_, "Ang Pilosopiya at Pamimilosopiya ni Roque J. Ferriols, SJ: Tungo sa Isang Kritikal na Pamimilosopiyang Filipino," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 9:2 (2015).
- Demeterio, F.P.A., *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines: isang Pag-aaral sa mga Piling Pahayag mula sa Limang Panahon ng Kontemporaryong Eklesiastiko-Politikal na Kasaysayan ng Pilipinas* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2012).
- \_\_\_\_\_, "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy," in *Philippiniana Sacra*, 69:147 (May-August 2014).
- \_\_\_\_\_, "Re-reading Emerita Quito's Thought Concerning the Underdevelopment of Filipino Philosophy," in *Scientia: Multidisciplinary Journal of San Beda College* (2000).
- \_\_\_\_\_, "Status of and Directions for 'Filipino Philosophy' in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co," in *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy*, 14:2 (2013).
- \_\_\_\_\_, "Thomism and Filipino Philosophy in the Novels of Rizal: Rethinking the Trajectory of Filipino Thomism," in *Scientia: Multidisciplinary Journal of San Beda College* (2005).
- \_\_\_\_\_, "Thought and Socio-Politics: An Account of the Late Twentieth Century Filipino Philosophy," in *Hinogwa: The Holy Rosary Seminary Journal*, 8:2 (March 2003).
- Felicilda, Joshua, "Ang mga Politikal na Ideolohiyang Pumapaloob sa mga Nobela ni F. Sionil Jose" (M.A. Thesis, De La Salle University, 2017).
- Geronimo, Jonathan, "Ang Karaniwang Filipino bilang Daluyan ng Diskursong Pilosopikal: Panayam kay Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III," in *Hasaan*, 3:1 (2016).
- Gripaldo, Rolando, "Filipino Philosophy: Past and Present," (Paper presented at the National Conference of the Philosophical Association of the Philippines, Ateneo de Manila University, Quezon City, 2014).

- Liwanag, Leslie Anne, "Ang Pilosopiya ni Emerita S. Quito," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:1 (2016).
- \_\_\_\_\_, "Ang Pilosopiya ni Sr. Mary Joh Mananzan, OSB," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 9:2 (2015).
- Mercado, Leonardo, "Reflections on the Status of Filipino Philosophy," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:2 (2016).
- Pada, Roland Theuas, "The Methodological Problems of Filipino Philosophy," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:1 (2014).
- Patajo-Legasto, Priscelina "Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?" in *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2008)
- Venuti, Lawrence, "Translation, Community, Utopia," in *The Translation Studies Reader*, ed. by Lawrence Venuti (London and New York: Routledge, 2000).

Discourse in Filipino Philosophy

## Postmodernism from the Perspectives of Filipino Philosophers: Abulad, Co, Demeterio, and Pavo

---

*Mary Irene Clare O. Deleña  
and Raymond John D. Vergara*

**Abstract:** Postmodernism may have originated from the west, but the Philippines as an English-speaking neo-colonial state that is thrust into context of globalization could not remain for long unaffected by the impact of this cultural and philosophical movement or trend. This paper analyzed postmodernism as seen by four Filipino philosophy scholars who are known in as far as the field of Filipino philosophy is concerned: Romualdo Abulad, Alfredo Co, Feorillo Demeterio III, and Raymundo Pavo. This paper made thematic, comparative and contrastive readings of the relevant essays of these four Filipino philosophy scholars in accordance to their: 1) definitions of postmodernism, 2) aspects of postmodernism analyzed, 3) discursive positioning, 4) underpinning concerns, and 5) general appraisals of postmodernism. The overall aim of this paper is to provide an initial assessment on how postmodernism has impacted the Philippines and how Filipino philosophy is coming to terms with this predominantly western phenomenon.

**Keywords:** postmodernism, Philippine context, Filipino philosophy, thematic reading

### Introduction

Postmodernism may have originated from the west, but the Philippines as an English-speaking neo-colonial state that was thrust into the context of globalization could not remain for long unaffected by the impact of this cultural and philosophical movement or trend. This paper analyzed postmodernism as seen by four Filipino philosophy scholars: Romualdo Abulad, Alfredo Co, Feorillo Demeterio III, and Raymundo Pavo. There are other Filipino scholars who touched on postmodernism in some of

their publications; but they either touched only very specific postmodern theories, like what Raniel Reyes,<sup>1</sup> Roland Theuas Pada,<sup>2</sup> Darlene Demandante,<sup>3</sup> Tracy Ann Llanera,<sup>4</sup> Daryl Mendoza,<sup>5</sup> and Rhoderick John Abellanosa<sup>6</sup> had done; or talked about postmodernism from a non-philosophical vantage point, like what Erwhin Clarin and Jennie Jocson<sup>7</sup> Antonio Contreras,<sup>8</sup> and Jerry Yapó<sup>9</sup> had done. Abulad, Co, Demeterio, and Pavo, on the other hand, are Filipino philosophy scholars who talked about postmodernism in general and at the same time grappled with this cultural and philosophical phenomenon within the parameters of philosophy.

## Methodology

This paper made thematic readings of the pre-identified essays of these four Filipino philosophy scholars, followed by a comparative and contrastive analyses. To make such comparative and contrastive analyses possible, this paper identified the following themes from each of the four writers and philosophers: 1) their definitions of postmodernism, 2) the aspects of postmodernism that they analyzed, 3) their discursive positioning, 4) their underpinning concerns, and 5) their general appraisals of postmodernism. The definitions of postmodernism were extracted from the essays of the said four philosophy scholars after thoroughly reading their selected publications.

---

<sup>1</sup> See Raniel Reyes, "Deleuze's Bergsonism: Multiplicity, Intuition, and the Virtual," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 10:2 (2016), 151-172. See also Raniel Reyes, "Deleuze contra Hegel: The Rupture of the Dialectics towards Non-Conceptual Differences," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:2 (2014), 118-138.

<sup>2</sup> See Roland Theuas Pada, "Eliciting a Sense of Normativity in Derrida through Honneth's Theory of Recognition," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 9:1 (2015), 14-27.

<sup>3</sup> See Darlene Demandante, "Lacanian Perspectives on Love," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 8:1 (2014), 102-118.

<sup>4</sup> See Tracy Ann Llanera, "Shattering Tradition: Rorty on Edification and Hermeneutics," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 5:1 (2011), 108-116.

<sup>5</sup> See Daryl Mendoza, "Commodity, Sign, and Spectacle: Retracing Baudrillard's Hyperreality," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 4:2 (2010), 45-59.

<sup>6</sup> See Rhoderick John Abellanosa, "Rorty's Philosophy of Education: Between Orthodoxy and Vulgar Relativism," in *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, 4:2 (2010), 87-104.

<sup>7</sup> See Erwhin Clarin and Jennie Vergara Jocson, "Fragmentation, Intertextuality, and Hyperreality: The Postmodern and Popular Filipino Films," in *Journal of Arts and Humanities*, 5:5 (2016): 37-50.

<sup>8</sup> See Antonio Contreras, "Investigating Postmodern Politics in the Philippines Using Reflexivity Theory," in *Philippine Political Science Journal*, 32:55 (2011), 73-102. See also Antonio Contreras, "Polity Beyond the State: 'Postmodernizing' Political Science in the Philippines," in *Philippine Political Science Journal*, 23:46 (2002): 49-82.

<sup>9</sup> See Jerry Yapó, "Pastiche as the Aesthetic of Postmodernism in Jessica Hagedorn's *Dogeaters*," in *The UPLB Journal*, 6:1 (2009), 27.

The aspects of postmodernism that were analyzed were determined using Georges de Schijver's conceptualization of postmodernism as composed of foundational and cultural aspects, with Demeterio's addition of theoretical aspect.<sup>10</sup> Foundational aspects are: 1) attitude towards science and technology, 2) attitude towards the nation-state, 3) organizational management, 4) economic mode, 5) attitude towards progress, and 6) state of industry.<sup>11</sup> Cultural aspects are: 1) the self, 2) attitude towards pleasure and consumption, and 3) art.<sup>12</sup> Theoretical aspect refers to discourse at the level of critique and philosophy.<sup>13</sup> By identifying which aspects of postmodernism were analyzed by the four Filipino philosophy scholars, the readers will be able to grasp how comprehensively these four tackled the said cultural and philosophical phenomena.

Discursive positioning in this paper simply means whether the specific philosophy scholar is philosophizing from a cosmopolitan point of view or from a more defined and specific local or Philippine context. As it is already expected that these four writers and philosophers had been philosophizing from mixed perspectives, this paper determined which point of view is more predominant for each of the four philosophy scholars. Discursive positioning in this paper pertains to the geographic point of view taken by the selected writers and philosophers, and has nothing to do with their epistemic positioning.

The underpinning concerns refer to the goals and intentions of each of these four philosophy scholars in tackling postmodernism in the first place. Lastly, the general appraisal of postmodernism refers to each of the four philosophy scholars' bottom line attitude towards postmodernism, whether they see it as something positive or negative, or beneficial or harmful and destructive to society and philosophy in general.

The methodology of this paper is visually represented in the following figure:

---

<sup>10</sup> Georges de Schrijver, "Postmodernity and Theology," in *Philippiniana Sacra*, 27 (1992), 439-440 and Feorillo Demeterio, "Our Premodernity and their Tokens of Postmodernity," in *Philosophia: International Journal of Philosophy*, 33 (2004), 201.

<sup>11</sup> De Schrijver, "Postmodernity and Theology," 439.

<sup>12</sup> *Ibid.*, 440.

<sup>13</sup> Demeterio, "Our Premodernity and their Tokens of Postmodernity," 201.




Figure 1: Visual Representation of the Paper's Methodology

To simplify the processes of comparative and contrastive readings, and make them less tedious and more efficient, tables will be used by the paper whenever applicable.

## Significance

The overall aim of this paper is to provide an initial assessment on how postmodernism has impacted the Philippines by looking into how Filipino philosophy, through its representative scholars, is coming to terms with this predominantly western phenomenon. There are already countless papers that talked about postmodernism; however, there are relatively few papers that were written about it by Filipino scholars; but a thorough check using Google Scholar has established that this is first paper to analyze how Filipino philosophy scholars are making sense of and engaging with this cultural and philosophical phenomenon.

## Romualdo Abulad on Postmodernism

As suggested in the preceding paragraphs, Aquinas' position on capital Abulad is a Missionary Brother of the Society of the Divine Word. He retired from De La Salle University as an associate professor of philosophy, transferred to the University of San Carlos, and upon his return to Manila started teaching as a professorial lecturer of philosophy at the University of Santo Tomas, while serving as the dean of the Christ the King Mission

Seminary. He specializes on the philosophy of Immanuel Kant and modern and contemporary continental philosophy. In 2004, Abulad published the essays "What is Postmodernism," "Kant and Postmodernism?," "Postmodern Critique and the Ethics of Postmodernism," "The Future of Ethics: a Postmodern View," and "God and Postmodernity."

Abulad's "What is Postmodernism?" is published in the book *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*, which he co-authored with Co. Being an expert in continental philosophy, Abulad explained postmodernism as a philosophical mind frame that emanates from Friedrich Nietzsche's radical deconstructive thoughts, in contradistinction to the modern philosophical mind frame that emanates from Rene Descartes' faith on the ego and methodic doubting. It is in this essay that Abulad presented his clearest definition of what postmodernism is. He claimed that postmodernism has a negative component: "the destructive act that makes everything presumptuous, which pulverizes any entity that tends to settle the mind, so that even the mind itself, the ego or consciousness, needs to be presupposed."<sup>14</sup> Yet, he added that postmodernism also has a positive component: "having so cleansed our mental slate, we are then open and free enough to do the more constructive work."<sup>15</sup> The negative and positive aspects of postmodernism open a possibility for a "thoroughly comprehensive consciousness, integral and holistic, global and dialogical, dynamic and evolutionary."<sup>16</sup> The essay is an effort of an expert on modern continental philosophy to grasp postmodernism and assure his modernist and even Scholastic readers that they should not be pessimistic with the impact of postmodernism on the contemporary intellectual landscape.

Abulad's "Kant and Postmodernism" is also published in the same book. The essay has two sections, one dealing with the philosophy of Kant while the other with postmodernism. The section on Kant explored the core of *Critique of Pure Reason*. Abulad wrote: "The Copernican Revolution that he (Kant) has effected in philosophy is not the type of revolution that bloats the ego and augments one's feeling of self-importance. His achievement is a solid cement to what sages of all ages and climes have been trying, oftentimes vainly, to tell us. He who thinks he knows does not know, and he who knows that he does not know knows."<sup>17</sup> The section on postmodernism does not actually talk about postmodernism in general.

---

<sup>14</sup> Romualdo E. Abulad, "What is Postmodernism?" in Romualdo E. Abulad and Alfredo P. Co, *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*, ed. by Romualdo E. Abulad (Manila: UST Publishing House, 2004), 33.

<sup>15</sup> *Ibid.*

<sup>16</sup> *Ibid.*

<sup>17</sup> Romualdo E. Abulad, "Kant and Postmodernism," in Abulad and Co, *Two Filipino Thomasian Philosophers on Postmodernism*, 52.

Instead, it argued how the critical spirit of Kant has influenced the deconstructive and nihilist ways of philosophizing of the postmodern period. Towards the tail end of the essay, Abulad admitted that the deconstructive and nihilist tendencies of postmodernism may not be appealing yet to many Filipinos.<sup>18</sup> But he enticed the Filipino philosophers with the foresight that beyond deconstruction and nihilism is a vast playing field where a stronger Filipino philosophy can be built. He said: "To a Filipino, this could be good news. It means that he is now at liberty to draw up his own architectonic, based on all he knows, while deeply aware of the scope of what he does not know."<sup>19</sup> Like the preceding essay, "Kant and Postmodernism" is also an effort of an expert in Kantian philosophy to grasp postmodernism and again assure his modernist and even Scholastic readers that postmodern philosophy is not a fatal threat to philosophy.

Abulad's "Postmodern Critique and the Ethics of Postmodernism" is published in the same book. The intention of this essay is to present "what makes for a critique that fits the postmodern times and how it could radically alter the ethical assumptions we have grown used to."<sup>20</sup> To achieve such intention, the paper had to grasp first what is meant by postmodern critique and then by postmodern ethics. In talking about postmodern critique, Abulad returned to his imagery of postmodernism as composed of a negative, or critical side, and positive, or constructive side that becomes possible after razing all the unfounded structures of modernism and the classical world.<sup>21</sup> Inspired by the ethical musings of Emmanuel Levinas, Abulad conceptualized postmodern ethics as "a formalistic ethics, an ethics without content, or else with a content which is not predetermined and so not determined from the very core of the individual who is fully conscious of his or her freedom and profound sensibility."<sup>22</sup> Writing during the times of the Second EDSA Revolution, Abulad could only hope that the Filipino people is actually moving away from the ruins of corrupt Machiavellian politics and towards the construction of new moral and ethical governance.<sup>23</sup> This essay appears to be an assurance to Abulad's modernist and even Scholastic readers that ethics and morality are still possible in the postmodern era.

Abulad's "The Future of Ethics: A Postmodern View" is published in the same book. This essay appears to build on the previous essay "Postmodern Critique and the Ethics of Postmodernism," in the sense that

---

<sup>18</sup> *Ibid.*, 55.

<sup>19</sup> *Ibid.*, 57.

